

PAUNANG SALITA

Naririto ang salin ng *Mga Pundasyon ng Leninismo* ni J. V. Stalin. Ang isinalin, kabilang ang *Tala ng Naglathala*, ay ang edisyong Ingles nito mula sa ika-11 edisyon ng *Mga Usapin ng Leninismo* na inilabas noong 1952 ng Foreign Languages Press ng Moscow.

Inililimbag ang saling ito bilang bahagi ng pagdiriwang ng Partido Komunista ng Pilipinas sa sentenyal ng Rebolusyong Oktubre ng 1917 na nagtatag ng unang sos-yalistang bayan sa buong daigdig, naghudyat ng ganap na pagkabangkarote ng pamumuno ng burgesya sa pagsulong ng lipunan at nagbandila sa uring manggagawa bilang natatanging uri sa kasaysayan na may kakaya-hang ihatid ang sangkatauhan sa lipunang walang uri at ganap na kasaganaan.

Bahagi ito ng kampanya sa sosyalistang edukasyon sa hanay ng mga manggagawa, magsasaka at intelihensya na humahalaw ng aral mula sa karanasan ng Rebolusyong Oktubre at Partidong Bolshevik, laluna kaugnay ng pagsusulong ng sosyalistang rebolusyon at konstruksyon para malinaw ang tanaw sa sosyalistang perspektiba ng rebolusyong Pilipino.

Bahagi ito ng kampanya sa kilusang pagwawasto ng lumitaw na mga kahinaan natin sa nakaraang mahigit isang dekada kung saan hindi nakaabante sa abanteng subyugto ang digmang bayan sa Pilipinas at nagkaroon ng mga disbalanse sa ating latag at gawain. Bahagi ito ng pagwawaksi natin sa mga kahinaang empirismo, konserbatismo, ekonomismo, repormismo, ligalismo, NGOismo, sektoralismo, burukratismo, sektarismo, ultra-demokrasya at iba pa. Maraming mahahalagang paglilinaw sa mga puntong ito ang mahahalaw mula sa artikulong ito ni J. V. Stalin na naglalahad ng maikling introduksyon sa Leninismo.

Sakali mang may mga puna at mungkahi kaugnay ng salin sa artikulong ito, at may mungkahing kasunod na ilimbag, maaaring ipaabot ito agad sa amin.

Pambansang Kagawaran ng Edukasyon
Marso 2017

J. V. Stalin

MGA PUNDASYON NG LENINISMO
Mga Lekturang Binigkas sa Sverdlov University

TALA NG NAGLIMBAG

Ang kasalukuyang edisyong Ingles ng *Problems of Leninism* [*Mga Usapin ng Leninismo*] ay umaayon sa ika-11 edisyong Ruso ng 1952. Ang salin sa Ingles hanggang sa pahina 766 (kabilang ang mahahalagang tala sa dulo ng libro) ay kinuha mula sa *Mga Akda ni Stalin*, Foreign Language Publishing House, Moscow, 1953-55, Tomo 6 at mga Tomo 8-13, habang ang iba pa ay kinuha sa edisyong 1953 ng *Mga Usapin ng Leninismo* mula sa parehong tagalimbag. Nagsagawa ng minor na mga pagbabago sa salin at mga tala.

Ang mga tinutukoy na tomo at pahina sa *Mga Akda* ni Lenin sa teksto ay mula sa ikatlong edisyong Ruso. Ang mga pagtukoy sa salin sa Ingles ay idinagdag, bilang mga talababa, ng kasalukuyang tagalimbag.

Note: as is ang table of contents

MGA P-UNDASYON NG LENINISMO¹

Mga lekturang binigkas sa Sverdlov University

Alay sa Lenin enrolment
J. STALIN

Ang mga pundasyon ng Leninismo ay isang malaking paksa. Para lubusin ito, kailangan ng isang buong libro. Mangyari pa, kailangan nito ang ilang tomo. Natural, kung gayon, ang mga lektura ko ay hindi magiging puspulang pagpapaliwanag ng Leninismo; sa pinakamainam, makapagbibigay lamang ang mga ito ng isang maikling buod ng mga pundasyon ng Leninismo. Gayunpaman, sa ganang akin, kapaki-pakinabang ang pag-lalahad ng buod na ito, para ilatag ang ilang batayang puntong pagsisimulan na kailangan para sa matagum-pay na pag-aaral ng Leninismo.

Ang pagpapaliwanag sa pundasyon ng Leninismo gayunman ay hindi rin nangangahulugan ng pagpapaliwanag sa batayan ng pananaw ni Lenin sa daigdig. Ang pananaw ni Lenin sa daigdig at ang mga pundasyon ng Leninismo ay hindi magkapareho ng saklaw. Si Lenin ay isang Marxista, at ang Marxismo, mangyari pa, ang batayan ng kanyang pananaw sa daigdig. Pero mula rito, hinding-hindi nangangahulugan na dapat magsimula ang pagpapaliwanag ng Leninismo sa pagpapaliwanag ng pundasyon ng Marxismo. Ang pagpapaliwanag sa Leninismo ay nangangahulugan ng pagpapaliwanag sa katangi-tangi at bago sa mga akda ni Lenin na iniambag ni Lenin sa pangkalahatang kabang-yaman ng Marxismo at natural na kakabit ng kanyang pangalan. Tanging sa pakahulugang ito ako magtatalakay sa aking mga lektura hinggil sa mga pundasyon ng Leninismo.

Ano, kung gayon, ang Leninismo?

May ilang nagsasabi na ang Leninismo ay ang paglalapat ng Marxismo sa mga kundisyon na katangi-tangi sa kalagayan ng Rusya. Naglalaman ang pakahulugan na ito ng butil ng katotohanan, pero hinding-hindi ng buong katotohanan. Totoong inilapat ni Lenin ang Marxismo sa kundisyon ng Rusya, at inilapat ito sa napakahusay na paraan. Pero kung ang Leninismo ay paglalapat lamang ng Marxismo sa kalagayan na katangi-tangi sa Rusya, ito'y magiging isang lantay na pambansa at pambansa lamang, isang purong Ruso at Ruso lamang, na kaganapan. Gayunman, alam natin na ang Leninismo ay hindi lamang Ruso kundi isang pandaigdigang kaganapan na nakaugat sa kabuuan ng kaunlarang pandaigdig. Ito ang dahilan kung bakit sa tingin ko'y makaisang-panig ang pakahulugang ito.

Sinasabi ng iba na ang Leninismo ay ang muling pagbuhay sa rebolusyonaryong elemento ng Marxismo ng dekada 40 ng ika-19 na siglo, kakaiba sa Marxismo ng sumunod na mga taon, nang diumano'y naging moderato at di rebolusyonaryo ito. Kung isasantabi natin ang hangal at bulgar na paghahating ito sa mga turo ni Marx sa dalawang bahagi, rebolusyonaryo at mode-rato, dapat nating aminin na kahit ang lubusang kapos at di kasiya-siyang pakahulugang ito ay naglalaman ng butil ng katotohanan. Ang butil ng katotohanang ito ay totoong ibinalik ni Lenin ang rebolusyonaryong nilala-man ng Marxismo na pinigil ng mga oportunistang Ikalawang Internasyunal. Gayunman, iyon ay butil lamang ng katotohanan.

Ang buong katotohanan hinggil sa Leninismo ay hindi lamang ipinanumbalik ng Leninismo ang Marxismo, kundi humakbang din pasulong, ibayong pinaunlad ang Marxismo sa mga bagong kalagayan ng kapitalismo at ng makauring pakikibaka ng proletaryado.

Ano, kung gayon, sa huling pagsusuri, ang Leninismo?

Ang Leninismo ay Marxismo sa panahon ng imperyalismo at ng proletaryong rebolusyon. Para mas eksak-to, ang Leninismo ay ang teorya at taktika ng proletaryong rebolusyon sa pangkalahatan, ang teorya at mga taktika ng diktadura ng proletaryado sa partikular. Isinulong nina Marx at Engels ang kanilang mga aktibidad sa mga taon bago ng rebolusyong panahon (ang proletaryong rebolusyon ang nasa isip natin), nang hindi pa umiiral ang husto-sa-gulang na imperyalismo, sa panahon ng paghahanda ng mga proletaryo para sa rebolusyon, sa panahon na hindi pa kagyat na praktikal na inebitabilidad ang proletaryong rebolusyon. Isinulong naman ni Lenin, ang disipulo nina Marx at Engels, ang kanyang mga aktibidad sa panahon ng husto-sa-gulang na imperyalismo, sa panahon ng pagbukadkad ng proletaryong rebolusyon, nang nagtagumpay na ang proletaryong rebolusyon sa isang bayan, dumurog sa burges na demokrasya at naghatid sa kapanahunan ng proletaryong demokrasya, sa kapanahunan ng mga Sobyet.

Iyon ang dahilan kung bakit ang Leninismo ay ang ibayong pag-unlad ng Marxismo.

Karaniwan nang tinutukoy ang di pangkaraniwang militanteng katangian at di pangkaraniwang rebolusyong katangian ng Leninismo. Ito ay lubos na totoo. Pero ang partikular na katangiang ito ng Leninismo ay dulot ng dalawang sanhi: una, sa katotohanan na lumitaw ang Leninismo mula sa proletaryong rebolusyon, at di maiiwasang taglayin nito ang tatak ng naturan; ikalawa, sa katotohanan na lumaki at lumakas ito sa pakikitunggali sa oportunidad ng Ikalawang Internasyunal, at ang pakikitunggali sa naturan ay naging at nananatiling esensyal na paunang kundisyon para sa matagumpay na pakikitunggali sa kapitalismo. Hindi dapat kalimutan na sa pagitan nina Marx at Engels, sa isang banda, at ni Lenin, sa kabila, mayroong isang buong panahon ng walang-hating pangingibabaw ng oportunidad ng Ikalawang Internasyunal, at ang malupit na pakikibaka sa oportunidad ng ito ay di maiiwasang bumuo ng isa sa pinakamahahalagang tungkulin ng Leninismo.

I. ISTORIKAL NA UGAT NG LENINISMO

Lumaki at nagkahugis ang Leninismo sa ilalim ng imperyalismo, nang umabot na sa kasukdulan ang mga kontradiksyon ng kapitalismo, nang naging kagyat at praktikal na usapin na ang proletaryong rebolusyon, nang ang panahon ng paghahanda ng uring manggagawa para sa rebolusyon ay lumitaw at tumuloy na sa isang bagong panahon, iyong panahon ng tuwirang pag-atake sa kapitalismo.

Tinawag ni Lenin ang imperyalismo bilang “naghi-hingalong kapitalismo.” Bakit? Dahil dinadala ng imperyalismo ang mga kontradiksyon ng kapitalismo sa huling hantungan ng mga ito, sa kasukdulan, na lampas dito ay nagsisimula ang rebolusyon. Sa mga kontradiksyong ito, tatlo ang dapat ituring na pinakamahalaga.

Ang *unang kontradiksyon* ay ang kontradiksyon sa pagitan ng paggawa at kapital. Ang imperyalismo ay ang kapangyarihan-sa-lahat ng mga monopolistang *trust* at *syndicate* [grupo ng mga kapitalista], ng mga bangko at oligarkiya sa pinansya, sa industriyal na mga bayan. Sa pakikibaka sa kapangyarihan-sa-lahat na ito, ang nakagawiang mga pamamaraan ng uring manggagawa – mga unyon sa paggawa at kooperatiba, mga parlamentaryong partido at parlamentaryong pakikibaka – ay napatunayang lubusang di nakasasapat. Ang pamimili sa pagitan ng paglalagay ng sarili sa awa ng kapital, magpakahirap para sa isang kahabag-habag

na pamumuhay tulad ng dati at lalong mabusabos, o ang gumamit ng isang bagong sandata – ito ang alternatiba na iniharap ng imperyalismo sa malawak na masa ng proletaryado. Itinutulak ng imperyalismo ang uring manggagawa sa rebolusyon.

Ang *ikalawang kontradiksyon* ay ang kontradiksyon sa hanay ng iba't ibang grupo sa pinansya at imperyalistang kapangyarihan sa paglalabanan ng mga ito para sa mapagkukunan ng hilaw na materyales, para sa dayuhang teritoryo. Ang imperyalismo ay ang pag-eksport ng kapital sa mga pinagkukunan ng hilaw na materyales, ang hibang na paglalabanan para sa monopolistang pag-angkin sa mga pinagkukunang ito, ang tunggalian para sa redibisyon ng dati nang napaghati-hatiang daigdig, isang tunggaliang may partikular na bangis na inilulunsad ng bagong mga grupo sa pinansya at kapangyarihan na naghahangad ng “pwesto sa ilalim ng araw” laban sa lumang mga grupo at kapangyarihan, na nangungunyapit sa mga naangkin nila. Mahalaga ang hibang na tunggaliang ito sa hanay ng iba't ibang grupo ng mga kapitalista dahil kabilang dito ang mga imperyalistang digmaan bilang isang di maiiwasang elemento, mga digmaan para sa pananakop ng dayuhang mga teritoryo. Ang sirkunstansya namang ito ay mahalaga dahil tumutungo ito sa mutwal na paghina ng mga imperyalista, sa paghina ng pusisyon ng kapitalismo sa pangkalahatan, sa pagbilis ng pagsambulat ng proletaryong rebolusyon at sa praktikal na pangangailangan ng rebolusyong ito.

Ang *ikatlong kontradiksyon* ay ang kontradiksyon sa pagitan ng sandakot na naghaharing “sibilisadong” bansa at ng daan-daang milyong ng mga kolonya at depen-dyenteng mamamayan ng daigdig. Ang imperyalismo ay ang pinakalantarang pagsasamantala at ang pinakadi-makataong pang-aapi sa daan-daang milyong mama-mayan na naninirahan sa malawak na mga kolonya at dependyenteng bayan. Layunin ng pagsasamantalang ito at ng pang-aaping ito na pumiga ng supertubo. Pero sa pagsasamantala sa mga bayang ito, naobligang imperyalismo na gumawa ng mga daang-bakal, pabrika at pagawaan, mga sentro ng industriya at komersyo. Ang paglitaw ng uri ng mga proletaryo, ang pagsulpot ng isang katutubong intelihensya, ang pagpukaw sa pambansang kamalayan, ang paglago ng kilusan sa pagpa-palaya – ang mga naturan ang di maiiwasang resulta ng “patakarang” ito. Ang paglago ng rebolusyong ki-lusan sa lahat ng kolonya at dependyenteng bayan nang walang pagtatangi ang malinaw na patunay sa katotohanang ito. Mahalaga ang sirkunstansyang ito para sa proletaryado sapagkat radikal na pinahihina nito ang pusisyon ng kapitalismo sa pamamagitan ng pagtatransporma sa mga kolonya at dependyenteng bayan mula pagiging reserba ng imperyalismo tungo sa pagiging reserba ng proletaryong rebolusyon.

Ang mga naturan, sa pangkalahatan, ang mga prinsipal na kontradiksyon ng imperyalismo na nagtransporma sa luma at “yumayabong” na kapitalismo tungong naghihingalong kapitalismo.

Ang kabuluhan ng imperyalistang digmaan na sumiklab sampung taon na ang nakararaan, bukod sa iba pang bagay, ay nakasalalay sa katotohanan na tinipon nito ang lahat ng kontradiksyong ito sa iisang bigkis at isinalang sa timbangan, at kung gayon, pinabilis at pinadali ang mga rebolusyong laban ng proletaryado.

Sa ibang salita, naging instrumental ang imperyalismo hindi lamang sa pagiging di maiiwasan sa praktika ang rebolusyon, kundi maging sa paglikha ng paborableng mga kundisyon para sa tuwirang atake sa mga muog ng kapitalismo.

Ganoon ang pandaigdigang sitwasyon na nagluwal sa Leninismo.

Maaaring sabihin ng ilan: Napakahusay ng lahat ng ito, pero ano ang kinalaman nito sa Rusya, na hindi at hindi maaaring maging klasikal na kalupaan ng imperyalismo? Ano ang kinalaman nito kay Lenin na pangunahing kumilos sa Rusya at para sa Rusya? Bakit Rusya, sa

lahat ng bayan, ang naging tahanan ng Leninismo, ang lugar ng kapanganakan ng teorya at taktika ng proletaryong rebolusyon?

Dahil ang Rusya ang pokus ng lahat ng kontradiksyong ito ng imperyalismo.

Dahil ang Rusya, higit sa alinmang bayan, ay nagbubuntis sa rebolusyon, at tanging siya lamang, kung gayon, ang nasa pusisyon para lutasin ang mga kontradiksyong ito sa isang rebolusyonaryong paraan.

Una sa lahat, ang tsaristang Rusya ang tahanan ng lahat ng klase ng pang-aapi – kapitalista, kolonyal, at militarista – sa pinakadi-makatao at barbarong anyo nito. Sinong hindi nakababatid na sa Rusya, magkasama ang kapangyarihan-sa-lahat ng kapital at despotismo ng tsarismo, ang pagkaagresibo ng nasyunalismong Ruso at papel ng tsarismo bilang berdugo kaugnay ng mamamayang di Ruso, ang pagsasamantala sa buu-buong rehiyon – Turkey, Persia, Tsina – at pag-agaw ng tsarismo sa mga rehiyong ito, ang mga digmang mapanakop? Tama si Lenin sa pagsabi na ang tsarismo ay “militar-pyudal na imperyalismo.” Ang tsarismo ay ang konsentrasyon ng pinakamasasahol na katangian ng imperyalismo na iniangat sa mataas na antas.

Magpatuloy tayo. Ang tsaristang Rusya ay isang mayor na reserba ng Kanluraning imperyalismo, hindi lamang sa pakahulugan na pinahihintulutan nito ang malayang pagpasok ng dayuhang kapital, na kumokontrol sa mga batayang sangay na iyon ng pambansang ekonomya ng Rusya gaya ng industriya ng panggatong at metalurhiya, kundi maging sa pakahulugan na kaya nitong suplayan ng milyun-milyong sundalo ang mga Kanluraning imperyalista. Alalahanin ang hukbong Ruso, 14 na milyong katao, na nagbuwis ng dugo sa mga larangang imperyalista para pangalagaan ang pagkalalaking tubo ng mga kapitalistang British at French.

Dagdag pa. Ang tsarismo ay hindi lamang tanod ng imperyalismo sa silangan ng Europa, bagkus, dagdag dito, ahente ito ng Kanluraning imperyalismo para sa pagpipiga ng daan-daang milyon mula sa populasyon sa pamamagitan ng interes sa mga pautang na nakuha sa Paris at London, Berlin at Brussels.

Panghuli, ang tsarismo ang pinakatapat na kaalyado ng Kanluraning imperyalismo sa paghahati sa Turkey, Persia, Tsina, atbp. Sino ang hindi nakababatid na inilunsad ng tsarismo ang imperyalistang digma sa pakikipag-alyansa kasama ang mga imperyalista ng Entente², at ang Rusya ay esensyal na elemento ng digmang iyon?

Iyon ang dahilan kung bakit nagsalikupan ang mga interes ng tsarismo at ng Kanluraning imperyalismo at sa huli’y nagsanib sa iisang bungkos ng mga imperyalistang interes.

Hahayaan na lamang ba ng Kanluraning imperyalismo ang pagkawala ng isang makapangyarihang katuwang sa Silangan at ng ganoon na lamang kayamang balon ng lakas-tauhan at rekurso na tulad ng luma, tsarista at burges na Rusya nang hindi ibinubuhos ang lahat ng lakas nito para maglunsad ng isang buhay-at-kamatayang paglaban sa rebolusyon ng Rusya, sa layunin ng pagtatanggol at pagpapanatili sa tsarismo? Mangyari pa’y hindi.

Pero mula rito, nangangahulugan na sinuman ang magnais birahin ang tsarismo ay di maiiwasang nag-aangat ng kanyang kamay laban sa imperyalismo, sinuman ang magbangon laban sa tsarismo ay kailangang magbangon din laban sa imperyalismo; sapagkat sinuman ang pursigidong ibagsak ang tsarismo ay kaila-ngang magbagsak din sa imperyalismo, kung tunay na nais niyang hindi lamang gapiin ang tsarismo, kundi wasakin ito nang tuluyan. Samakatwid, ang rebolusyon laban sa tsarismo ay bumibingit na at dapat tumuloy sa isang rebolusyon laban sa imperyalismo, sa isang proletaryong rebolusyon.

Samantala, nagbabangon sa Rusya ang isang napa-kalaking rebolusyong popular, sa pamumuno ng pinakarebolusyonaryong proletaryado sa daigdig, na nagtataglay ng ganoong kahalagang kaalyado gaya ng rebolusyonaryong uring magsasaka ng Rusya. Kailangan ba ng

patunay na ang naturang rebolusyon ay hindi makahihinto sa kalagitnaan, na kung makakamit ang tagumpay, tiyak na ibayong susulong at itataas ang bandila ng pag-aaklas laban sa imperyalismo?

Iyon ang dahilan kung bakit ang Rusya ay di maiiwasang maging pokus ng mga kontradiksyon ng imperyalismo, hindi lamang sa pakahulugan na sa Rusya pinakapayak na nasiwalat ang mga kontradiksyong ito, kaugnay ng talagang kasuklam-suklam at talagang di matatagalang katangian ng mga ito, at hindi lamang dahil isang napakahalagang suhay ng Kanluraning imperyalismo ang Rusya, na nag-uugnay ng Kanluraning kapital sa pinansya sa mga kolonya sa Silangan, kundi sa dahilan ding ang Rusya ang tanging bayan kung saan umiiral ang isang tunay na pwersa na may kakayahan na lutasin ang mga kontradiksyon ng imperyalismo sa isang rebolusyonaryong paraan.

Gayunman, nangangahulugan ito na ang rebolusyon sa Rusya ay di maiiwasan na maging isang proletaryong rebolusyon, na mula sa mismong umpisa nito, di maiiwasang magtaglay ito ng internasyunal na katangian, at kung gayon, di maiiwasan na yanigin nito ang pinakapundasyon ng pandaigdigang imperyalismo.

Sa ganitong mga kalagayan, maaari bang ikahon ng mga Komunistang Ruso ang kanilang gawain sa loob ng makitid na pambansang hangganan ng rebolusyong Ruso? Mangyari pa'y hindi. Kabaligtaran nito, itinulak sila ng buong sitwasyon, kapwa panloob (ang malalim na rebolusyonaryong krisis) at panlabas (ang digmaan), na lampasan ang mga hangganang ito sa kanilang gawain, na dalhin ang pakikibaka sa internasyunal na larangan, na ilantad ang mga ulser ng imperyalismo, na patuna-yan na di maiiwasan ang pagguho ng kapitalismo, na wasakin ang sosyal-sobinismo at sosyal-pasipismo, at panghuli, na ibagsak ang kapitalismo sa sarili nilang bayan at magpanday ng bagong sandatang panlaban para sa proletaryado – ang teorya at taktika ng proletaryong rebolusyon – nang sa gayon ay mapadali ang tungkuling ibagsak ang kapitalismo para sa mga proletaryo ng lahat ng bayan. Hindi rin makakikilos nang taliwas dito ang mga Komunistang Ruso; ito'y dahil tanging ang landas na ito ang nagbibigay ng pagkakataon na likhain ang ilang pagbabago sa sitwasyon sa daigdig na makapagtatanggol sa Rusya laban sa panunumbalik ng burges na kaayusan.

Iyon ang dahilan kung bakit ang Rusya ang naging tahanan ng Leninismo, at kung bakit si Lenin, ang pinuno ng mga Komunistang Ruso, ang naging tagapaglikha nito.

Humigit-kumulang, ang “nangyari” sa kaso ng Rusya at ni Lenin ay katulad rin ng nangyari sa kaso ng Germany at nina Marx at Engels noong dekada 40 ng nakaraang siglo [ika-19]. Ang Germany sa mga panahong iyon ay nagbubuntis ng burges na rebolusyon tulad din ng Rusya sa pagsisimula ng ika-20 siglo. Isinulat ni Marx sa panahong iyon sa *Manipestong Komunista* [*The Communist Manifesto*]:

“Itinutuon ng mga Komunista ang kanilang atensyon pa-ngunahin sa Germany, dahil ang bayang iyon ay nasa bisperas ng isang burges na rebolusyon na di maiiwasang isulong sa ilalim ng mas abanteng kundisyon ng sibilisasyong Europea-no, at nang may higit na maunlad na proletaryado kaysa niyong sa England noong ika-17, at sa France noong ika-18 siglo, at dahil ang burges na rebolusyon sa Germany ay di maiiwasang magiging pasakalye sa isang kagyat na kasunod na proletaryong rebolusyon.”³

Sa ibang salita, ang sentro ng rebolusyonaryong kilusan ay pumipihit tungong Germany.

Walang pag-aalinlangan na ang sirkunstansya mismong ito, na tinukoy ni Marx sa sinipi sa itaas, ang nagsilbi bilang malamang na dahilan kung bakit mismong Germany ang naging lugar ng kapanganakan ng syentipikong sosyalismo at kung bakit ang mga pinuno ng proletaryadong German, sina Marx at Engels, ang na-ging tagapaglikha nito.

Kawangis ang masasabi sa Rusya sa pagsisimula ng ika-20 siglo, kaya lamang, sa mas mataas pang antas. Ang Rusya noon ay nasa bisperas ng isang burges na rebolusyon;

kinailangan niyang isakatuparan ang rebolusyong ito sa panahong mas maunlad ang mga kundisyon sa Europa, at nang may proletaryado na mas maunlad kaysa niyong sa Germany noong dekada 40 ng ika-19 na siglo (laluna sa Britain at France); higit pa, ipinakita ng lahat ng ebidensya na di maiiwasang nagsilbi ang rebolusyong ito bilang pamukaw at bilang pasakalye ng proletaryong rebolusyon.

Hindi natin maaaring ituring na aksidental na noong 1902 pa lamang, nang ang rebolusyong Ruso ay nasa pinakamaagang yugto pa, isinulat ni Lenin ang propetikong mga salita sa kanyang polyeto na *Ano ang Nararapat Gawin? [What Is To Be Done?]*:

"Ihinaharap sa atin ngayon ng kasaysayan (ibig sabihin, ang mga Marxistang Ruso - *J. St.*) ang isang kagyat na tungkulin na *pinakarebolusyonaryo* sa lahat ng *kagyat* na tungkulin na kinakaharap ng proletaryado ng anumang bayan. Sa pagtupad sa tungkuling ito, sa pagwasak sa pinakamakapangyarihang balwarte, hindi lamang ng reaksyong Europeo, kundi pati na (masasabi na ngayon) reaksyong Asyatiko, ang proletaryadong Ruso ang magiging taliba ng internasyunal na rebolusyonaryong proletaryado." (Tingnan, Tomo IV, p. 382.)

Note: sa Footnotes ang ginagamit ang mas accessible na dokumento...1952 edition na published ng Peking 1973... Marx to Mao ph web hosting.com

Sa ibang salita, ang sentro ng rebolusyonaryong kilusan ay di maiiwasang pipihit tungong Rusya.

Tulad ng alam natin, ganap na pinatunayan ng takbo ng rebolusyon sa Rusya ang mga prediksyon ni Lenin.

Kagulat-gulat ba, matapos ang lahat ng ito, na ang isang bayan na nakakamit sa ganoong rebolusyon at nagtataglay ng ganoong proletaryado ang dapat maging lugar ng kapanganakan ng teorya at taktika ng proletaryong rebolusyon?

Kagulat-gulat ba na si Lenin, ang pinuno ng proletaryado ng Rusya, ang siya ring naging tagapaglikha ng teorya at mga taktikang ito, at siya ring naging pinuno ng proletaryado ng daigdig?

II. PAMAMARAAN

Nauna ko nang nabanggit na sa pagitan nina Marx at Engels, sa isang banda, at ni Lenin, sa kabila, mayroong isang buong panahon ng pangingibabaw ng oportunistang Ikalawang Internasyunal. Para maging mas eksakto, dapat kong idagdag na hindi ang pormal na pangingibabaw ng oportunistang Ikalawang Internasyunal ang nasa isip ko, kundi tanging ang aktwal nitong pangingibabaw. Ang Ikalawang Internasyunal ay pormal na pinamumunuan ng "tapat" na mga Marxista, ng mga "ortodoks" na mga Marxista - si Kautsky at iba pa. Gayunman, sa katunayan, tumatalima ang pangunahing gawain ng Ikalawang Internasyunal sa linya ng oportunistang Ikalawang Internasyunal. Iniayon ng mga oportunista ang sarili sa burgesya dahil sa kanilang mapang-angkop at petiburges na kalikasan; iniangkop naman ng "ortodoks" ang mga sarili sa mga oportunista para "mapanatili ang pakikipagkaisa" sa kanila, sa interes ng "kapayapaan sa loob ng partido." Samakatwid, nabuo ang kawing sa pagitan ng patakaran ng burgesya at ng patakaran ng "ortodoks," at bilang resulta, naghari ang oportunistang Ikalawang Internasyunal.

Ito ang panahon ng relatibong payapang pag-unlad ng kapitalismo, ang panahon bago ng digmaan, 'ika nga, nang hindi pa nagiging hayag na kapuna-puna ang mapaminsalang mga kontradiksyon ng imperyalismo, nang humigit-kumulang, "normal" pang umuunlad ang mga pang-ekonomyang welga at unyon ng mga manggagawa, nang naghatid ng "nakalululang" mga tagumpay ang mga kampanya sa eleksyon at parlamentaryong grupo, nang pinupuri sa kalangitan ang ligal na mga anyo ng pakikibaka, at nang inaakala na "mapapaslang" ang kapitalismo sa pamamagitan ng ligal na mga paraan - sa madaling sabi, nang marangya pang namumuhay ang mga partido ng Ikalawang Internasyunal at walang ingklynasyong seryosong

pag-isipan ang hinggil sa rebolusyon, hinggil sa diktadura ng proletaryado, hinggil sa rebolusyonaryong edukasyon ng masa.

Sa halip na isang integral na rebolusyonaryong teor-ya, nagkaroon ng magkakatanggaling teoretikal na prinsipyo at pira-piraso ng teorya na hiwalay sa aktwal na rebolusyonaryong pakikibaka ng masa at naging gasgas na mga dogma. Mangyari pa'y pakitang-taong binabanggit ang teorya ni Marx, ngunit para lamang nakawan ito ng buháy at rebolusyonaryong diwa.

Sa halip na rebolusyonaryong patakaran, nagkaroon ng malambot na pilistinismo⁴ at maruruming tawaran sa pulitika, parlamentaryong diplomasya at parlamentaryong pagpapakana. Mangyari pa, pakitang-taong nagpatibay ng "rebolusyonaryong" mga resolusyon at islogan, ngunit para lamang isantabi.

Sa halip na sanayin at turuan ng wastong mga rebolusyonaryong taktika ang partido sa batayan ng sarili nitong mga pagkakamali, nagkaroon ng arál na pag-iwas sa naggugumiit na mga usapin, na pinagtakpan at ikinubli. Mangyari pa, pakitang-taong walang pagtutol sa pagtalakay hinggil sa naggugumiit na mga usapin, ngunit para lamang tapusin sa isang tipo ng "elastikong" resolusyon.

Ganoon ang hitsura ng Ikalawang Internasyunal, ang pamamaraan ng pagkilos nito, ang arsenal nito.

Samantala, namiminto ang bagong panahon ng mga imperyalistang digmaan at ng rebolusyonaryong laban ng proletaryado. Ang lumang mga pamamaraan ng paglaban ay napatutunayang malinaw na di sapat at inutil sa harap ng kapangyarihan-sa-lahat ng kapital sa pinansya.

Kinailangang baguhin ang buong aktibidad ng Ikalawang Internasyunal, ang buong pamamaraan ng paggawa nito, at itakwil ang lahat ng pilistinismo, kakitiran ng pag-iisip, pampulitikang panlalansi, kataksilan, sosyal-sobinismo, at sosyal-pasipismo. Kinailangang suriin ang buong arsenal ng Ikalawang Internasyunal, ibasura ang lahat ng kinakalawang at lipas na, at magpanday ng bagong mga sandata. Kung wala ang paunang gawaing ito, walang saysay ang sumuong sa digma laban sa kapitalismo. Kung wala ang gawaing ito, sumusuong ang proletaryado sa panganib na malagay sa hinaharap na rebolusyonaryong labanan nang walang sapat na armas, o maging nang walang anumang armas.

Ang karangalan ng pagsasakatuparan ng ganitong pangkalahatang pagsasaayos at pangkalahatang paglilinis sa *Augean Stables*^[5] ng Ikalawang Internasyunal ay napunta sa Leninismo.

Ganoon ang mga kundisyong kinasilangan at kinapandayan ng pamamaraan ng Leninismo.

Anu-ano ang mga rekisito ng pamamaraan na ito?

Una, ang *pagsasalang* ng mga teoretikal na dogma ng Ikalawang Internasyunal sa matinding pagsusubok ng rebolusyonaryong pakikibaka ng masa, sa matinding pagsusubok ng buhay na praktika - ibig sabihin, ang panunumbalik ng naputol na pagkakaisa ng teorya at praktika, ang paghilom sa bitak sa pagitan ng mga ito; ito'y dahil tanging sa paraang ito malilikha ang isang tunay na proletaryong partido na armado ng rebolusyonaryong teorya.

Ikalawa, ang *pagsubok* sa patakaran ng mga partido ng Ikalawang Internasyunal, hindi sa pamamagitan ng kanilang mga islogan at resolusyon (na hindi mapagkakatiwalaan), kundi sa pamamagitan ng kanilang gawa, sa kanilang mga aksyon; ito'y dahil tanging sa paraang ito makakamit ang, at magiging karapat-dapat sa, pagtitiwala ng proletaryong masa.

Ikatlo, ang *reorganisasyon* ng lahat ng gawain ng Partido sa bagong mga rebolusyonaryong linya, na tumatanaw sa pagsasanay at paghahanda ng masa para sa rebolusyonaryong

pakikibaka; ito'y dahil tanging sa paraang ito maihahanda ang masa para sa proletaryong rebolusyon.

Ikaapat, *pagpuna-sa-sarili* sa loob ng mga proletaryong partido, ang edukasyon at pagsasanay ng mga ito sa batayan ng sariling mga pagkakamali; ito'y dahil tanging sa paraang ito masasanay ang tunay na mga kadre at tunay na mga lider ng Partido.

Ganoon ang batayan at nilalaman ng pamamaraan ng Leninismo.

Paano inilapat sa praktika ang pamamaraang ito?

Mayroong ilang teoretikal na dogma ang mga oportunistang Ikalawang Internasyunal na lagi nilang binabalikan bilang tuntungan. Talakayin natin ang ilan sa mga ito.

Unang dogma: kaugnay ng mga kundisyon para sa pag-agaw ng proletaryado sa kapangyarihan. Iginigiit ng mga oportunistang hindi kaya at hindi dapat agawin ng proletaryado ang kapangyarihan liban kung binubuo nito ang mayorya sa bayan. Walang mga katibayan na inihapag; ito'y dahil walang mga katibayan, teoretikal o praktikal man, na makapagpapatunay sa balighong tesis na ito. Ipagpalagay natin na ganito nga, tugon ni Lenin sa mga ginoo ng Ikalawang Internasyunal; pero ipagpalagay na lumitaw ang isang istorikong sitwasyon (isang digmaan, agraryong krisis, atbp.) kung saan ang proletaryado, na bumubuo sa minorya ng populasyon, ay may oportunidad na pakilusin sa pamumuno nito ang malawak na mayorya ng masang anakpawis; bakit hindi nito dapat agawin ang kapangyarihan sa gayon? Bakit hindi dapat samantalain ng proletaryado ang isang paborableng pandaigdigang at panloob na sitwasyon para butasin ang prente ng kapital at pabilisin ang pangkalahatang dulo ng labanan? Hindi ba't sinabi ni Marx noon pa mang dekada 50 ng nakaraang siglo [ika-19] na maaaring maging "napakainam" ng tatakbuhin ng proletaryong rebolusyon sa Germany kung magiging posible na suportahan ito, halimbawa, ng isang "ikalawang edisyon ng Digmang Magsasaka"?⁶ Hindi ba't karaniwang kaalaman na sa mga panahong iyon, ang bilang ng mga proletaryo sa Germany ay relatibong mas maliit kaysa, halimbawa, Rusya noong 1917? Hindi ba ipinakita ng praktikal na karanasan ng proletaryong rebolusyong Ruso na ang paboritong dogmang ito ng mga bayani ng Ikalawang Internasyunal ay hubad ng anumang kabuluhan para sa proletaryado? Hindi ba't malinaw na pinabubulaanan at dinudurog ng praktikal na karanasan ng rebolusyong pakikibaka ng masa ang ganitong lipas nang dogma?

Ikalawang dogma: Hindi makapananatili sa kapangyarihan ang proletaryado kung wala itong sapat na bilang ng sinanay na pangkultura at administratibong mga kadre na may kakayahang organisahin ang administrasyon ng bayan; dapat munang sanayin ang mga kadreng ito sa ilalim ng kapitalistang kundisyon, at matapos lamang nito maaaring agawin ang kapangyarihan. Ipagpalagay natin na ganito nga, tugon ni Lenin; pero bakit hindi baligtarin sa paraang ito: una, agawin ang kapangyarihan, likhain ang paborableng mga kundisyon para sa pag-unlad ng proletaryado, at pagkatapos, tumuloy nang may pitong-ligang pagsulong para itaas ang antas ng kultura ng masang anakpawis at magsanay ng maraming kadreng lider at administrador mula sa hanay ng mga manggagawa? Hindi ba ipinakikita ng karanasang Ruso na sandaang ulit na mas mabilis at epektibong unlad ang mga kadreng lider na narekluta mula sa hanay ng mga manggagawa sa ilalim ng paghahari ng proletaryado kaysa sa ilalim ng paghahari ng kapital? Hindi ba malinaw na walangawang dinudurog ng praktikal na karanasan ng rebolusyong pakikibaka ng masa ang teoretikal na dogma ring ito ng mga oportunistang?

Ikatlong dogma: Hindi katanggap-tanggap sa proletaryado ang pamamaraan ng *pampulitikang* pangkalahatang welga dahil wala itong batayan sa teorya (tingnan ang kritisismo ni Engels) at mapanganib sa praktika (maaari nitong ligaligin ang normal na takbo ng buhay pang-ekonomya ng bayan, maaaring sairin nito ang kabang-yaman ng mga unyon),

at hindi maaaring gawing pamalit sa mga parliamentaryong anyo ng pakikibaka, na siyang pangunahing anyo ng makauring pakikibaka ng proletaryado. Siya sige, tugon ng mga Leninista; pero, una, hindi pinuna ni Engels ang lahat ng klase ng pangkalahatang welga.

Tinuligsa lamang niya ang isang tipo ng pangkalahatang welga, iyon ay, ang pang-kalahatang pang-ekonomyang welga na itinataguyod ng mga Anarkista⁷ kapalit ng pampulitikang pakikibaka ng proletaryado. Ano ang kinalaman nito sa pamamaraan ng pampulitikang pangkalahatang welga? Ikalawa, saan napatunayan at sino ang nagpatunay kailanman na ang parliamentaryong anyo ng pakikibaka ang pangunahing anyo ng pakikibaka ng proletaryado? Hindi ba ipinapakita ng kasaysayan ng rebolusyonaryong kilusan na ang parliamentaryong pakikibaka ay isa lamang paaralan, at isang pantulong, para sa pag-oorganisa ng ekstra-parliamentaryong pakikibaka ng proletaryado, na sa ilalim ng kapitalismo, ang pundamental na mga suliranin ng kilusan ng uring manggagawa ay nilulutas sa pamamagitan ng dahas, sa pamamagitan ng tuwirang pakikibaka ng proletaryong masa, ng kanilang pangkalahatang welga, ng kanilang pag-aalsa? Ikatlo, sino ang nagsabi na dapat ipalit ang pamamaraan ng pampulitikang pangkalahatang welga para sa parliamentaryong pakikibaka? Saan at kailan hinangad ng mga tagasuporta ng pampulitikang pangkalahatang welga na ipalit ang ekstra-parliamentaryong anyo ng pakikibaka sa parliamentaryong anyo? Ikaapat, hindi ba ipinakita ng rebolusyon sa Rusya na isang napakahalagang paaralan ang pampulitikang pangkalahatang welga para sa proletaryong rebolusyon at isang di maisasantabing paraan ng pagpapakilos at pag-oorganisa sa malawak na masa ng proletaryado sa bisperas ng pagsugod sa mga moog ng kapitalismo? Ano ang dahilan sa gayon ng mga pilistinong pananaghoy hinggil sa pagkaligalig sa normal na takbo ng buhay pang-ekonomya at hinggil sa kabang-yaman ng mga unyon? Hindi ba malinaw na dinudurog din ng praktikal na karanasan ng rebolusyonaryong pakikibaka ang dogmang ito ng mga oportunistang?

At marami pang iba.

Iyon ang dahilan kung bakit sinabi ni Lenin na “ang rebolusyonaryong teorya ... ay hindi isang dogma,” na ito’y “nagkakaroon ng pinal na anyo sa pamamagitan lamang ng mahigpit na ugnayan sa praktikal na aktibidad ng isang tunay na pangmasa at tunay na rebolusyonaryong kilusan” (“*Kaliwang-Panig*” *Komunismo* [“*Left-Wing*” *Communism*]);⁸ ito’y dahil dapat paglingkuran ng teorya ang praktika, sapagkat “dapat sagutin ng teorya ang mga tanong na ibinabato ng praktika” (*Ano nga ba ang mga “Kaibigan ng Mamamayan”* [What the “*Friends of the People*” Are]),⁹ sapagkat dapat itong subukin sa pamamagitan ng praktikal na mga resulta.

Hinggil naman sa pampulitikang mga islogan at resolusyon ng mga partido ng Ikalawang Internasyunal, sapat nang balikan ang kasaysayan ng islogang “Digma laban sa digma” para mapagtanto kung gaano kahungkag at gaano kabulok ang mga pampulitikang praktika ng mga partidong ito, na gumagamit ng hambog na mga rebolusyonaryong islogan at resolusyon para tabingan ang kanilang anti-rebolusyonaryong mga gawi. Natatandaan nating lahat ang hambog na demonstrasyon ng Ikalawang Internasyunal sa Kongreso sa Basle,¹⁰ kung saan pinagbantaan nito ang mga imperyalista ng lahat ng lagim ng insureksyon kung magtatangka sila na magpasimula ng digmaan, at ng mapagbantang islogan na “Digma laban sa digma”. Pero sino ang hindi nakakaalala na makaraan ang ilang panahon, sa mismong bisperas ng digmaan, na isinantabi ang resolusyon sa Basle at binigyan ng bagong islogan ang mga manggagawa-patayin ang isa’t isa sa karangalan ng kanilang kapitalistang inang bayan? Hindi ba’t malinaw na kahit isang kusing ay walang halaga ang rebolusyonaryong mga islogan at resolusyon liban kung sinusupportahan ng gawa? Kailangan lamang itapat ang Leninistang patakaran ng pagtatransporma ng imperyalistang digmaan tungo sa digmaang sibil sa taksil na patakaran ng Ikalawang Internasyunal noong panahon ng digmaan para

maunawaan ang lubos na pagkabulok ng mga oportunistang pulitiko at ang ganap na kadakilaan ng pamamaraan ng Leninismo.

Hindi ko maiwasan na sipiin sa puntong ito ang isang pahayag mula sa libro ni Lenin na *Ang Proletaryong Rebolusyon at ang Taksil na si Kautsky* [*The Proletarian Revolution and the Renegade Kautsky*], kung saan mariing tinuligsa ni Lenin ang oportunistang pagtatangka ng lider ng Ikalawang Internasyunal, K. Kautsky, na husgahan ang mga partido hindi sa kanilang gawa, kundi sa kanilang hungkag na mga islogan at dokumento:

“Nagpapatupad si Kautsky ng isang tipikal na petiburges at pilistinong patakaran sa pamamagitan ng pagpapanggap ... na binabago ng *paglalabas ng isang islogan* ang pusisyon. Pinasisinungalingan ng buong kasaysayan ng burges na demokrasya ang ilusyong ito; ang mga burges demokrata ay lagi nang nagsulong at patuloy na nagsusulong ng lahat ng tipo ng ‘islogan’ para linlangin ang mamamayan. Ang punto ay subukin ang kanilang sinseridad, ikumpara ang kanilang salita sa kanilang mga gawa, hindi magpakasapat sa idealistiko o nagmamarunong na mga pahayag, bagkus ay tumungo sa makauring realidad.” (Tingnan, Tomo XXIII, p. 377.)

Hindi na kailangang banggitin pa ang takot ng mga partido ng Ikalawang Internasyunal sa pagpuna-sa-sarili, ang kanilang gawi ng pagtatakip sa kanilang mga pagkakamali, di pagpansin sa naggugumiit na mga usapin, pagtatakip sa kanilang mga pagkukulang sa pamamagitan ng mapanlinlang na pagpapakita ng kagalingan na nagpapapurool sa buhay na kaisipan at pumipigil sa Partido na makuha ang rebolusyonaryong pagsasanay mula sa sarili nitong mga pagkakamali – gawi na kinutya at hayagang hinamak ni Lenin. Ito ang isinulat ni Lenin hinggil sa pagpuna-sa-sarili sa mga proletaryong partido sa kanyang polyeto na *“Kaliwang-panig” na Komunismo* [*“Left-Wing” Communism*]:

“Ang aktitud ng isang pampulitikang partido sa sarili nitong mga pagkakamali ay isa sa pinakamahalaga at pinakasiguradong paraan ng paghuhusga kung gaano katapat ang partido at kung paano nito tinutupad sa praktika ang mga obligasyon nito sa uri nito at sa masang anakpawis. Ang tuwirang pag-amin sa pagkakamali, pagtukoy sa mga dahilan para dito, pagsusuri sa sirkunstansya na nagbigay daan dito, at puspusang pagtatalakay sa mga paraan ng pagwawasto dito – ito ang tanda ng isang seryosong partido; iyon ang paraan kung paano nito dapat gampanan ang mga tungkulin nito, iyon ang paraan na dapat nitong turuan at sanayin ang uri, at pagkatapos, ang masa.” (Tingnan, Tomo XXV, p. 200.)

Sinasabi ng iba na ang paglalantad sa sarili nitong mga pagkakamali at ang pagpuna-sa-sarili ay mapanganib para sa Partido dahil maaari itong gamitin ng kaaway laban sa partido ng proletaryado. Itinuring ni Lenin ang naturang mga pagtutol bilang walang halaga at ganap na mali. Ganito ang sinulat niya hinggil sa usaping ito noon pa mang 1904, sa kanyang polyeto na *Isang Hakbang Pasulong* [*One Step Forward*], nang mahina at maliit pa ang ating Partido:

“Natutuwa at ngumingisi sila (ibig sabihin, ang mga kalaban ng mga Marxista – *J. St.*) sa ating mga kontrobersya; at mangyari pa, tatangkain nilang kumuha ng hiwa-hiwalay na mga sipi mula sa aking polyeto na tumatalakay sa mga depekto at pagkukulang ng ating Partido, at gamitin ang mga ito para sa sarili nilang layunin. Ang Sosyal-Demokratang Ruso ay sapat nang napanday sa labanan para hindi maligalig ng mga pangungutyang ito at ipagpatuloy, sa kabila ng mga ito, ang kanilang gawain ng pagpuna-sa-sarili at puspusang paglalahad ng sarili nilang mga pagkukulang, na walang duda at di maiiwasan na mapangingibabawan sa paglaki ng kilusan ng uring manggagawa.” (Tingnan, Tomo VI, p. 161.)

Ganoon, sa pangkalahatan, ang mga mapagkikilanlang katangian ng pamamaraan ng Leninismo.

Ang mga nilaman ng pamamaraan ni Lenin ay pangunahing nilaman na sa mga turo ni Marx, na ayon kay Marx mismo, “mapanuri at rebolusyonaryo sa esensya.”¹¹ Ang mapanuri at rebolusyonaryong diwang ito mismo ang namamayani sa pamamaraan ni Lenin mula simula hanggang huli. Pero mali na ipagpalagay na simpleng restorasyon lamang ng pamamaraan ni Marx ang pamamaraan ni Lenin. Sa katunayan, ang pamamaraan ni Lenin ay hindi lamang restorasyon, kundi kongkretisasyon at ibayong pagpapaunlad din ng mapanuri at rebolusyonaryong pamamaraan ni Marx, ng kanyang materyalistang diyalektika.

III. TEORYA

Sa paksang ito, tatlong usapin ang tatalakayin ko:

- a) ang kahalagahan ng teorya para sa proletaryong kilusan;
- b) kritisismo sa “teorya” ng pagkaispantanyo;
- k) ang teorya ng proletaryong rebolusyon.

1) *Ang kahalagahan ng teorya.* Sa tingin ng ilan, ang Leninismo ay ang panggingibabaw ng praktika sa teorya sa pakahulugan na ang pangunahing punto nito ay ang pagsalin ng mga Marxistang tesis sa gawa, ang “pagpa-patupad” ng mga ito; kaugnay naman ng teorya, sinasabi na winawalang-bahala ng Leninismo ang bagay na ito. Alam natin na paulit-ulit na kinantyawin ni Plekha-nov si Lenin hinggil sa “pagwawalang-bahala” niya sa teorya, at laluna sa pilosopiya. Alam din natin na hin-di gaanong pinahahalagahan ang teorya ng maraming kasalukuyang praktikal na manggagawang Leninista, laluna sa harap ng napakaraming praktikal na gawain na ipinapataw sa kanila ng sitwasyon. Dapat kong ipahayag na ang labis na kakatwang opinyon hinggil kay Lenin at sa Leninismo ay maling-mali at malayung-malayo sa katotohanan; na ang pagtatangka ng praktikal na mga manggagawa na isantabi ang teorya ay bumabangga sa kabuuang diwa ng Leninismo at tigib ng malulubhang panganib sa gawain.

Ang teorya ay ang karanasan ng kilusan ng uring manggagawa sa lahat ng bayan kung titingnan sa pangka-lahatang aspeto nito. Mangyari pa, mawawalan ng saysay ang teorya kung hindi ito nakaugnay sa rebolusyonar-yong praktika, gaya ng pangangapa sa dilim ng praktika kung hindi natataglwan ng rebolusyonaryong teorya ang landas nito. Pero ang teorya ay maaaring maging isang napakalakas na pwersa sa kilusan ng uring mang-gagawa kung itatatag ito sa di malulusaw na ugnayan sa rebolusyonaryong praktika; ito ay dahil teorya, at teorya lamang, ang makapagbibigay ng kumpyansa sa kilusan, ng lakas ng oryentasyon at ng pang-unawa sa panloob na relasyon ng nakapalibot na mga kaganapan; iyon ay dahil ito, at ito lamang, ang makatutulong sa praktika na maunawaan hindi lamang kung paano at sa anong direksyon kumikilos ang mga uri sa kasalukuyang pa-nahon, kundi maging kung paano at sa anong direksyon kikilos ang mga ito sa nalalapit na hinaharap. Walang iba kundi si Lenin ang nagsabi at maraming beses inulit-ulit ang bantog na tesis na:

*“Kung walang rebolusyonaryong teorya, walang rebolusyonar-yong kilusan.”** (Tingnan, Tomo IV, p. 380.)⁽¹²⁾

Naunawaan ni Lenin, higit kaninuman, ang napakalaking kahalagahan ng teorya, partikular para sa isang partido tulad ng sa atin, kaugnay ng papel ng talibang mandirigma ng internasyunal na proletaryado na nala-gay sa kanyang mga kamay, at kaugnay ng kumplikadong panloob at pandaigdigang sitwasyon na kanyang kinalulugaran. Paunang natatanaw ang ganitong ispesyal na papel ng ating Partido noon pa mang 1902, itinuring niya na kinakailangan noon pa man na tukuyin na:

“Tanging isang partido na ginagabayan ng pinakasulong na teorya ang makagaganap sa papel ng talibang mandirigma.” (Tingnan, Tomo IV, p. 380.)

Hindi na kailangan pa ng patunay na ngayon, nang nagkatotoo na ang prediksyon ni Lenin hinggil sa papel ng ating Partido, ang tesis na ito ni Lenin ay nagkakaroon ng ispesyal na pwersa at ispesyal na kahalagahan.

Marahil, ang pinakatampok na ekspresyon ng ma-laking kahalagahan na ikinabit ni Lenin sa teorya ay ang katotohanan na walang iba kundi si Lenin mismo ang pumasan sa napakaseryosong tungkulin ng paghe-heneralisa, sa batayan ng materyalistang pilosopiya, sa pinakamahahalagang tagumpay ng syensya mula sa panahon ni Engels hanggang sa sarili

niyang pana-hon, gayundin ng pagpapailalim sa komprehensibong kritisismo ng anti-materyalistikong tunguhin sa hanay ng mga Marxista. Sinabi ni Engels hinggil sa materyalismo: “Sa bawat makasaysayang tuklas ... kailangan nitong magbago ng anyo....”¹³ Alam ng lahat na walang iba kundi si Lenin ang nagsakatuparan sa tungkuling ito para sa sarili niyang panahon sa kanyang tanyag na akda na *Materyalismo at Empiryo-Kritisismo* [*Materialism and Empirio-Criticism*]. Alam ng lahat na si Plekhanov, na gustung-gustong kanyawan si Lenin hinggil sa kanyang “pagwalang-bahala” sa pilosopiya, ay hindi man lang nangahas na gumawa ng seryosong tangka na gampanan ang naturang tungkulin.

2) *Kritisismo ng “teorya” ng pagkaispontanyo, o ang papel ng taliba sa kilusan.* Ang “teorya” ng pagkaispontanyo ay isang teorya ng oportunismo, isang teorya ng pagsamba sa pagkaispontanyo ng kilusang paggawa, isang teorya na aktwal na nagtatakwil sa namumunong papel ng taliba ng u-ring manggagawa, ng partido ng uring manggagawa.

Ang teorya ng pagsamba sa pagkaispontanyo ay sadyang tutol sa rebolusyonaryong katangian ng kilusan ng uring manggagawa; tutol ito sa pagtahak ng kilusan sa linya ng pakikibaka laban sa mga pundasyon ng kapitalismo; pabor ito sa pagsulong ng kilusang eksklusibo sa linya ng “makakamit” na mga kahingian, ng mga kahingian na “katanggap-tanggap” sa kapitalismo; ga-nap na pabor ito sa “linya ng pinakamahinang paglaban.” Ang teorya ng pagkaispontanyo ay ang ideolohiya ng unyonismo.

Ang teorya ng pagsamba sa pagkaispontanyo ay sadyang tutol sa pagbibigay ng isang mulat sa pulitika at planadong katangian sa ispontanyong kilusan. Tutol ito sa pagmartsa ng Partido sa unahan ng uring manggagawa, sa pag-aangat ng Partido sa masa sa antas ng kamulatan sa pulitika, sa pamumuno ng Partido sa kilusan; pabor ito sa hindi pagpigil ng mga elementong mulat sa pulitika sa pagtahak ng kilusan sa sarili nitong landas; pabor ito sa pagtugon lamang ng Partido sa ispontanyong kilusan at pagbuntot dito. Ang teorya ng pagkaispontanyo ay ang teorya ng pagmamaliit sa papel ng mulat na elemento sa kilusan, ang ideolohiya ng “khvostismo” [buntotismo], ang lohikal na batayan ng lahat ng oportunismo.

Sa praktika, itinulak ng teoryang ito, na lumitaw sa eksena bago pa man ang unang rebolusyon sa Rusya, ang mga tagasunod nito, ang tinaguriang mga “Ekonomista,” na itanggi ang pangangailangan para sa isang nagsasariling partido ng manggagawa sa Rusya, tutulan ang rebolusyonaryong pakikibaka ng uring manggagawa para ibagsak ang tsarismo, ipangaral sa kilusan ang isang patakarang lantay unyonista, at sa pangkalahatan, isuko ang kilusang paggawa sa hegemonya ng liberal burgesya.

Ang laban ng lumang *Iskra* [*Siklab*] at ang matalas na kritisismo sa teorya ng “khvostismo” sa polyeto ni Lenin na *Ano ang Nararapat Gawin?* [*What Is To Be Done?*] ay hindi lamang dumurog sa tinaguriang “Ekonomismo,” kundi lumikha rin ng teoretikal na mga pundasyon para sa tunay na rebolusyonaryong kilusan ng uring manggagawa sa Rusya.

Kung wala ang ganitong laban, lubusang walang saysay maging ang isipin ang paglikha ng nagsasariling partido ng manggagawa sa Rusya at ang paggampan nito ng namumunong papel sa rebolusyon.

Pero hindi purong kaganapan sa Rusya ang teorya ng pagsamba sa pagkaispontanyo. Laganap na laganap ito – totoo ngang sa medyo naiibang anyo – sa lahat ng partido ng Ikalawang Internasyunal nang walang pagtatangi. Nasa isip ko ang tinatawag na teorya ng “mga produktibong pwersa” na pinababa ng mga lider ng Ikalawang Internasyunal, na nagbibigay-katwiran sa lahat ng bagay at pinagkakasundo ang lahat, na nagtatala sa mga datos at nagpapaliwanag ng mga ito matapos magsawa at mapagod ang lahat sa mga ito, at matapos itala ang mga ito, nagpapakasapat na. Sinabi ni Marx na hindi maaaring ikahon ng materyalistang teorya ang sarili sa pagpapaliwanag sa daigdig, na dapat din nitong baguhin

ang daigdig.¹⁴ Pero winawalang-bahala ito nina Kautsky at mga kasamahan niya; mas pinipili pa nila ang magpakasapat sa unang bahagi ng pormula ni Marx.

Narito ang isa sa napakaraming halimbawa ng pag-lalapat sa “teoryang” ito. Sinasabi na bago ng imperyalistang digmaan, nagbanta ang mga partido ng Ikalawang Internasyunal na magdedeklara ng “digma laban sa digma” kung magpapasimula ng digma ang mga imperyalista. Sinasabi na sa mismong bisperas ng digmaan, isinantabi ng mga partidong ito ang islogang “Digma laban sa digma” at nagpatupad ng kabaligtaran niyon, ibig sabihin, “Digma para sa imperyalistang inang bayan.” Sinasabi na dulot ng pagpapalit na ito ng mga islogan, milyun-milyong manggagawa ang isinu-ong sa kanilang kamatayan. Pero maling isipin na may-roong ilang tao na dapat sisihin dahil dito, na may isang di tapat sa uring manggagawa o nagtaksil dito. Maling-mali! Nangyari ang lahat ayon sa dapat mangyari. Una, dahil ang Internasyunal, sa wari, ay “isang instrumento ng kapayapaan,” at hindi ng digma. Ikalawa, dahil, bu-nga ng “antas ng mga produktibong pwersa” na namamayani noon, wala nang ibang magagawa. Ang “mga produktibong pwersa” ang “dapat sisihin.” Iyon ang mismong paliwanag na ipinangako sa “atin” ng “teor-ya ng produktibong pwersa” ni Ginoong Kautsky. At sinumang hindi naniniwala sa “teoryang” iyon ay hindi Marxista. Ang papel ng mga Partido? Ang kahalagahan ng mga ito sa kilusan? Pero ano ba ang magagawa ng isang partido laban sa ganoon na lamang kamapagpas-yang salik gaya ng “antas ng produktibong pwersa”? ...

Makasisipi ng maraming katulad na mga halimbawa ng palsipikasyon sa Marxismo.

Hindi na kailangan pa ng patunay na ang ganitong palsipikadong “Marxismo,” na nakadiseno para itago ang pagkawalambisa ng oportunismo, ay isang simpleng Europeanong tipo ng teorya ring iyon ng “khvostismo” na nilabanan ni Lenin bago pa man ang unang rebolusyong Ruso.

Hindi na kailangan pa ng patunay na ang pagbuwag sa teoretikal na palsipikasyong ito ay isang paunang kundisyon sa paglikha ng tunay na mga rebolusyonar-yong partido sa Kanluran.

3) *Ang teorya ng proletaryong rebolusyon.* Ang teorya ni Lenin ng proletaryong rebolusyon ay nagmumula sa tatlong pundamental na tesis.

Unang tesis. Ang pangingibabaw ng kapital sa pinan-sya sa abanteng kapitalistang mga bayan; ang paglala-bas ng mga sapi at bono bilang isa sa mga pangunahing operasyon ng kapital sa pinansya; ang pag-eksport ng kapital sa mga pinagkukunan ng hilaw na materyales, na isa sa mga pundasyon ng imperyalismo; ang kapangyarihan-sa-lahat ng oligarkiya sa pinansya, na resulta ng pangingibabaw ng kapital sa pinansya – inilalantad ng lahat ng ito ang napakalinaw na parasitikong katangian ng monopolistang kapitalismo, ginagawang daang ulit na mas di mabata ang pabigat ng kapitalistang mga *trust* at *syndicate*, pinasisidhi ang galit ng uring manggagawa sa mga pundasyon ng kapitalismo, at inilalapit ang masa sa proletaryong rebolusyon bilang tangi nilang ka-ligtasan. (Tingnan ang Lenin, *Imperyalismo*.¹⁵)

Samakatwid ang unang kongklusyon: pagtindi ng rebolusyonaryong krisis sa loob ng kapitalistang mga bayan at paglago ng mga elemento ng isang pagsam-bulat sa panloob na proletaryong larangan sa “mga metropolis”

Ikalawang tesis: Ang paglaki ng eksport na kapital sa mga kolonya at dependyenteng bayan; ang paglawak ng mga “saklaw ng impluwensya” at kolonyal na pag-mamay-ari hanggang sa saklawin ng mga ito ang buong mundo; ang transpormasyon ng kapitalismo tungo sa isang *pandaigdigang sistema* ng pinansyal na pang-aalipin at kolonyal na pang-aapi ng sandakot na “abanteng ba-yan” sa malawak na mayorya ng populasyon ng daigdig – lahat ng ito, sa isang banda, ay nagtransporma sa hiwa-hiwalay na mga pambansang ekonomya at pamban-sang teritoryo tungo sa mga kawing sa iisang kadena na tinatawag na pandaigdigang ekonomya, at

sa kabilang banda, naghati sa populasyon ng mundo sa dalawang kampo: sandakot na “abanteng” kapitalistang bayan na nagsasamantala at nang-aapi sa malawak na mga kolonya at dependensya, at ang malaking mayorya na binubuo ng kolonyal at dependyenteng mga bayan na natutulak maglunsad ng pakikibaka para sa pagpapa-laya mula sa imperyalistang pang-aalipin. (Tingnan ang *Imperyalismo*.)

Samakatwid, ang ikalawang kongklusyon: pagtindi ng rebolusyonaryong krisis sa mga bayang kolonyal at paglago ng mga elemento ng pag-aaklas laban sa imperyalismo sa panlabas at kolonyal na larangan.

Ikatlong tesis: Ang monopolistikong pag-angkin sa mga “saklaw ng impluwensya” at kolonya; ang di pantay na pag-unlad ng mga kapitalistang bayan, na tumutungo sa isang labis na hibang na tunggalian para sa redibisyon ng daigdig sa pagitan ng mga bayan na nakapang-agaw na ng mga teritoryo at iyong naghahangad ng kanilang “parte”; mga imperyalistang digmaan bilang tanging paraan ng pagpapanumbalik sa nagulong “ekwilibriyo” – lahat ng ito’y humahantong sa pagtindi ng pakikibaka sa ikatlong larangan, ang inter-kapitalistang larangan, na nagpapahina sa imperyalismo at nagpapadali sa pag-sasanib ng unang dalawang larangan laban sa imperyalismo: ang prente ng rebolusyonaryong proletaryado at ang prente ng pagpapalaya sa kolonya. (Tingnan ang *Imperyalismo*.)

Samakatwid, ang ikatlong kongklusyon: na sa ilalim ng imperyalismo, hindi maiiwasan ang mga digmaan, at di maiiwasan ang koalisyon sa pagitan ng proletaryong rebolusyon sa Europa at ng rebolusyon sa kolonya sa Silangan sa isang nagkakaisang pandaigdigang prente ng rebolusyon laban sa pandaigdigang prente ng imperyalismo.

Pinagsama-sama ni Lenin ang lahat ng kongklusyon na “ang imperyalismo ang bisperas ng sosyalistang rebolusyon.”* (Tingnan, Tomo XIX, p. 71.)⁽¹⁶⁾

Ang mismong kaparaanan sa usapin ng proletaryong rebolusyon, ng katangian ng rebolusyon, ng saklaw nito, ng lalim nito, ng iskema ng rebolusyon sa pang-kalahatan, ay nagbabago ayon dito.

Dati-rati, ang pagsusuri sa mga paunang rekisito para sa proletaryong rebolusyon ay karaniwang nag-mumula sa punto-de-bista ng kalagayan sa ekonomya ng indibidwal na mga bayan. Ngayon, hindi na nakasasapat ang ganitong paraan. Ngayon, dapat tratuhin ang usapin mula sa pananaw ng kalagayan sa ekonomya ng lahat o mayorya ng bayan, mula sa pananaw ng kalagayan ng pandaigdigang ekonomya; ito ay dahil ang indibidwal na mga bayan at indibidwal na mga pambansang ekonomya ay huminto na sa pagiging yunit na nakasasapat-sa-sarili, naging mga kawing sa iisang kadena na tinatawag na pandaigdigang ekonomya; ito ay dahil ang lumang kapitalismong “may kultura” ay naging imperyalismo, at ang imperyalismo ay isang pandaigdigang sistema ng pinansyal na pang-aalipin at kolonyal na pang-aapi ng sandakot na “abanteng” bayan sa malawak na mayorya ng populasyon ng daigdig.

Dati-rati, katanggap-tanggap na magsalita hinggil sa pagkakaroon o kawalan ng obhetibong mga kundisyon para sa proletaryong rebolusyon sa indibidwal na mga bayan, o para mas eksakto, sa isa o iba pang maunlad na bayan. Ngayon, ang punto-de-bistang ito ay hindi na nakasasapat. Ngayon, dapat tayong mangusap hinggil sa pag-iral ng obhetibong mga kundisyon para sa rebolusyon sa kabuuang sistema ng pandaigdigang imperyalistang ekonomya bilang isang integral na kabuuan; ang pag-iral ng ilang bayan na hindi sapat na maunlad ang industriya sa loob ng sistemang ito ay hindi magsisilbing isang di malalampasang balakid sa rebolusyon, kung ang sistema sa kabuuan o, mas wasto, dahil ang sistema sa kabuuan ay hinog na para sa rebolusyon.

Dati-rati, katanggap-tanggap na mangusap hinggil sa proletaryong rebolusyon sa isa o iba pang maunlad na bayan bilang isang entidad na hiwalay at nakasasapat-sa-sarili na lumalaban sa isang hiwalay na pambansang prente ng kapital bilang katunggali nito. Ngayon, hindi na nakasasapat ang pananaw na ito. Ngayon, dapat tayong mangusap hinggil sa pandaigdigang proletar-yong rebolusyon; ito ay dahil ang hiwa-hiwalay na mga pambansang prente ng kapital ay naging mga kawing sa iisang kadena na tinatawag na pandaigdigang prente ng imperyalismo, na dapat labanan sa pamamagitan ng isang komun na prente ng rebolusyonaryong kilusan sa lahat ng bayan.

Dati-rati, itinuturing ang proletaryong rebolusyon na eksklusibo bilang resulta ng panloob na pag-unlad ng isang naturang bayan. Ngayon, hindi na nakasasapat ang pananaw na ito. Ngayon, dapat ituring ang proletaryong rebolusyon pangunahin bilang resulta ng pag-unlad ng mga kontradiksyon sa loob ng pandaigdigang sistema ng imperyalismo, bilang resulta ng pagkaka-lagot sa kadena ng pandaigdigang imperyalistang prente sa isa o iba pang bayan.

Saan magsisimula ang rebolusyon? Saan, sa anong bayan, unang mabubutas ang prente ng kapital?

Kung saan mas maunlad ang industriya, kung saan binubuo ng proletaryado ang mayorya, kung saan mas may kultura, kung saan mas malawak ang demokrasya – iyon ang dating karaniwang ibinibigay na tugon.

Hindi, tutol ng Leninistang teorya ng rebolusyon, *hindi kinakailangan kung saan mas maunlad ang industriya*, at iba pa. Mabubutas ang prente ng kapital kung saan pinakamahina ang kadena ng imperyalismo, sapagkat ang proletaryong rebolusyon ay resulta ng paglagot sa kadena ng pandaigdigang imperyalistang larangan sa pinakamahinang kawing nito; at maaaring mangyari na ang bayan na nakapagsimula ng rebolusyon, na nakabu-tas sa prente ng kapital, ay mas mababa ang kaunlaran sa kapitalistang pakahulugan kaysa ibang mas maunlad na mga bayan, na nanatili, magkagayunman, sa loob ng balangkas ng kapitalismo.

Noong 1917, napatunayang mas mahina ang kadena ng imperyalistang pandaigdigang larangan sa Rusya kaysa ibang bayan. Doon nalagot ang kadena at nagbigay ng daluyan para sa proletaryong rebolusyon. Bakit? Dahil nagaganap sa Rusya ang isang dakilang popular na rebolusyon, at sa unahan nito'y nagmamartsa ang re-bolusyonaryong proletaryado, na may ganoong kahalagang kaalyado tulad ng malawak na masa ng magsasaka, na inaapi at pinagsasamantalahan ng mga panginoong maylupa. Ito ay dahil ang rebolusyon doon ay nilaba-nan ng isang gayong kasuklam-suklam na kinatawan ng imperyalismo gaya ng tsarismo, na nawalan ng lahat ng prestihiyong moral at karapat-dapat na kinamuhian ng buong populasyon. Napatunayang mas mahina ang kadena sa Rusya, bagamat mas mababa ang kaunlaran ng Rusya sa kapitalistang pakahulugan kaysa, halimba-wa, France o Germany, Britain o Amerika.

Saan malalagot ang kadena sa nalalapit na hinaharap? Muli, kung saan ito pinakamahina. Hindi maaalis ang posibilidad na maaaring malagot ang kadena, halimbawa, sa India. Bakit? Dahil ang bayang iyon ay may bata, militante at rebolusyonaryong proletaryado, na may kaalyado na katulad ng kilusan para sa pam-bansang pagpapalaya – isang di maitatangging maka-pangyarihan at di maitatangging mahalagang kaalyado. Ito ay dahil nahaharap ang rebolusyon doon ng kilalang kalaban na gaya ng dayuhang imperyalismo, na walang karangalang moral at karapat-dapat na kinamumuhian ng lahat ng api at pinagsasamantalahan masa ng India.

Lubos na posible rin na malagot ang kadena sa Ger-many. Bakit? Dahil ang mga salik na gumagana, halim-bawa, sa India ay nagsisimula na ring gumana sa Ger-many, pero, mangyari pa, ang napakalaking kaibhan sa antas ng kaunlaran sa India at Germany ay di maiiwasang mag-iwan ng tatak nito sa pagsulong at kalalabasan ng isang rebolusyon sa Germany.

Iyon ang dahilan kung bakit sinabi ni Lenin:

“Lulubusin ng Kanlurang-Europeanong mga kapi-talistang bayan ang pag-unlad ng mga ito tungo sa sosyalis-mo ... hindi sa pamamagitan ng ibayong ‘paghinog’ ng sosya-lismo sa mga ito, kundi sa pamamagitan ng pagsasamantala ng ilang bayan sa iba, sa pamamagitan ng pagsasamantala sa una sa mga bayan na magagapi sa imperyalistang digmaan kasama ang pagsasamantala sa buong Silangan. Sa kabilang banda, dulot mismo ng unang imperyalistang digmaan, ang Silangan ay tiyak nang napaloob sa rebolusyonaryong kilusan, tiyak nang nahatak sa pangkalahatang unos ng pandaigdigang rebolusyonaryong kilusan.” (Tingnan, Tomo XXVII, pp. 415-16.)⁽¹⁷⁾

Sa maikling salita, dapat malagot ang kadena ng imperyalistang larangan, bilang kalakaran, kung saan mas mahihina ang mga kawing at anu’t anuman, hindi kinakailangan sa lugar kung saan mas maunlad ang kapitalismo, kung saan mayroong ganoo’t ganitong porsyento ng mga proletaryo at ganoo’t ganitong porsyento ng mga magsasaka, at iba pa.

Iyon ang dahilan kung bakit sa pagpapasya sa usapin ng proletaryong rebolusyon, ang istadistikong tantya sa porsyento ng proletaryong populasyon sa isang natu-rang bayan ay nawawalan ng katangi-tanging kahalaga-han na sabik na ikinakabit sa mga ito ng mga dogmatiko ng Ikalawang Internasyunal, na hindi nakauunawa sa imperyalismo at natatakot sa rebolusyon nang tulad sa salot.

Magpatuloy tayo. Iginiit ng mga bayani ng Ikalawang Internasyunal (at patuloy na iginigiit) na sa pagitan ng burges-demokratikong rebolusyon at ng pro-letaryong rebolusyon, mayroong isang gawak, o anu’t anuman, isang napakahabang pader, na naghihiwalay sa isa mula sa isa sa pamamagitan ng humigit-kumulang na mahabang panahon kung saan pinaunlad ng burgesya, matapos mapwesto sa kapangyarihan, ang kapitalismo, habang nag-iipon ng lakas ang proletarya-do at naghahanda para sa “mapagpasyang pakikitung-gali” laban sa kapitalismo. Ang patlang na ito ay kara-niwang tinatantyang sasaklaw sa maraming dekada, kung hindi man mas mahaba pa. Hindi na kailangan pa ng patunay na ang ganitong “teorya” ng Pader na Tsino ay lubusang walang syentipikong kahulugan sa ilalim ng mga kundisyon ng imperyalismo, na ito ay at maaari lamang maging isang pamamaraan ng pagtatago at pagkukubli sa kontra-rebolusyonaryong hangarin ng burgesya. Hindi na kailangan pa ng patunay na sa ilalim ng kundisyon ng imperyalismo, na tigib ng mga bangaan at digmaan; sa ilalim ng kundisyon ng “bisperas ng sosyalistang rebolusyon,” nang ang “yumayabong” na kapitalismo ay naging “naghihingalong” kapitalismo (*Lenin*) at lumalago ang rebolusyonaryong kilusan sa la-hat ng bayan ng daigdig; nang inaalyado ng imperyalismo ang lahat ng reaksyonaryong pwersa nang walang pagtatangi hanggang sa at kabilang ang tsarismo at pagkatimawa, at ginagawang di maiiwasan sa gayon ang koalisyong ng lahat ng rebolusyonaryong pwersa, mula sa proletaryong kilusan ng Kanluran, hanggang sa kilusan para sa pambansang pagpapalaya ng Silangan; nang naging imposible ang pagbabagsak sa mga labi ng rehimen ng pyudal na pagkatimawa nang walang rebolusyonaryong pakikibaka laban sa imperyalismo – hindi na kailangan pa ng patunay na ang burges-demokratikong rebolusyon, sa humigit-kumulang maunlad na bayan, sa ganoong mga sirkunstansya, ay dapat bumingit sa proletaryong rebolusyon, na dapat tumuloy ang nauna sa huli. Nagbigay ng malinaw na patunay ang kasay-sayan ng rebolusyon sa Rusya na wasto at di mapag-aalinlangan ang tesis na ito. Hindi inilarawan ni Lenin nang walang rason, noon pa mang 1905, sa bisperas ng unang rebolusyong Ruso, sa kanyang polyeto na *Dalawang Taktika* [*Two Tactics*] ang burges-demokratikong rebolusyon at ang sosyalistang rebolusyon bilang dalawang kawing sa iisang kadena, bilang iisa at integral na larawan ng pagdaluyong ng rebolusyong Ruso.

“Dapat isulong ng proletaryado hanggang sa kaganapan ang demokratikong rebolusyon, sa pamamagitan ng pakikipag-alyansa sa masa ng magsasaka para pwersahang durugin ang paglaban ng awtokrasya at paralisahin ang pag-uurong-sulong ng burgesya. Dapat isakatuparan ng proletaryado ang sosyalistang rebolusyon, sa pamamagitan ng pakikipag-alyansa sa

masa ng mala-proletar-yong mga elemento ng populasyon para pwersahang durugin ang paglaban ng burgesya at paralisahin ang pag-uurong-sulong ng uring magsasaka at ng petiburgesya. Ganoon ang mga tungkulin ng proletaryado, na laging makitid na inilalahad ng bagong mga Iskra-ista sa lahat ng kanilang argumento at resolusyon hinggil sa saklaw ng rebolusyon.” (Tingnan, Tomo VIII, p. 95.)

Hindi na kailangan banggitin pa ang ibang mas huling mga akda ni Lenin, kung saan higit na litaw ang ideya ng pagtuloy ng burges na rebolusyon sa proletaryong rebolusyon kaysa iyong sa *Dalawang Taktika* bilang isa sa mga panulukang-bato ng Leninistang teorya ng rebolusyon.

Sa paniniwala ng ilang kasama, mukhang narating ni Lenin ang ideyang ito noon lamang 1916, na hanggang sa panahong iyon kung gayon, iniisip niyang mananatili ang rebolusyon sa Rusya sa loob ng burges na balangkas, na ang kapangyarihan ay mapupunta mula sa kamay ng organo ng diktadura ng proletaryado at magsasaka tungo sa kamay ng burgesya at hindi ng proletaryado. Sinasabi na ang paggigiit na ito ay nakalusot pa nga sa ating Komunistang pahayagan. Tuwiran kong sinasabi na absolutong mali ang paggigiit na ito, na lubos itong hindi umaayon sa mga katotohanan.

Maaari kong sangguniin ang bantog na talumpati ni Lenin sa Ikatlong Kongreso ng Partido (1905), kung saan tinukoy niya ang diktadura ng proletaryado at uring magsasaka, ibig sabihin, ang tagumpay ng demokratikong rebolusyon, hindi bilang “pag-oorganisa ng ‘kaayusan’” kundi bilang “pag-oorganisa ng digma.” (Tingnan, Tomo VII, p. 264.)⁽¹⁸⁾

Dagdag pa, maaari kong sangguniin ang bantog na mga artikulo ni Lenin na *Hinggil sa Probisyunal na Gubyerno* [*On the Provisional Government*](1905),¹⁹ kung saan, sa pagbabalangkas sa mga hinaharap ng nagaga-nap na rebolusyong Ruso, iniaatang niya sa Partido ang tungkulin ng “pagtiyak na ang rebolusyong Ruso ay hindi isang kilusan ng ilang buwan, kundi kilusan ng maraming taon, na tutuloy ito, hindi lamang sa maliliit na konsesyon mula sa mga nakapangyayari, kundi sa lubos na pagbabagsak ng mga nakapangyayaring iyon”; kung saan, sa ibayong pagpapalawig sa mga prospek na ito at pagkakawing ng mga ito sa rebolusyon sa Europa, ipinagpatuloy niya:

“At kung magtagumpay tayo na isagawa iyon, sa gayon ... sa gayon lalaganap ang rebolusyonaryong lagablab sa buong Europa; magbabangon naman ang manggagawang Europeo, na nanlulupaypay sa ilalim ng burges na reaksyon, at ipapakita sa atin ‘kung paano ito gawin’; pagkatapos mu-ling dadaluyong pabalik sa Rusya ang rebolusyonaryong agos sa Europa tungo sa Rusya at babago sa panahon ng ilang rebolusyonaryong taon tungo sa isang panahon ng ilang rebolusyonaryong dekada....” (*Ibid.*, p. 191.)

Maaari ko pang patuloy na sangguniin ang bantog na artikulo ni Lenin na inilathala noong Nobyembre 1915, kung saan isinulat niya:

“Lumalaban ang proletaryado, at patuloy na magiting na lalaban, para maagaw ang kapangyarihan, para sa isang republika, para sa kumpiskasyon ng lupa,... para sa paglahok ng ‘di proletaryong masa ng mamamayan’ sa pagpapalaya sa burges na Rusya mula sa militar-pyudal na ‘imperyalismo’ (= tsarismo). At *agad*⁽²⁰⁾ na sasamantalain ng proletaryado ang pagpapalayang ito ng burges na Rusya mula sa tsarismo, mula sa kapangyarihang agraryo ng mga panginoong maylupa, hindi para tulungan ang mayayamang magsasaka sa kanilang pakikibaka laban sa manggagawang bukid, kundi para isulong ang sosyalistang rebolusyon sa pakikipag-alyansa sa mga proletaryo ng Europa.” (Tingnan, Tomo XVIII, p. 318.)⁽²⁰⁾

Panghuli, maaari kong sangguniin ang bantog na sipi sa polyeto ni Lenin na *Ang Proletaryong Rebolusyon at ang Taksil na si Kautsky* [*The Proletarian Revolution and the Renegade Kautsky*], kung saan, sa pagtukoy sa sipi sa itaas mula sa *Dalawang Taktika* [*Two Tactics*] hinggil sa hagod ng rebolusyong Ruso, nakarating siya sa sumusunod na kongklusyon:

“Naganap ang mga bagay gaya ng sinabi natin. Pinatunayan ng landas na tinahak ng rebolusyon ang kawastuan ng ating pangangatwiran. *Una*, kasama ang ‘kabuuan’ ng magsasaka laban sa monarkiya, laban sa mga panginoong maylupa, laban sa midyebal na rehimen (at sa saklaw na iyon nananatiling burges ang rebolusyon, burges-demokratiko). Pagkatapos, kasama ang uring maralitang magsasaka, kasama ang mga mala-proletaryo, kasama ang lahat ng pinagsasamantalahan, laban sa kapitalismo, kabilang ang mayayamang magsasaka, ang mga kulak, ang mga manghuhuthot, at sa antas na iyon, ang rebolusyon ay nagiging sosyalista.

Ang magtangka na magtayo ng artipisyal na Pader ng Tsina sa pagitan ng una at ikalawa, paghiwalayin ang mga ito sa pamamagitan ng anumang bagay liban sa antas ng kahandaan ng proletaryado at sa antas ng pagkakaisa nito sa mga maralitang magsasaka, ay mangangahulugan ng napakalaking pambabaluktot sa Marxismo, pagbulgarisa nito, paghalili rito ng liberalismo.” (Tingnan, Tomo XXIII, p. 391.)

Sa ganang akin ay sapat na iyon.

Bweno, maaaring sabihin sa atin: pero kung ganoon nga ang kaso, bakit tinunggali ni Lenin ang ideya ng “permanenteng (walang patlang) rebolusyon”?

Dahil ipinanukala ni Lenin na dapat “lubusin” ang rebolusyonaryong kapasidad ng uring magsasaka at gamitin nang husto ang kanilang rebolusyonaryong enerhiya para sa ganap na likidasyon ng tsarismo at para sa transisyon tungo sa proletaryong rebolusyon, samantalang hindi naman nauunawaan ng mga tagataguyod ng “permanenteng rebolusyon” ang mahalagang papel ng uring magsasaka sa rebolusyong Ruso, minaliit ang lakas ng rebolusyonaryong enerhiya ng magsasaka, minaliit ang lakas at abilidad ng proletaryadong Ruso na pamunuan ang uring magsasaka, at sa gayon, hinadlangan ang gawain ng pagpapalaya sa uring magsasaka mula sa impluwensya ng burgesy, ang gawain ng pagpapakilos sa magsasaka sa pamumuno ng proletaryado.

Dahil ipinanukala ni Lenin na dapat koronahan ang rebolusyon ng paglipat ng kapangyarihan sa proletaryado, samantalang nais ng mga tagataguyod ng “perma-nenteng” rebolusyon na agad magsimula sa pagtatatag ng kapangyarihan ng proletaryado, at bigong unawain na sa pagsasagawa niyon, ipinipinid nila ang kanilang mata sa isang naturang “maliit na detalye” gaya ng mga labi ng pagkatimawa at hindi isinasaalang-alang ang isang napakahalagang pwersa gaya ng uring magsasakang Ruso, bigong intindihin na makahahadlang lamang ang ganoong patakaran sa pagkabig sa uring magsasaka sa panig ng proletaryado.

Bunga nito, nilabanang ni Lenin ang mga tagataguyod ng “permanenteng” rebolusyon, hindi sa usapin ng kawalang patlang nito, sapagkat iginigiit mismo ni Lenin ang pananaw ng walang patlang na rebolusyon, kundi dahil minaliit nila ang papel ng uring magsasaka, na isang napakalaking reserba ng proletaryado, dahil bigo silang maintindihan ang ideya ng hegemonya ng proletaryado.

Hindi dapat ituring na bago ang ideya ng “perma-nenteng” rebolusyon. Una itong isinulong ni Marx sa pagtatapos ng dekada 40 sa kanyang bantog na *Talumpati sa Ligang Komunista [Address to the Communist League]* (1850). Mula sa dokumentong ito kinuha ng ating mga “permanentista” ang ideya ng walang patlang na rebolusyon. Dapat pansinin na sa pagsipi nito kay Marx, bahagyang binago ito ng ating mga “permanentista”, at sa pagbago dito, “sinira” ito at ginawang di angkop para sa praktikal na paggamit. Kinailangan ang makaranasang kamay ni Lenin para iwasto ang kamaliang ito, para kunin ang ideya ni Marx ng walangpatlang na rebolusyon sa dalisay na anyo nito at gawin itong panulukang-bato ng kanyang teorya ng rebolusyon.

Narito ang sinabi ni Marx sa kanyang *Talumpati [Address]* hinggil sa walang patlang (permanente) na rebolusyon, matapos isa-isahin ang ilang rebolusyonaryo-demokratikong kahingian na ipinanawagan niya sa mga Komunista na ipagwagi:

“Habang nais ng demokratikong petiburges na dalhin ang rebolusyon sa kongklusyon sa pinakamabilis na posible, at sa pagkakamit, sa pinakamainam, sa nabanggit na mga kahingian, ating interes at ating tungkulin na gawing permanente ang rebolusyon, hanggang humigit-kumulang lahat ng uring nagmamay-ari ay mapatalsik sa kanilang pusisyon ng pangingibabaw, hanggang maagaw ng proletaryado ang kapangyarihan pang-estado, at ang samahan ng mga proletaryo, hindi lamang sa isang bayan kundi sa lahat ng dominanteng bayan ng daigdig, ay ganoon na lamang nakasulong kung kaya nagwakas na ang kompetisyon sa hanay ng mga proletaryo ng mga bayang ito at sa pinakamayos, nakakonsentra na sa kamay ng mga proletaryo ang mapagpasyang mga produktibong pwersa.”²¹

Sa ibang salita:

a) Hindi kailanman ipinanukala ni Marx na *simulan* ang rebolusyon sa Germany noong dekada 50 sa kagyat na pagtatatag ng proletaryong kapangyarihan – *salungat* sa mga plano ng ating mga “permanentistang” Ruso.

b) Ang tanging ipinanukala ni Marx ay *dapat koronahan* ang rebolusyon ng pagtatatag ng proletaryong kapangyarihang pang-estado, sa pagbabagsak, nang hakbang-hakbang, sa isang seksyon ng burgesya nang magkasunud-sunod mula sa rurok ng kapangyarihan, nang sa gayon, matapos makamit ng proletaryado ang kapangyarihan, pag-alabin ang sulo ng rebolusyon sa bawat bayan – at lahat ng itinuro at isinagawa ni Lenin sa daloy ng ating rebolusyon alinsunod sa kanyang teorya ng proletaryong rebolusyon sa ilalim ng mga kundisyon ng imperyalismo ay *lubos na umaayon* sa panukalang iyon.

Nangangahulugan, kung gayon, na hindi lamang minaliit ng ating mga “permanentistang” Ruso ang papel ng uring magsasaka sa rebolusyong Ruso at ang kahalagahan ng ideya ng hegemonya ng proletaryado, bagkus ay binago (nang pasahol) ang ideya ni Marx ng “permanenteng” rebolusyon at ginawa itong di angkop para sa praktikal na gamit.

Iyon ang dahilan kung bakit kinutya ni Lenin ang teorya ng ating mga “permanentista,” tinatawag itong “orihinal” at “mabuti”, at inaakusahan sila na tumatangging “isipin kung bakit, sa loob ng buong sampung taon, nilampas-lampasan lamang ang mabuting teoryang ito.” (Isinulat ang artikulo ni Lenin noong 1915, sampung taon matapos ang paglitaw ng teorya ng mga “permanentista” sa Rusya. Tingnan, Tomo XVIII, p. 317.)⁽²²⁾

Iyon ang dahilan kung bakit itinuring ni Lenin ang teoryang ito bilang mala-Menshevik na teorya at sinabi na ito’y “nanghihiram ng kanilang panawagan mula sa mga Bolshevik para sa puspusang rebolusyonyong pakikibaka ng proletaryado at sa pag-agaw ng huli sa kapangyarihang pampulitika, at ng ‘pagtakwil’ sa papel ng uring magsasaka mula sa mga Menshevik.” (Tingnan, ang artikulo ni Lenin na *Dalawang Linya ng Rebolusyon [Two Lines of the Revolution]*, *Ibid.*)

Ito, kung gayon, ang pusisyon kaugnay ng ideya ni Lenin sa pagtutuloy ng burges-demokratikong rebolusyon tungo sa proletaryong rebolusyon, paggamit sa burges na rebolusyon para sa “kagyat” na transisyon sa proletaryong rebolusyon.

Magpatuloy tayo. Dati-rati, itinuturing na imposible ang tagumpay ng rebolusyon sa isang bayan, sa pag-aakala na kakailanganin ng pinagsama-samang pagkilos ng proletaryo ng lahat o mayorya man lamang ng abanteng mga bayan para makamit ang tagumpay laban sa burgesya. Ngayon, hindi na umaangkop sa katotohanan ang pananaw na ito. Ngayon, dapat tayong magpatuloy mula sa posibilidad ng naturang tagumpay; ito ay dahil ang di pantay at pabugsu-bugsong katangian ng pag-unlad ng iba’t ibang kapitalistang bayan sa kundisyon ng imperyalismo, ang pag-unlad ng mapanalantang kontradiksyon sa loob ng imperyalismo na tumutungo sa di maiiwasang mga digmaan, ang paglago ng mga rebolusyonyong kilusan sa lahat ng bayan sa daigdig – tumutungo ang lahat ng ito, hindi lamang sa posibilidad, kundi maging sa pangangailangan ng tagumpay ng proletaryado sa indibidwal na mga bayan. Ang kasaysayan ng rebolusyon sa Rusya ay tuwirang patunay nito. Gayunpaman, kasabay nito, dapat pakatandaan na matagumpay na maisasakatuparan ang pagbabagsak sa burgesya tanging kapag umiiral ang ilang kundisyong absolutong kinakailangan, na sa kawalan ng mga naturan, hinding-hindi magkakaroon ng usapin ng pag-agaw ng proletaryado sa kapangyarihan.

Narito ang sinabi ni Lenin hinggil sa mga kundisyong ito sa kanyang polyeto na “*Kaliwang-Panig*” na *Komunismo [“Left-Wing” Communism]*:

“Ang pundamental na batas ng rebolusyon, na pinatunayan ng lahat ng rebolusyon, at laluna ng lahat ng tatlong rebolusyong Ruso ng ika-20 siglo, ay ang sumusunod: Hindi sapat para sa rebolusyon na maunawaan ng

pinagsasamantalahan at aping masa ang imposibilidad na mamuhay sa da-ting paraan at maghangad ng mga pagbabago; esensyal para sa rebolusyon na hindi na makipamuhay at makapaghari ang mga mapagsamantala sa dating paraan. Tanging kapag *hindi na nais ng 'mga nakabababang uri'* ang dating paraan, at kapag *hindi na kaya ng 'mga nakatataas na uri'* na magpatuloy sa dating paraan – sa kalagayang iyon lamang magwawagi ang rebolusyon. Maaaring ilahad ang katotohanang ito sa ibang salita: *Imposible ang rebolusyon nang walang pambansang krisis (nakaapekto kapwa sa pinagsasamantalahan at nagsasamantala).** Nangangahulugan ito na para sa rebolusyon, esensyal na una, dapat mayorya ng manggagawa (o mayorya man lamang ng manggagawa na mulat-sa-uri, nagiisip at aktibo sa pulitika) ang lubos na nakauunawa na kinakailangan ang rebolusyon at maging handa na isakripisyo ang kanilang buhay para dito; ikalawa, dapat nagdaraan ang naghaharing uri sa isang krisis sa paggugubyrno, na humahatak maging sa pinakaatrasadong masa tungo sa pulitika,... nagpapahina sa gubyrno at ginagawang posible para sa mga rebolusyonaryo na mabilis na ibagsak ito.” (Tingnan, Tomo XXV, p. 222.)

Pero ang pagbagsak sa kapangyarihan ng burgesya at ang pagtatag sa kapangyarihan ng proletaryado sa isang bayan ay hindi pa nangangahulugan na tiyak na ang ganap na tagumpay ng sosyalismo. Matapos konsolidahin ang kapangyarihan nito at pamunuan ang uring magsasaka sa likod nito, kaya at dapat itatag ng proletaryado ng matagumpay na bayan ang isang sosyalistang lipunan. Pero nangangahulugan ba ito na makakamit na nito sa gayon ang ganap at ultimong tagumpay ng sosyalismo, ibig sabihin, nangangahulugan ba na magagawa ba sa pamamagitan ng mga pwersa ng iisang bayan lamang na pinal na konsolidahin at lubos na matiyak ang bayang iyon laban sa panghihimasok, at bunga nito, laban din sa panunumbalik [ng kapitalismo]? Hindi, hindi nangangahulugan ng ganito. Ito ay dahil para dito, kailangan ang tagumpay ng rebolusyon sa ilang bayan man lamang. Samakatwid, ang pag-unlad ng at pagsuporta sa rebolusyon sa ibang mga bayan ay isang esensyal na tungkulin ng matagumpay na rebolusyon. Samakatwid, hindi dapat ituring ng rebolusyon na matagumpay sa isang bayan ang sarili bilang entidad na nakasasapat-sa-sarili, kundi bilang isang tulong, bilang paraan para sa pagpapabilis sa tagumpay ng proletaryado sa iba pang bayan.

Maikli at malinaw na ipinahayag ni Lenin ang kaisipang ito nang sinabi niya na ang tungkulin ng matagumpay na rebolusyon ay gawin “ang lahat ng posible sa isang bayan *para* sa pag-unlad, pagsuporta at pagpukaw sa rebolusyon *sa lahat ng bayan.*” (Tingnan, Tomo XXIII, p. 385.)⁽²³⁾

Ito sa pangkalahatan, ang mapagkikilanlang katangian ng teorya ni Lenin hinggil sa proletaryong rebolusyon.

IV. ANG DIKTADURA NG PROLETARYADO

Mula sa temang ito, tatalakayin ko ang tatlong pundamental na usapin:

- a) ang diktadura ng proletaryado bilang instrumento ng proletaryong rebolusyon;
- b) ang diktadura ng proletaryado bilang paghahari ng proletaryado sa burgesya;
- k) ang kapangyarihang Sobyet bilang anyong pang-estado ng diktadura ng proletaryado.

1) *Ang diktadura ng proletaryado bilang instrumento ng proletaryong rebolusyon.* Ang usapin ng proletaryong diktadura, higit sa lahat, ay usapin ng pangunahing nilalaman ng proletaryong rebolusyon. Ang proletaryong rebolusyon, ang paggalaw nito, ang saklaw nito at ang mga tagumpay nito ay nagkakaroon ng dugo at laman sa pamamagitan lamang ng diktadura ng proletaryado. Ang diktadura ng proletaryado ay ang instrumento ng proletaryong rebolusyon, ang organo nito, ang pinakamahalagang sandigan nito, na iniluwal, una, para sa pagdurog ng paglaban ng ibinagsak na mga nagsasamantala at pagkonsolida sa mga tagumpay ng proletaryong rebolusyon, at ikalawa, para sa pagkumpleto sa proletaryong rebolusyon, pagsulong ng rebolusyon sa ganap na tagumpay ng sosyalismo. Magagapi ng rebolusyon ang

burgesy, maibabagsak ang kapangyarihan nito, kahit pa walang diktadura ng proletaryado. Ngunit hindi madudurog ng rebolusyon ang paglaban ng burgesy, hindi mapananatili ang tagumpay nito at makasusulong tungo sa ganap na tagumpay ng sosyalismo liban kung lilikha, sa isang takdang antas sa pag-unlad nito, ng ispesyal na organo sa anyo ng diktadura ng proletaryado bilang pangunahing sandigan nito.

“Ang pundamental na usapin ng bawat rebolusyon ay ang usapin ng kapangyarihan.” (*Lenin*) Ibig bang sabihin nito na ang tanging kailangan ay kunin ang kapangyarihan, agawin ito? Hindi, hindi nito ibig sabihin ang ganoon. Ang pag-agaw sa kapangyarihan ay simula pa lamang. Sa maraming dahilan, ang ibinagsak na burgesy sa isang bayan ay matagal na nananatiling mas malakas kaysa proletaryadong nagpabagsak dito. Samakatwid, ang buong punto ay panatilihin ang kapangyarihan, konsolidahin ito, gawin itong di magagapi. Ano ang kailangan para makamit ito? Para makamit ito, kailangang ipatupad sa pinakamenos ang tatlong pangunahing tungkulin na kinakaharap ng diktadura ng proletaryado “sa umaga” ng tagumpay:

a) durugin ang paglaban ng mga panginoong maylupa at kapitalista na ibinagsak at inekspropriasyon ng rebolusyon, sugpuin ang bawat pagtatangka sa kanilang bahagi na panumbalik ang kapangyarihan ng kapital;

b) organisahin ang konstruksyon sa paraan na napakikilos sa pamumuno ng proletaryado ang lahat ng masang anakpawis, at ipagpatuloy ang gawaing ito ayon sa mga linya ng paghahanda para sa eliminasyon at pagpawi sa mga uri;

k) armas ang rebolusyon, organisahin ang hukbo ng rebolusyon para sa pakikibaka sa mga dayuhang kaaway, sa pakikibaka sa imperyalismo.

Kailangan ang diktadura ng proletaryado para isagawa at ipatupad ang mga tungkuling ito.

“Ang transisyon mula kapitalismo tungong komunismo,” ani Lenin, “ay kumakatawan sa isang buong istorikong panahon. Hanggang magwakas ang panahong ito, di maiiwasang kinakandili ng mga nagsasamantala ang pag-asa ng panunumbalik, at ang *pag-asang ito* ay nagiging *mga pagtatangka* sa panunumbalik. At matapos ang kanilang unang seryosong pagkatalo, ibubuhos ng ibinagsak na mga nagsasamantala – na hindi inasahan ang kanilang pagbagsak, hindi kailanman naniwalang posible ito, hindi kailanman tinanggap ito sa isip – ang sarili, gamit ang pwersang sampung ulit na lumakas, nang daang ulit na mas matindi ang galit at pagkamuhi, sa labanan para mabawi ang ‘paraiso’ na ipinagkait sa kanila, sa ngalan ng kanilang mga pamilya, na dating nagtatamasa ng marangya at maalwang buhay at ngayon ay isinasadlak ng ‘karaniwang masa’ sa pagkawasak at destitusyon (o sa paggawang ‘komun’ ...). Sa likod ng mga kapitalistang nagsasamantala ay sumusunod ang malawak na masa ng petiburgesy, na pinatutunayan ng deka-dekadang istorikong karanasan ng lahat ng bayan na sila ay nag-uurong-sulong at nagpapatumpik-tumpik, nagmamartsa isang araw sa likod ng proletaryado at nahihintatakot sa susunod na araw sa mga kahirapan ng rebolusyon; na sila’y natataranta sa unang pagkatalo o bahagyang pagkatalo ng mga manggagawa, kinakabahan, nagpaparoo’t parito, humihikbi-hikbi, at nagpalipat-lipat ng kampo.” (Tingnan ang Tomo XXIII, p. 355.)⁽²⁴⁾

May mga tuntungan ang burgesy sa mga pagtatangka nito sa pagpapanumbalik, dahil sa mahabang panahon matapos itong ibagsak, nananatili itong mas malakas kaysa proletaryado na nagbagsak dito.

“Kung ang mga mapagsamantala ay nagapi sa isang bayan lamang,” sabi ni Lenin, “at ito, mangyari pa, ang karaniwang kaso, dahil bihirang eksepsyon ang magkakasabay na rebolusyon sa ilang bayan, *nananatili pa rin* silang *mas ma-lakas* kaysa pinagsasamantalahan.” (Ibid., p. 354.)

Saan nakasalalay ang lakas ng ibinagsak na burgesy?

Una, “sa lakas ng pandaigdigang kapital, sa lakas at tibay ng mga pandaigdigang koneksyon ng burgesy.” (Tingnan Tomo XXV, p. 173.)⁽²⁵⁾

Ikalawa, sa katotohanan na “sa mahabang panahon matapos ang rebolusyon, di maiiwasang napananatili ng mga nagsasamantala ang ilang malalaking praktikal na bentahe: mayroon pa rin silang salapi (imposibleng agad na mapawi ang salapi); ilang ari-ariang di pirmi – na kadalasa’y may kalakihan; mayroon pa rin silang iba’t ibang koneksyon, kasanayan sa organisasyon at pangangasiwa, kaalaman sa lahat ng ‘sikreto’ (kaugalian, pamamaraan,

kasangkapan at posibilidad) sa pangangasiwa, superyor na edukasyon, mahigpit na ugnayan sa mas mataas na tauhang teknikal (na nabubuhay at nag-iisip tulad ng burgesya), di hamak na mas malawak na karanasan sa sining ng pakikidigma (napakahalaga nito), at kung anu-ano pa." (Tingnan, Tomo XXIII, p. 354.)⁽²⁶⁾

Ikatlo, "sa *pwera ng nakagawian*, sa lakas ng *maliitang produksyon*. Ito ay dahil, sa kasawiang palad, nananatiling laganap na laganap sa mundo ang maliitang produksyon, at nagluluwal ang maliitang produksyon ng kapitalismo at burgesya nang tuluy-tuloy, araw-araw, ispontanyo, at sa malawakang saklaw"... dahil "hindi lamang nangangahulugan ang pagpawi sa mga uri ng pagpapalayas sa mga panginoong maylupa at kapitalista – na nagawa natin nang may kadalian – nangangahulugan din ito ng *pagbuwag sa maliit na prodyuser ng kalakal*, at hindi sila *maaring itaboy* o durugin; dapat tayong *makipamuhay nang matiwasay* sa kanila, at maaari at dapat silang panibagong-hubugin at iredukasyon sa pamamagitan lamang ng matagalan, mabagal, maingat na gawaing pag-organisa." (Tingnan, Tomo XXV, pp.173 at 189.)⁽²⁷⁾

Iyon ang dahilan kaya sinasabi ni Lenin na:

"Ang diktadura ng proletaryado ay pinakadeterminado at pinakamabangis na digmang inilunsad ng bagong uri laban sa *mas makapangyarihang* kaaway, ang burgesya, na lumakas nang sampung ulit ang paglaban dahil sa pagbabagsak dito, ..."

at:

"Ang diktadura ng proletaryado ay mahigpit na pakikitunggali – madugo at di madugo, marahas at mapayapa, militar at pang-ekonomya, pang-edukasyon at administratibo – sa mga pwera at tradisyon ng lumang lipunan." (*Ibid.*, pp.173 at 190.)

Hindi na kailangan ng patunay na wala ni katiting na posibilidad na magagawa ang mga tungkuling ito sa loob ng maikling panahon, at makakamit ang lahat ng ito sa loob ng ilang taon. Samakatwid, ang diktadura ng proletaryado, ang transisyon ng kapitalismo tungong komunismo, ay hindi dapat ituring bilang panandaliang panahon ng "super-rebolusyonaryong" mga gawain at dikreto, kundi bilang isang buong istorikong kapanahunan, puno ng mga digmaang sibil at panlabas na bang-gaan, ng mapagpunyaging gawaing pang-organisasyon at konstruksyon sa ekonomya, ng mga pagsulong at pag-atras, ng mga tagumpay at kabiguan. Kailangan ang istorikong panahon na ito hindi lamang para likhain ang mga prerekisito sa ekonomya at kultura para sa ganap na tagumpay ng sosyalismo, kundi para tulutan din ang proletaryado, una, na turuan ang sarili at mapanday bilang isang pwersang may kakayahang pangasiwaan ang bayan, at, ikalawa, na magredukasyon at panibagong-hubugin ang petiburges na saray alinsunod sa mga linyang iyon na magtitiyak sa organisasyon ng sosyalistang produksyon.

"Kailangan ninyong dumaan sa 15, 20, 50 taon ng mga digmaang sibil at mga pandaigdigang hidwaan," sabi ni Marx sa mga manggagawa "hindi lamang para baguhin ang umiiral na mga kalagayan, kundi para baguhin din ang inyong mga sarili at pandayin ang inyong mga sarili na magkaroon ng kakayahang hawakan ang pampulitikang kapangyarihan." (Tingnan, Marx at Engels, *Mga Akda [Works]*, Tomo VIII, p. 506.)⁽²⁸⁾

Ibayo pang ipinagpapatuloy at pinauunlad ang ideya ni Marx, sinulat ni Lenin:

"Kakailanganin sa ilalim ng diktadura ng proletaryado na magredukasyon ng milyun-milyong magsasaka at maliliit na **propetaryo**, daan-daang libo ng mga empleyado sa opisina, **upisyales** at intelektwal na burges, ipailalim silang lahat sa proletaryong estado at sa proletaryong pamumuno, pangibabawan ang kanilang burges na mga kaugalian at tradisyon," gaya ng kailangan din natin– sa matagalang pakikibaka na inilulunsad sa batayan ng diktadura ng proletaryado – na magredukasyon sa mga proletaryo mismo, na hindi iniwan ang kanilang petiburges na mga prehuwisyo sa isang iglap, sa pamamagitan ng milagro, sa pag-utos ng Birheng Maria, sa panawagan ng isang islogan, resolusyon o dikreto, bagkus, sa proseso lamang ng isang mahaba at mahirap na pakikibakang masa laban sa napakaraming impluwensyang petiburges." (Tingnan, Tomo XXV, pp. 248 at 247.)⁽²⁹⁾

p.60

2) *Ang diktadura ng proletaryado bilang paghahari ng proletaryado sa burgesya*. Batay sa nabanggit [sa itaas] kitang-kita na ang diktadura ng proletaryado ay hindi lamang isang pagbabago ng mga personalidad sa gubyrno, isang pagbabago sa "gabinete," atbp., na nagpapanatiling buo ang lumang kaayusang pang-ekonomya at pampulitika. Ang mga

Menshevik at oportunistang ng lahat ng bayan, na takot sa diktadura tulad sa apoy, at sa kanilang pagkatakot ay pinapalitan ng konsepto ng “pag-agaw ng kapangyarihan” ang konsepto ng diktadura, kadalasang pinakikitid ang “pag-agaw ng kapangyarihan” tungo sa pagpapalit ng “gabinete”, sa pag-akyat sa kapangyarihan ng bagong ministri na binubuo ng mga taong tulad nina Scheidemann at Noske, MacDonald at Henderson. Hindi na kailangang ipaliwanag pa na ang mga ito at katulad na mga pagbabago sa gabinete ay ibang-iba sa diktadura ng proletaryado, sa pag-agaw ng tunay na proletaryado sa tunay na kapangyarihan. Kapag mga Macdonald at Scheidemann ang nasa kapangyarihan, habang hinahayaang manatili ang lumang kaayusang burges, ang kanilang tinaguriang gubyerno ay walang iba kundi isang aparato na nagsisilbi sa burgesya, isang tabing para ikubli ang mga ulser ng imperyalismo, isang sandata sa kamay ng burgesya laban sa rebolusyonaryong kilusan ng masang inaapi at pinagsasamantalahan. Kailangan ng kapital ang ganoong mga gubyerno bilang tabing kapag nakikita nitong nakakasagabal, di mapagtutubuan at mahirap apihin at pagsamantalahan ang masa nang walang tulong ng isang tabing. Mangyari pa, ang pagsulpot ng ganoong mga gubyerno ay isang palatandaan na “doon sa kabila” (ibig sabihin, sa kampo ng kapitalista) hindi tahimik ang lahat sa “Pasong Shipka”;³⁰ gayunpaman, ang mga tipong ito ng gubyerno ay di maiiwasang nananatiling mga nakakubling gubyerno ng kapital. Ang gubyerno ng isang MacDonald o isang Scheidemann ay malayung-malayo sa pag-agaw ng proletaryado sa kapangyarihan na tulad ng langit sa lupa. Ang diktadura ng proletaryado ay hindi isang pagbabago ng gubyerno, bagkus ay isang bagong estado, na may bagong mga organo ng kapangyarihan, kapwa sentral at lokal; ito ang estado ng proletaryado, na nagmula sa guho ng lumang estado, ang estado ng burgesya.

Ang diktadura ng proletaryado ay nagmula hindi sa batayan ng burges na kaayusan, kundi sa proseso ng pagwawasak ng kaayusang ito, matapos ibagsak ang burgesya, sa proseso ng ekspropriyasyon sa mga pa-nginoong maylupa at kapitalista, sa proseso ng sosyalisasyon ng mga pangunahing instrumento at kagamitan sa produksyon, sa proseso ng marahas na proletaryong rebolusyon. Ang diktadura ng proletaryado ay isang rebolusyonaryong kapangyarihan na nakabatay sa paggamit ng dahas laban sa burgesya.

Ang estado ay isang makina sa kamay ng naghaharing uri para supilin ang paglaban ng mga makauring kaaway nito. *Sa ganang ito*, hindi esensyal na naiiba ang diktadura ng proletaryado sa diktadura ng alinmang iba pang uri; ito ay dahil ang proletaryong estado ay isang makina para supilin ang burgesya. Ngunit mayroong isang *substansyal* na pagkakaiba. Ang pagkakaibang ito ay nasa katotohanan na lahat ng makauring estado na umiiral hanggang ngayon ay mga diktadura ng nagsasamantalang minorya sa pinagsasamantalang mayorya, samantalang ang diktadura ng proletaryado ay diktadura ng pinagsasamantalang mayorya sa nagsasamantalang minorya.

Sa maikling salita, *ang diktadura ng proletaryado ay paghahari – hindi nahahanggahan ng batas at nakabatay sa dahas – ng proletaryado sa burgesya, isang paghahari na nagtatamasa ng simpatya at suporta ng masang anakpawis at pinagsasamantalahan.* (Lenin, *Estado at Rebolusyon.*)

Mula rito’y mayroong dalawang pangunahing kongklusyon:

Unang kongklusyon: Ang diktadura ng proletaryado ay hindi maaaring maging “kumpletong” demokrasya, demokrasya para sa *lahat*, para sa mayaman gayundin sa mahirap; ang diktadura ng proletaryado ay “dapat maging isang estado na demokratiko *sa isang bagong paraan* (*para** sa mga proletaryo at mga walang pag-aari sa pangkalahatan) at diktaduryal *sa isang bagong paraan* (*laban** sa burgesya).” (Tingnan, Tomo XXI, p. 393.)⁽³¹⁾ Ang pahayag ni Kautsky at mga kasapakat hinggil sa unibersal na pagkakapantay-pantay, hinggil sa “dalisay” na demokrasya, hinggil sa “perpektong” demokrasya at mga katulad na bagay, ay isang burges na pagkubli sa di mapasusubaliang katotohanang imposible ang pagkakapantay-

pantay ng pinagsasamantalahan at mga mapagsamantala. Ang teorya ng “dalisyay” na demokrasya ay teorya ng nakatataas na saray ng uring manggagawa, na napasok at sinusulsulan ng mga imperyalistang magnanakaw. Nilikha ito sa layuning itago ang mga ulser ng kapitalismo, ganyakan ang imperyalismo at bigyan ito ng moral na lakas sa pakikitunggali sa masang pinagsasamantalahan. Sa kapitalismo, walang tunay na “mga kalayaan” para sa pinagsasamantalahan, at hindi magkakaroon nito, kahit sa dahilan lamang na ang mga gusali, mga palimbagan, suplay ng papel atbp. na kailangang-kailangan para matamasa ang “mga kalayaan” ay pribilehiyo ng mga nagsasamantala. Sa kapitalismo, ang masang pinagsasamantalahan ay hindi, at hindi kailanman, tunay na nakalalahok sa paggugubyerno ng bayan, kahit sa dahilan lamang na kahit sa pinakademokratikong rehimen sa ilalim ng mga kalagayan ng kapitalismo, hindi ang mamamayan ang nagtatatag ng mga gubyerno kundi ang mga Rothschild at Stinnes, ang mga Rockefeller at Morgan. Ang demokrasya sa kapitalismo ay *kapitalistang* demokrasya, ang demokrasya ng nagsasamantalang minoritya, nakabatay sa restriksyon sa mga karapatan ng pinagsasamantalang majoritya at nakatuon laban sa majorityang ito. Tanging sa ilalim ng proletaryong diktadura posible ang tunay na mga kalayaan para sa pinagsasamantalahan at ang tunay na paglahok ng mga proletaryo at magsasaka sa paggugubyerno sa bayan. Sa diktadura ng proletaryado, ang demokrasya ay *proletaryong* demokrasya, demokrasya ng pinagsasamantalang majoritya, nakabatay sa restriksyon sa mga karapatan ng mapagsamantalang minoritya at nakatuon laban sa minorityang ito.

Ikalawang kongklusyon: Ang diktadura ng proletaryado ay hindi makauusbong bilang resulta ng mapayapang pag-unlad ng burges na lipunan at ng burges na demokrasya. Makalilitaw ito bilang resulta lamang ng pagdurog sa burges na makinarya ng estado, burges na hukbo, burges na burukratikong aparato, burges na pulisya.

“... Hindi maaaring simpleng hawakan lamang ng uring manggagawa ang yari nang makinarya ng estado, at gamitin ito sa kanyang sariling mga layunin,” sabi ni Marx at Engels sa Paunang Salita ng *Manipestong Komunista*. Ang tungkulin ng proletaryong rebolusyon ay “hindi na, tulad ng nauna, ilipat ang makinaryang burukratiko-militar sa isang kamay mula sa isa, bagkus ay durugin ito, at ito ang paunang kundisyon para sa bawat tunay na rebolusyong bayan sa kontinente,” sabi ni Marx sa kanyang sulat kay Kugelmann noong 1871.³²

Ang nagpapartikularisang pahayag ni Marx kaugnay ng kontinente ay nagbigay ng dahilan sa mga oportunistang at Menshevik ng lahat ng bayan para igiit na sa gayo’y tinanggap ni Marx ang posibilidad ng mapayapang ebolusyon ng burges na demokrasya tungo sa proletaryong demokrasya, sa pinakamayos, sa ilang bayan sa labas ng kontinenteng Europa (Britain, Amerika). Sa totoo’y tinanggap ni Marx ang posibilidad na iyon, at may mahusay siyang batayan para aminin ito kaugnay ng Britain at Amerika noong dekada 70 ng nakalipas na siglo [ika-19 na siglo], nang hindi pa umiiral ang monopolyong kapitalismo at imperyalismo, at nang ang mga bayang ito, dahil sa partikular na mga kundisyon ng kanilang pag-unlad, ay wala pang maunlad na militarismo at burukrasya. Iyon ang kalagayan bago lumitaw ang maunlad na imperyalismo. Ngunit paglaon, paglipas ng 30 o 40 taon, nang radikal na nagbago ang sitwasyon sa mga bayang ito, nang umunlad na ang imperyalismo at sinaklaw na ang lahat ng kapitalistang bayan nang walang pagtatangi, nang lumitaw na rin ang militarismo at burukrasya sa Britain at Amerika, nang naglaho na ang partikular na mga kundisyon para sa mapayapang pag-unlad sa Britain at Amerika – samakatwid ang mga kwalipikasyon kaugnay sa mga bayang ito ay natural na hindi na angkop.

“Ngayong 1917,” sabi ni Lenin, “sa kapanahunan ng unang malaking imperyalistang digmaan, hindi na balido ang kwalipikasyong ginawa ni Marx. Kapwa ang Britain at Amerika, ang pinakamalalaki at pinakahuling kinatawan – sa buong daigdig – ng *Anglo-Saxon* na ‘kalayaan’ sa pakahulugang walang militarismo at burukrasya sa mga ito, ay ganap nang nalubog sa marumi at madugong kumunoy ng burukratiko-militar na mga institusyon ng buong Europa na nagpapailalim sa

sarili ang lahat at tinatapak-tapakan ang lahat. Ngayon, maging sa Britain at Amerika, 'ang paunang kundisyon para sa bawat tunay na rebolusyong bayan' ay ang *pagdurog*, ang *pagwasak* sa 'yari nang makinarya ng estado' (na naperpekto sa mga bayang iyon, sa pagitan ng 1914 at 1917, sa pangkalahatang imperyalistang pamantayan ng Europa)." (Tingnan, Tomo XXI, p. 355.)⁽³³⁾

Sa ibang salita, ang batas ng marahas na proletaryong rebolusyon, ang batas ng pagdurog sa burges na makinarya ng estado bilang paunang kundisyon para sa ganoong rebolusyon, ay isang di maiiwasang batas ng rebolusyonaryong kilusan sa imperyalistang mga bayan ng mundo.

Mangyari pa, sa malayong hinaharap, kapag nagtagumpay ang proletaryado sa pangunahing mga kapitalistang bayan, at kapag pinalitan ng sosyalistang pagkubkob ang kasalukuyang kapitalistang pagkubkob, ganap na posible ang isang "mapayapang" landas ng pag-unlad para sa ilang kapitalistang bayan, na "boluntaryong" ituturing ng mga kapitalista, sa pagtanaw sa "di paborableng" pandaigdigang sitwasyon, na kapaki-pakinabang na gumawa ng substansyal na mga konsesyon sa proletaryado. Ngunit mailalapat lamang ang suposisyong ito sa malayo at posibleng hinaharap. Kaugnay ng kagyat na hinaharap, walang anumang batayan ang suposisyong ito.

Kung gayon, tama si Lenin sa pagsasabing:

"Imposible ang proletaryong rebolusyon kung wala ang pwersahang pagwasak sa burges na makinarya ng estado at ang pagpalit dito ng *isang bago*." (Tingnan, Tomo XXIII, p. 342.)⁽³⁴⁾

3) *Ang kapangyarihang Sobyet bilang anyo ng estado ng diktadura ng proletaryado*. Kinakatawan ng tagum-pay ng diktadura ng proletaryado ang pagsikil sa burgesya, pagdurog sa burges na makinarya ng estado, at ang paghalili ng proletaryong demokrasya sa burges na demokrasya. Malinaw iyon. Ngunit sa pamamagitan ng anu-anong organisasyon maisasakatuparan ang napakalaking gawaing ito? Ang lumang mga anyo ng organisasyon ng proletaryado, na lumago sa batayan ng burges na parlamentarismo, ay hindi sasapat para sa ganitong gawain - walang kaduda-duda sa bagay na iyan. Kung gayon, anu-ano ang bagong mga anyo ng organisasyon ng proletaryado na may kakayahang magsilbi bilang tagahukay ng libingan ng burges na makinarya ng estado, na may kakayahan, hindi lamang na durugin ang makinaryang ito, hindi lamang na ihalili ng proletaryong demokrasya sa burges na demokrasya, kundi maging pundasyon din ng proletaryong kapangyarihan ng estado?

Ang bagong anyong ito ng organisasyon ng proletaryado ay ang mga Sobyet.

Saan nakasalalay ang lakas ng mga Sobyet kumpara sa lumang mga anyo ng organisasyon?

Dahil ang mga Sobyet ang *pinakamasasaklaw* na mga organisasyong masa ng proletaryado, dahil ang mga ito at ang mga ito lamang ang sumasaklaw sa lahat ng manggagawa nang walang pagtatangi.

Dahil ang mga Sobyet ang *tanging* mga organisasyong masa na nagbubuklod sa lahat ng inaapi at pinagsasamantalahan, mga manggagawa at magsasaka, mga sundalo at marino, at kung saan, sa dahilang ito, pinakamabilis at pinakaganap na maisasakatuparan ng taliba ng masa, ang proletaryado, ang kanyang pampulitikang pamumuno sa pakikibakang masa.

Dahil ang mga Sobyet ang *pinakamakapangyarihang mga organo* ng rebolusyonaryong pakikibaka ng masa, ng mga pampulitikang pagkilos ng masa, ng pag-aalsa ng masa - mga organong may kakayahang wasakin ang kapangyarihan-sa-lahat ng kapital sa pinansya at ang mga pampulitikang galamay nito.

Dahil ang mga Sobyet ay ang *kagyat* na mga organisasyon ng masa mismo, ibig sabihin, ang mga ito ang *pinakademokratiko* at samakatwid ang pinakaawtoritatibong mga organisasyon ng masa, na lubos na nagpapabilis sa kanilang paglahok sa gawain ng pagtatatag ng bagong estado at sa administrasyon nito, at lubos na nagpapalarga sa rebolusyonaryong sigla, inisyatiba at mga malikhaing kakayahan ng masa sa pakikibaka para wasakin ang lumang kaayusan, sa pakikibaka para sa bago, proletaryong kaayusan.

Ang kapangyarihang Sobyet ay ang pagkakaisa at pagbubuo ng lokal na mga Sobyet tungo sa isang komun na organisasyon ng estado, sa organisasyon ng estado ng proletaryado bilang taliba ng masang inaapi at pinagsasamantalahan at bilang naghaharing uri – ang kanilang pagkakaisa sa Republika ng mga Sobyet.

Ang esensya ng kapangyarihan ng Sobyet ay nasa katotohanan na ang pinakamasaklaw at pinakarebolusyong mga organisasyong masa na ito ng mismong mga uri na inaapi ng mga kapitalista at panginoong maylupa ay ang kasalukuyang “*permanente at natatanging* batayan ng buong kapangyarihan ng estado, ng buong aparato ng estado”; na “ngayon, ang mismong masa, na maging sa pinakademokratikong mga burges na republika,” habang pantay sa batas, “sa katotohanan, ay hinahadlangan ng libu-libong panlalansi at pakana upang makalahok sa pampulitikang buhay at magtamasa ng demokratikong mga karapatan at kalayaan, ay walang palyang nahahatak sa *palagian* at, higit pa, *mapagpasyang* paglahok sa demokratikong administrasyon ng estado”* (Tingnan, Lenin, Tomo XXIV, p.13.)⁽³⁵⁾

Iyan ang dahilan kung bakit ang kapangyarihang Sobyet ay isang *bagong anyo* ng organisasyon ng estado na kaiba sa prinsipyo ng lumang burges-demokratiko at parlamentaryong anyo, isang *bagong tipo* ng estado, nakaayon hindi sa tungkulin na apihin at pagsamantalahan ang masang anakpawis, kundi sa tungkulin na ganap na palayain sila mula sa lahat ng pang-aapi at pagsasamantala, sa mga tungkuling kinakaharap ng diktadura ng proletaryado.

Tama si Lenin sa pagsasabi na sa paglitaw ng kapangyarihang Sobyet, “nagwawakas ang panahon ng burges-demokratikong parlamentarismo at nagsisimula ang isang bagong kabanata sa kasaysayan ng mundo – ang panahon ng proletaryong diktadura.”

Saan nakasalalay ang mga mapagkikilanlang katangian ng kapangyarihang Sobyet?

Iyon ay nasa kalagayang ang kapangyarihang Sobyet ang pinakamasaklaw at pinakademokratikong organisasyon ng estado sa lahat ng posibleng organisasyon ng estado habang patuloy na umiiral ang mga uri; ito ay dahil, sa pagiging larangan ng ugnayan at kolaborasyon ng mga manggagawa at pinagsasamantalang magsasaka sa kanilang pakikibaka laban sa mga nagsasamantala, at ibinabatay ang sarili sa gawain nito sa ugnayan at kolaborasyong ito, ang kapangyarihang Sobyet, kung gayon, ay ang kapangyarihan ng mayorya ng populasyon laban sa minoritya, ito ang estado ng mayorya, ang ekspresyon ng diktadura nito.

Iyon ay nasa kalagayang ang kapangyarihang Sobyet ang pinakainternasyunalista sa lahat ng organisasyon ng estado sa makauring lipunan; ito ay dahil, sa pamamagitan ng pagwasak sa lahat ng tipo ng pambansang pang-aapi at pagsalalay sa kolaborasyon ng masang anakpawis ng iba’t ibang nasyunalidad, pinadudulas nito ang pagbubuklod ng masang ito sa iisang unyon ng estado.

Iyon ay nasa kalagayang ang kapangyarihang Sobyet, sa mismong istruktura nito, ang nagpapadulas sa tungkuling pamunuan ang inaapi at pinagsasamantalang masa sa pamamagitan ng taliba ng masang ito – ng proletaryado, bilang pinakanagkakaisa at pinakamulat sa pulitika na bag-as ng mga Sobyet.

“Itinuturo sa atin ng karanasan ng lahat ng rebolusyon at ng lahat ng kilusan ng inaaping uri, ng karanasan ng pandaigdigang sosyalistang kilusan,” sabi ni Lenin, “na tanging ang proletaryado ang may kakayahang pagkaisahin at pamunuan ang hiwa-hiwalay at atrasadong saray ng naghihirap at pinagsasamantalang populasyon.” (Tingnan, Tomo XXIV, p. 14.)⁽³⁶⁾ Ang punto ay pinadudulas ng istruktura ng kapangyarihan ng Sobyet ang praktikal na aplikasyon ng mga aral na hinalaw mula sa karanasang ito.

Iyon ay nasa kalagayang ang kapangyarihang Sobyet ang nagtuturo sa kanila kung paano pangasiwaan ang bayan, sa pamamagitan ng pagkukumbina ng kapangyarihang lehislatibo at

ehekutibo sa iisang organisasyon ng estado at paghahalili ng mga yunit industriyal, pabrika at pagawaan sa mga elektoral na teritoryo, at sa gayon ay tuwirang ikinakawing ang manggagawa at masang anakpawis sa pangkalahatan sa aparato ng administrasyon ng estado.

Iyon ay nasa kalagayang tanging ang kapangyarihang Sobyet ang may kakayahang palayain ang hukbo mula sa pagpapailalim sa burges na kumand, at itransporma ito mula sa pagiging instrumento ng pang-aapi sa mamamayan kung ano ito sa ilalim ng burges na kaayusan, tungong instrumento sa pagpapalaya ng mamamayan mula sa pagpapahirap ng burgesya, kapwa lokal at dayuhan.

Iyon ay nasa kalagayang “tanging ang organisasyong Sobyet ang may kakayahan na agad at epektibong durugin at sa huli’y wasakin ang luma, ibig sabihin, ang burges, burukratiko at ligal na aparato.” (*Ibid.*)

Iyon ay nasa kalagayang tanging ang Sobyet na anyo ng estado, sa pamamagitan ng pagkabig sa mga organisasyong masa ng mga anakpawis at pinagsasamantalahan tungo sa palagian at walang restriksyon na paglahok sa administrasyon ng estado, ang may kakayahang ihanda ang landas para sa paglaho ng estado, na isa sa mga batayang elemento ng lipunang komunista na walang estado sa hinaharap.

Kung gayon, ang Republika ng mga Sobyet ang pampulitikang anyo na matagal nang hinahanap at natagpuan sa wakas, na sa balangkas nito’y dapat makamit ang pang-ekonomyang pagpapalaya sa proletaryado, ang ganap na tagumpay ng sosyalismo.

Ang Komuna ng Paris ang binhi ng anyong ito; ang kapangyarihang Sobyet ang pag-unlad at siyang ruok nito.

Iyan ang dahilan kung bakit sinasabi ni Lenin:

“Ang Republika ng mga Sobyet ng mga Kinatawan ng Mga Manggagawa, Mga Sundalo, at Mga Magsasaka ay hindi lamang ang anyo ng mas mataas na tipo ng demokratikong institusyon ... bagkus ito ang *tanging** anyo na may kakayahang tiyakin ang pinakamaalwang transisyon tungong Sosyalismo.” (Tingnan, Tomo XXII, p. 131.)
(37)

V. ANG USAPING MAGSASAKA

Mula sa temang ito tatalakayin ko ang apat na usapin:

- a) ang paglalahad ng usapin;
- b) ang uring magsasaka sa panahon ng burges-demokratikong rebolusyon;
- k) ang uring magsasaka sa panahon ng proletaryong rebolusyon;
- d) ang uring magsasaka matapos ang konsolidasyon ng kapangyarihang Sobyet.

1) *Ang paglalahad ng usapin.* May ilang nag-iisip na ang pundamental na usapin sa Leninismo ay ang usapin hinggil sa uring magsasaka, na ang puntong pinagsisimulan ng Leninismo ay ang usapin hinggil sa uring magsasaka, ang papel nito, ang relatibong kahalagahan nito. Maling-mali ito. Ang pundamental na usapin ng Leninismo, ang puntong pinagsisimulan nito, ay hindi ang usapin hinggil sa uring magsasaka, kundi ang usapin ng diktadura ng proletaryado, ng mga kundisyon para makamit ito, ng mga kundisyon para makonsolida ito. Ang usaping magsasaka, bilang usapin ng alyado ng proletaryado sa pakikibaka nito para sa kapangyarihan, ay isang usaping hinalaw mula rito.

Gayunman, hindi inaalisan ni katiting ng sirkunstansyang ito ang usaping magsasaka ng seryoso at napakahalagang kabuluhan na walang-dudang taglay nito para sa proletaryong rebolusyon. Alam ng lahat na ang seryosong pagsusuri sa hanay ng mga Marxistang Ruso sa usaping magsasaka ay nagsimula mismo noong bisperas ng unang rebolusyon (1905), nang kinaharap ng Partido ang napakalaking usapin ng pagbabagsak sa tsarismo at pagkakamit ng

hegemonya ng proletaryado, at nang naging napakahalaga ng usapin ng mga kaalyado ng proletaryado sa napipintong burges na rebolusyon. Alam din ng lahat na ang usaping magsasaka sa Rusya ay ibayong naging mahigpit sa panahon ng proletaryong rebolusyon, nang ang usapin ng diktadura ng proletaryado, ng pagtatamo at pagpapanatili nito, ay tumungo sa usapin ng mga alyado ng proletaryado sa napipintong proletaryong rebolusyon. At natural ito. Iyong nagmamartsa pasulong at naghahandang agawin ang kapangyarihan ay hindi maaaring hindi maging interesado sa usapin ng kung sinu-sino ang kanilang tunay na kaalyado.

Sa pakahulugang ito, ang usaping magsasaka ay bahagi ng pangkalahatang usapin ng diktadura ng proletaryado, at kung gayon, isa sa pinakamahalagang usapin ng Leninismo.

Ang aktitud ng pagwawalang-bahala at kung minsa'y tahasang pagtalikod pa ng mga partido ng Ikalawang Internasyunal sa usaping magsasaka ay maipapaliwanag hindi lamang ng mga partikular na kundisyon ng pag-unlad sa Kanluran. Ito ay pangunahing maipapaliwanag sa katotohanan na hindi naniniwala sa proletaryong diktadura ang mga partidong ito, na natatakot ang mga ito sa rebolusyon at walang intensyong pamunuan ang proletaryado tungo sa kapangyarihan. At iyong mga takot sa rebolusyon, iyong walang intensyong pamunuan ang mga proletaryo tungo sa kapangyarihan, ay hindi magiging interesado sa usapin ng mga kaalyado ng proletaryado sa rebolusyon – para sa kanila ang usapin ng mga kaalyado ay walang halaga, walang kagyat na kabuluhan. Ang balighong aktitud ng mga bayani ng Ikalawang Internasyunal sa usaping magsasaka ay itinuturing nila bilang palatandaan ng kagandahang asal, palatandaan ng “tunay” na Marxismo. Sa katunayan, wala ni butil ng Marxismo dito; ito ay dahil ang pagwawalang-bahala sa usapin na kasinghalaga ng usaping magsasaka sa bisperas ng proletaryong rebolusyon ay ang kabilang mukha ng pagtatakwil sa diktadura ng proletaryado, ito ay walang mintis na palatandaan ng tahasang pagkakanulo sa Marxismo.

Ang usapin ay ang sumusunod: *Said na ba*, o hindi pa, ang mga rebolusyonaryong potensyal na likas sa magsasaka dahil sa ilang kundisyon sa kanilang pag-iral; kung hindi pa, *may pag-asa ba*, *may batayan pa ba* na magamit ang mga potensyal na ito para sa proletaryong rebolusyon, na itransporma ang uring magsasaka, ang pinagsasamantalang mayorya nito, mula sa pagiging reserba ng burgesya, na kalagayan nito noong panahon ng mga burges na rebolusyon sa Kanluran at kahit maging sa kasalukuyan, tungo sa pagiging reserba ng proletaryado, sa pagiging alyado nito?

Tinutugon ng Leninismo ang usaping ito nang apirmatibo, ibig sabihin, kinikilala nito ang pag-iral ng rebolusyonaryong kapasidad sa hanay ng mayorya ng uring magsasaka, at ang posibilidad na gamitin ang mga ito sa interes ng proletaryong diktadura.

Lubos na pinatutunayan ng kasaysayan ng tatlong rebolusyon sa Rusya sa mga kongklusyon ng Leninismo hinggil sa usaping ito.

Samakatwid, ang praktikal na kongklusyon na ang masang anakpawis ng uring magsasaka ay dapat suportahan sa kanilang pakikibaka sa pagkabusabos at pagsasamantala, sa kanilang pakikibaka para lumaya sa pang-aapi at karalitaan. Mangyari pa, hindi ito nangangahulugan na dapat suportahan ng proletaryado ang *bawat* kilusang magsasaka. Ang iniisip natin dito ay suporta sa kilusan o pakikibaka ng uring magsasaka na, tuwiran o di tuwiran, nagpapadulas sa kilusang pagpapalaya ng proletaryado, na, sa isa o iba pang paraan, kapaki-pakinabang sa proletaryong rebolusyon at tumutulong na itransporma ang uring magsasaka tungong reserba at alyado ng uring manggagawa.

2) *Ang magsasaka sa panahon ng burges-demokratikong rebolusyon*. Sumasaklaw ang panahong ito mula unang rebolusyong Ruso (1905) hanggang sa at kabilang ang ikalawang rebolusyon (Pebrero 1917). Ang mapagkikilanlang katangian ng panahong ito ay ang pagpapalaya ng

uring magsasaka sa impluwensya ng liberal burgesya, ang *pagtalikod* ng uring magsasaka sa mga Kadet³⁸, ang pagbaling nito sa proletaryado, sa Partidong Bolshevik. Ang kasaysayan ng panahong ito ay kasaysayan ng tunggalian ng mga Kadet (ang liberal burgesya) at ng mga Bolshevik (ang proletaryado) para sa magsasaka. Ang kinalabasan ng tunggaliang ito ay itinakda sa panahon ng Duma; ito ay dahil ang panahon ng apat na Duma ay nagsilbing pangunahing aral sa uring magsasaka, at ang aral na ito ang nagpatimo sa uring magsasaka sa katotohanang hindi nila makakamit ang lupa o kalayaan mula sa kamay ng mga Kadet, na lubos na pumapanig ang tsar sa mga panginoong maylupa at sinusuportahan ng mga Kadet ang tsar, na ang tanging pwersa na masasandigan nila para sa ayuda ay ang manggagawa sa syudad, ang proletaryado. Kinumpirma lamang ng imperyalistang digmaan ang mga aral ng panahon ng Duma at nilubos ang pagtalikod ng magsasaka sa burgesya, nilubos ang pagkakahiwalay ng liberal burgesya; ito ay dahil ibinunyag ng mga taon ng digmaan ang lubos na kahungkagan, lubos na pagkamapanlinlang ng lahat ng pag-asa ng pagkakamit ng kapayapaan mula sa tsar at kanyang burges na mga alyado. Kung wala ang pangunahing mga aral ng panahon ng Duma, naging imposible sana ang hegemonya ng proletaryado.

Ganyan nagkahugis ang alyansa ng manggagawa at magsasaka noong burges-demokratikong rebolusyon. Ganyan nagkahugis ang hegemonya (pamumuno) ng proletaryado sa pakikibakang komun para ibagsak ang tsarismo – ang hegemonya na tumungo sa Rebolusyong Pebrero ng 1917.

Ang mga burges na rebolusyon sa Kanluran (Britain, France, Germany, Austria), tulad ng alam ng lahat, ay tumahak ng ibang landas. Doon, wala sa proletaryado ang hegemonya sa rebolusyon, na dahil sa kahinaan nito ay hindi nagawa at hindi kayang tumayo bilang nagsasariling pampulitikang pwersa, kundi ay nasa liberal burgesya. Doon, nakamit ng uring magsasaka ang kanilang paglaya sa mga pyudal na rehimen, hindi mula sa kamay ng manggagawa, na kakaunti at di organisado, kundi sa kamay ng burgesya. Doon, nagmartsa ang uring magsasaka kakapit-bisig ang liberal burgesya laban sa lumang kaayusan. Doon, ang uring magsasaka ay umakto bilang reserba ng burgesya. Doon, ang rebolusyon, bunga nito, ay tumungo sa malakihang pagdagdag sa pampulitikang lakas ng burgesya.

Sa Rusya, taliwas dito, ang burges na rebolusyon ay lumikha ng ganap na kabaligtad na resulta. Ang rebolusyon sa Rusya ay tumungo hindi sa paglakas, kundi sa paghina ng burgesya bilang pampulitikang pwersa, hindi sa paglaki ng pampulitikang mga reserba nito, kundi sa pagkawala ng pangunahing reserba nito, sa pagkawala ng uring magsasaka. Inilagay ng burges na rebolusyon sa Rusya sa delantera hindi ang liberal burgesya, kundi ang rebolusyonaryong proletaryado, na nakapagpakilos sa milyun-milyong magsasaka sa ilalim ng kanyang pamumuno.

Syanga pala, ipinaliliwanag nito kung bakit tumungo sa proletaryong rebolusyon ang burges na rebolusyon sa Rusya sa loob ng relatibong maikling panahon. Ang hegemonya ng proletaryado ang binhi ng, at transisyunal na yugto tungo sa diktadura ng proletaryado.

Paano ipaliliwanag ang kakaibang penomenon na ito sa rebolusyong Ruso, na walang katulad sa kasaysayan ng burges na mga rebolusyon sa Kanluran? Saan nagmula ang kaibahang ito?

Ito ay maipapaliwanag ng katotohanan na naganap ang burges na rebolusyon sa Rusya sa ilalim ng mas abanteng mga kundisyon ng makauring pakikibaka kaysa Kanluran; na ang proletaryadong Ruso noong panahong iyon ay naging independyenteng pampulitikang pwersa na, habang ang liberal burgesya, dahil natakot sa rebolusyonaryong diwa ng proletaryado, ay nawalan ng anumang rebolusyonaryong diwa (laluna matapos ang mga aral ng 1905) at bumaling sa pakikipag-alyansa sa tsar at mga panginoong maylupa laban sa rebolusyon, laban sa mga manggagawa at magsasaka.

Dapat nating tandaan ang sumusunod na mga sirkunstansya, na nagtakda sa kakaibang katangian ng burges na rebolusyon sa Rusya.

a) Ang walangkatulad na konsentrasyon ng industriya sa Rusya noong bisperas ng rebolusyon. Alam ng lahat, halimbawa, na sa Rusya, 54 porsyento ng lahat ng manggagawa ay nagtatrabaho sa mga empresa na may mahigit 500 manggagawa bawat isa, samantalang sa napakaunlad na bayan tulad ng United States of America, wala pang 33 porsyento ng lahat ng manggagawa ang nagtatrabaho sa ganoong mga empresa. Hindi na kailangan pa ng patunay na sa sirkunstansyang ito pa lamang, dahil sa pag-iral ng rebolusyonaryong partido tulad ng Partido ng Bolshevik, ay nagtransporma sa uring manggagawa ng Rusya tungo sa isang napakalaking pwersa sa buhay pampulitika ng bayan.

b) Ang nakaririmarim na mga anyo ng pagsasamantala sa mga pabrika, katambal ang di mabatang rehimeng pulis ng mga tsaristang berdugo – isang sirkunstansya na nagtransporma sa bawat mahalagang welga ng mga manggagawa tungong isang mapaggiit na aksyong pampulitika at nagpanday sa uring manggagawa bilang isang pwersa na rebolusyonaryo hanggang sa kadulu-duluhan.

k) Ang pag-uurong-sulong sa pulitika ng burges-yang Ruso, na matapos ang Rebolusyon ng 1905 ay naging paglilingkod sa tsarismo at tahasang kontra-rebolusyon – isang katotohanan na maipaliliwanag hindi lamang ng rebolusyonaryong diwa ng proletaryadong Ruso, na nagtulak sa burgesya sa yakap ng tsarismo, kundi maging ng tuwirang pagsandig ng burgesyang ito sa mga kontrata ng gubyrno.

d) Ang pag-iral sa kanayunan ng pinakanakaririmarim at pinakadi-mabatang mga labi ng pagkatimawa, katambal ang walang-hangganang kapangyarihan ng mga panginoong maylupa – isang sirkunstansya na nagtulak sa magsasaka sa yakap ng rebolusyon.

e) Ang tsarismo, na sumikil sa lahat ng may buhay, at sa tiranya ay nagpalubha sa pang-aapi ng kapitalistang panginoong maylupa – isang sirkunstansya na nagbigkis sa pakikibaka ng mga manggagawa at magsasaka sa iisang daluyong ng rebolusyon.

g) Ang imperyalistang digmaan, na nagbuklod sa lahat ng kontradiksyong ito sa buhay pulitika ng Rusya tungo sa malalim na rebolusyonaryong krisis, at nagbigay sa rebolusyon ng napakalakas na pwersang panagupa.

Sa mga sirkunstansyang ito, kanino maaaring bumaling ang uring magsasaka? Kanino ito makahihingi ng suporta laban sa walang-hangganang kapangyarihan ng mga panginoong maylupa, laban sa tiranya ng tsar sa mapaminsalang digmaan na nagwawasak sa kanya? Mula sa liberal burgesya? Ngunit kaaway ito, tulad ng pinatunayan ng mahahabang taon ng karanasan sa lahat ng apat na Duma. Mula sa mga Sosyalista-Rebolusyonaryo? Mangyari pa'y "mas mabuti" ang mga Sosyalista-Rebolusyonaryo kaysa mga Kadet, at "angkop" din ang kanilang programa, na halos programa ng magsasaka; ngunit ano ang maibibigay ng mga Sosyalista-Rebolusyonaryo, gayong iniisip nila na umasa lamang sa mga magsasaka at mahina sa mga kabayanan kung saan pangunahing kumukuha ng pwersa ang kaaway? Nasaan ang bagong pwersa na gagawin ang lahat sa lunsod man o nayon, na magiting na magmamartsa sa unang hanay para labanan ang tsar at mga panginoong maylupa, na tutulong sa uring magsasaka na palayain ang sarili sa pagkakabusabos, sa kawalan ng lupa, sa pang-aapi, sa digmaan? May ganoong pwersa ba sa Rusya? Oo, mayroon. Ito ay ang proletaryadong Ruso, na nagpamalas ng lakas nito, sa kakayahan nitong lumaban hanggang sa wakas, sa tapang at diwang rebolusyonaryo nito, noon pa mang 1905.

Anu't anuman, wala nang iba pang ganoong pwersa; at wala nang iba pang mahahanap kahit saan.

Iyon ang dahilan kung bakit nang talikuran ng uring magsasaka ang mga Kadet at dumikit sa mga Sosyalista-Rebolusyonaryo, kaalinsabay na napagtanto nito ang pangangailangan na

pumailalim sa pamumuno ng ganoon katapang na lider ng rebolusyon tulad ng proletaryadong Ruso.

Ganoon ang mga sirkunstansya na nagtakda sa kakaibang katangian ng burges na rebolusyon sa Rusya.

3) *Ang magsasaka sa panahon ng proletaryong rebolusyon.* Sumasaklaw ang panahong ito mula Rebolusyong Pebrero ng 1917 hanggang Rebolusyong Oktubre ng 1917. Relatibong maikli ang panahong ito, walong buwan sa kabuuan; ngunit sa pananaw ng pampulitikang pagkamulat at rebolusyonyong pagsasanay ng masa, maaari itong itumbas sa buu-buong mga dekada ng karaniwang konstitusyunal na pag-unlad, dahil ang mga ito'y walong buwan ng rebolusyon. Ang pagkikilalang katangian ng panahong ito ay ang higit pang rebolusyonisasyon ng uring magsasaka, ang pagkawala ng pag-asa nito sa mga Sosyalista-Rebolusyonyo, ang pagtalikod ng uring magsasaka sa mga Sosyalista-Rebolusyonyo, ang bago nitong pagpihit tungo sa tuwirang pagpanig sa proletaryado bilang tanging puspusang rebolusyonyong pwera, na may kakayahang pamunuan ang bayan tungo sa kapayapaan. Ang kasaysayan ng panahong ito ay kasaysayan ng tunggalian ng mga Sosyalista-Rebolusyonyo (petiburges na demokrasya) at mga Bolshevik (proletaryong demokrasya) para sa uring magsasaka, para kabigin ang mayorya ng uring magsasaka. Ang kinalabasan ng tunggaliang ito ay itinakda ng panahon ng koalisyon, ang panahon ni Kerensky, ng pagtanggap ng mga Sosyalista-Rebolusyonyo at Menshevik na kumpiskahin ang lupa ng mga panginoong maylupa, ng laban ng mga Sosyalista-Rebolusyonyo at Menshevik na ipagpatuloy ang digmaan, ng opensibang Hunyo sa larangan ng labanan, ng introduksyon ng parusang kamatayan sa mga sundalo, ng pag-aaklas ni Kornilov.

Samantalang noon, sa naunang yugto, ang batayang suliranin ng rebolusyon ay ang pagpapabagsak sa tsar at sa kapangyarihan ng mga panginoong maylupa, ngayon, sa yugtong sumunod sa Rebolusyong Pebrero, nang wala nang tsar, at nang nasaid na ng walangkatapusang digmaan ang ekonomya ng bayan at lubusang winasak ang uring magsasaka, naging pangunahing usapin ng rebolusyon ang usapin ng pagtatapos sa digmaan. Malinaw na kumiling ang sentro de grabidad mula sa lantay na mga panloob tungo sa usapin sa pangunahing usapin - ang digmaan. "Wakasan ang digmaan", "Lumabas na tayo sa gera" - ganoon ang pangkalahatang sigaw ng bayang pagod na sa digmaan at pangunahin ng uring magsasaka.

Ngunit para makalabas sa digmaan, kinakailangang ibagsak ang Probisyunal na Gubyerno, kinakailangang ibagsak ang kapangyarihan ng burgesya, kinakailangang ibagsak ang kapangyarihan ng mga Sosyalista-Rebolusyonyo at Menshevik, dahil ang mga ito, at ang mga ito lamang, ang nagpapatagal sa digmaan tungo sa isang "matagumpay na wakas." Sa praktika, walang paraan para makalabas sa digmaan liban sa pagpapabagsak sa burgesya.

Ito ay isang bagong rebolusyon, isang proletaryong rebolusyon, dahil pinatalsik nito sa kapangyarihan ang huling grupo ng imperyalistang burgesya, ang sukdulang Kaliwang panig nito, ang Partido Sosyalista-Rebolusyonyo at mga Menshevik, nang sa gayo'y itatag ang bago at proletaryong kapangyarihan, ang kapangyarihan ng mga Sobyet, nang sa gayo'y ipwesto sa kapangyarihan ang partido ng rebolusyonyong proletaryado, ang Partidong Bolshevik, ang partido ng rebolusyonyong pakikibaka sa imperyalistang digmaan at para sa demokratikong kapayapaan. Sinuportahan ng mayorya ng uring magsasaka ang pakikibaka ng manggagawa para sa kapayapaan, para sa kapangyarihan ng mga Sobyet.

Wala nang iba pang paraan para sa uring magsasaka. At talagang wala na ngang ibang paraan.

Samakatwid, ang panahon ni Kerensky ay isang malaking pangunahing aral para sa masang anakpawis ng uring magsasaka; ito ay dahil malinaw na ipinakita nito na habang mga

Sosyalista-Rebolusyonaryo at Menshevik ang nasa kapangyarihan, hindi makalalabas ang bayan mula sa digmaan, at hindi makakamit ng mga magsasaka ang lupa man o kalayaan, na naiiba sa mga Kadet ang mga Menshevik at Sosyalista-Rebolusyonaryo tanging sa kanilang matatamis na pananalita at huwad na mga pangako, habang sa aktwal ay itinataguyod nila ang kaparehong imperyalistang patakarang Kadet; na ang kapangyarihan ng mga Sobyet ang tanging kapangyarihan na makakapamuno sa bayan tungo sa tamang landas. Ang ibayong pagpapatagal sa digmaan ay nagkumpirma lamang sa katotohanan ng aral na ito, nag-udyok sa rebolusyon, at nagtulak sa milyun-milyong magsasaka at sundalo na *tuwirang suportahan* ang proletaryong rebolusyon. Hindi mapasusubalian ang pagkakahiwalay ng mga Sosyalista-Rebolusyonaryo at Menshevik. Kung wala ang pangunahing mga aral ng panahon ng koalisyon, naging imposible sana ang diktadura ng proletaryado.

Ganoon ang mga sirkunstansya na nagpabilis sa proseso ng pagtungo ng burges na rebolusyon sa proletaryong rebolusyon.

Ganyan nagkahugis ang diktadura ng proletaryado sa Rusya.

4) *Ang magsasaka matapos ang konsolidasyon ng kapangyarihang Sobyet.* Samantalang noon, sa unang yugto ng rebolusyon, ang pangunahing layunin ay ibagsak ang tsarismo, at kalaunan, matapos ang Rebolusyong Pebrero, ang pangunahing layunin ay lumabas sa imperyalistang digmaan sa pamamagitan ng pagbabag-sak sa burgesya, ngayon, matapos ang likidasyon ng digmaang sibil at konsolidasyon ng kapangyarihang Sobyet, naging pangunahin ang usapin sa konstruksyon sa ekonomya. Palakasin at paunlarin ang isinabansang industriya; para sa layuning ito, ikawing ang industriya sa ekonomya ng magsasaka sa pamamagitan ng kalakalang pinangangasiwaan ng estado; palitan ng buwis sa anyo ng produkto ang sistema ng pagkuha sa sarplis, nang sa gayon, at kalaunan, sa pamamagitan ng unti-unting pagpapababa ng buwis sa anyo ng produkto, ay paduluhin ang lahat sa palitan ng mga produkto ng industriya para sa mga produkto ng pagsasaka ng magbubukid; buhayin muli ang kalakalan at paunlarin ang mga kooperatiba, sa pamamagitan ng pagkabig sa mga ito ng malawak na masa ng uring magsasaka – ganito binalangkas ni Lenin ang kagyat na mga tungkulin ng konstruksyon sa ekonomya tungo sa paglalatatag ng mga pundasyon ng sosyalistang ekonomya.

Sinasabing maaaring lampas sa lakas ng isang bayang magsasaka tulad ng Rusya ang tungkuling ito. Sinasabi pa nga ng ilang iskeptiko na ito ay utopyan at imposible; ito ay dahil ang uring magsasaka ay magsasaka – binubuo ito ng maliliit na prodyuser, at kung gayo’y walang silbi sa pag-oorganisa ng pundasyon ng sosyalistang produksyon.

Ngunit nagkakamali ang mga iskeptiko; ito ay dahil bigo silang isaalang-alang ang ilang sirkunstansya na may mapagpasyang kabuluhan sa kasalukuyang usapin. Suriin natin ang pinakamahalaga sa mga ito:

Una. Hindi dapat ipagkamali sa uring magsasaka ng Kanluran ang uring magsasaka sa Unyong Sobyet. Isang uring magsasaka na natuto sa tatlong rebolusyon, na lumaban sa tsar at sa kapangyarihan ng burgesya nang kakapit-bisig ang proletaryado at sa pamumuno ng proletaryado, isang uring magsasaka na nakatanggap ng lupa at kapayapaan mula sa kamay ng proletaryong rebolusyon at dahil dito ay naging reserba ng proletaryado – ang ganoong uring magsasaka ay hindi maaaring hindi maiba sa uring magsasaka na lumaban sa ilalim ng pamumuno ng liberal na burgesya noong panahon ng burges na rebolusyon, na tumanggap ng lupa mula sa kamay ng burgesyang iyon, at dahil dito’y naging reserba ng burgesya. Hindi na kailangang patunayan pa na ang uring magsasaka ng Sobyet, na natutong pahalagahan ang pampulitikang pagkakaibigan at pampulitikang kolaborasyon sa proletaryado at utang ang kanyang kalayaan sa pakikipagkaibigan at kolaborasyong ito, ay hindi maaaring hindi

kumakatawan sa natatanging paborableng materyal para sa kolaborasyong pang-ekonomya sa proletaryado.

Sinabi ni Engels na “ang pag-agaw ng Partido Sosyalista sa kapangyarihang pampulitika ay naging usapin sa di malayong hinaharap,” na “para maagaw ang pampulitikang kapangyarihan, ang partidong ito ay dapat munang tumungo sa nayon mula sa lunsod, dapat maging isang kapangyarihan sa kanayunan.” (Tingnan, Engels, *Ang Usaping Magsasaka*, edisyong 1922)³⁹ Sinulat niya ito noong dekada 90 ng nakaraang [ika-19] siglo na ang iniisip ay ang Kanluraning uring magsasaka. Kailangan ba ng patunay na ang mga Komunistang Ruso, matapos maisagawa ang napakaraming gawain sa larangang ito sa proseso ng tatlong rebolusyon, ay nagtagumpay nang makakuha sa kanayunan ng impluwensya at suporta na hindi man lamang sumagi sa pangarap ng ating mga Kanluraning kasama? Paano maipagkakaila na tiyak na pinadudulas ng sirkunstansyang ito ang pag-oorganisa ng kolaborasyong pang-ekonomya ng uring manggagawa at magsasaka ng Rusya?

Pinaninindigan ng mga iskeptiko na ang maliit na magsasaka ay isang salik na di maiuugma sa sosyalistang konstruksyon. Ngunit pakinggan ninyo ang sinasabi ni Engels hinggil sa maliit na magsasaka ng Kanluran:

“Tayo... ay mapagpasyang nasa panig ng maliit na magsasaka; gagawin natin ang lahat ng maaari para gawing mas maalwan ang kanyang kalagayan, para padulasin ang kanyang transisyon tungo sa kooperatiba sakaling magpasya siyang gawin ito, at para gawing posible pa nga na manatili siya sa kanyang maliit na lupain sa loob ng mahabang panahon para pag-isipan ang bagay na ito, sakaling hindi pa rin niya naaabot ang desisyong ito. Ginagawa natin ito hindi lamang dahil itinuturing nating halos kasama natin ang maliit na magsasaka na gumagawa ng sariling trabaho, kundi dahil rin para sa tuwirang interes ng Partido. Habang mas marami ang magsasaka na maililigtas natin mula sa aktwal na pagkahulog sa proletaryado, na makakabig natin sa ating panig habang sila’y magsasaka pa, magiging mas mabilis at madaling makamit ang panlipunang transpormasyon. Wala tayong mahihita sa paghihintay sa transpormasyong ito hanggang umunlad na ang kapitalistang produksyon sa lahat ng dako hanggang sa sukdulang mga bunga nito, hanggang ang kahulihulihang maliit na tagayaring-kamay at ang kahuli-hulihang maliit na magsasaka ay mabiktima ng kapitalistang malakihang-saklaw na produksyon. Ang materyal ng sakripisyong papasanin sa layuning ito para sa interes ng mga magsasaka at paglalaanan ng gastos mula sa pondong publiko, mula sa punto-de-bista ng kapitalistang ekonomya ay maituturing lamang na salaping inaksaya, ngunit magkagayunman, isa itong napakagandang pamumuhunan dahil magdudulot ito ng marahil ay sampung ulit na katipiran sa gastos ng panlipunang reorganisasyon sa pangkalahatan. Sa ganang ito, magagawa natin, samakatwid, na napakaliberal na makitungo sa mga magsasaka.” (*Ibid.*)⁴⁰

Iyon ang sinabi ni Engels, na ang iniisip ay ang Kanluraning uring magsasaka. Ngunit hindi ba malinaw na ang sinabi ni Engels ay hindi makakamit kahit saan nang kasindali at kasing lubos gaya ng sa kalupaan ng diktadura ng proletaryado? Hindi ba malinaw na tanging sa Sobyet na Rusya posibleng agad at sa pinakasukdulan ay pumanig sa atin ang “maliit na magsasaka na gumagawa ng sariling trabaho”, gawin ang “materyal na sakripisyong” kinakailangan para magawa ito, at magpamalalas ng kinakailangang “liberalidad tungo sa mga magsasaka?” Hindi ba malinaw na isinasagawa na sa Rusya ang mga ito at katulad na mga hakbangin para sa benepisyo ng uring magsasaka? Paano maitatangi na dapat padulasin at isulong naman ng sirkunstansyang ito ang gawain ng konstruksyong pang-ekonomya sa kalupaan ng mga Sobyet?

Ikalawa. Hindi dapat ipagkamali sa agrikultura sa Kanluran ang agrikultura sa Rusya. Doon, umuunlad ang agrikultura alinsunod sa mga karaniwang linya ng kapitalismo, sa mga kundisyon ng malalim na pag-iiba-iba ng uring magsasaka, na sa isang dulo ay malalawak na lupain at pribadong kapitalistang *latifundia*⁴¹ at sa kabila ay pagdaralita, destitusyon at pagkaalipin sa sahod. Dahil dito, napakanatural doon ang disintegrasyon at pagkabulok. Hindi ganoon sa Rusya. Dito, hindi makauunlad ang agrikultura sa naturang landas, kahit na sa dahilan lamang na ipinupwera ng pag-iral ng kapangyarihang Sobyet at pagsasabansa ng

pangunahing mga instrumento at kagamitan sa produksyon ang posibilidad ng ganoong pag-unlad. Sa Rusya, ang pag-unlad ng agrikultura ay dapat tumahak sa ibang landas, sa landas ng pag-oorganisa sa milyun-milyong maliit at panggitnang magsasaka sa mga kooperatiba, sa landas ng pagpapaunlad sa kanayunan ng isang pangmasang kilusang kooperatiba na sinusuportahan ng estado sa pamamagitan ng mga preperensyal na pautang. Tumpak na ipinakita ni Lenin sa kanyang mga artikulo hinggil sa kooperasyon na dapat tumahak sa bagong landas ang pagpapaunlad ng agrikultura sa ating bayan, sa landas ng pagkabig sa mayorya ng magsasaka sa sosyalistang konstruksyon sa pamamagitan ng mga kooperatiba, sa landas ng unti-unting pagpapasok ng mga prinsipyo ng kolektibismo sa agrikultura, una sa larangan ng pagbebenta at pagkatapos, sa larangan ng produksyon ng mga produktong agrikultural.

Kaugnay nito, lubos na nakakapukaw ng interes ang ilang bagong kaganapan na naobserbahan sa kanayunan kaugnay ng gawain sa mga kooperatiba sa agrikultura. Alam ng lahat na sumulpot sa loob ng Selskosoyuz⁴² ang bago at malalaking organisasyon, sa iba't ibang sangay ng agrikultura, tulad ng produksyon ng *flax*⁴³, patatas, mantikilya, atbp. na may magandang kinabukasang hinaharap. Sa mga ito, ang *Flax Center*, halimbawa, ang nagbubuklod sa buong network ng mga asosasyon ng magsasakang nagtatanim ng *flax*. Ang *Flax Center* ang nagsusuplay ng mga binhi at kasangkapan sa mga magsasaka; pagkatapos, binibili nito lahat ng flax na inani ng mga magsasakang ito, bultuhang ibinibenta ito sa pamilihan, tinitiyak ang bahagi ng mga magsasaka sa tubo, at sa paraang ito, ikinakawing ang ekonomya ng magsasaka sa industriya ng estado sa pamamagitan ng Selskosoyuz. Ano ang itatawag natin sa ganitong anyo ng organisasyon ng produksyon? Sa aking opinyon, ito ang lokal na sistema ng malakihang-saklaw ng sosyalistang produksyon ng estado sa larangan ng agrikultura. Sa pagsasabi ng lokal na sistema ng produksyon ng sosyalistang estado, ginagawa ko ito sa paghahalintulad sa lokal na sistema sa kapitalismo, halimbawa, sa industriya ng tela, kung saan ang mga tagayaring-kamay ay tumatanggap ng kanilang hilaw na materyales at kagamitan mula sa kapitalista at ibinibigay sa kanya ang lahat ng produkto ng kanilang paggawa, at sa gayon ay mga mala-sahurang nagtatrabaho sa kanilang sariling tahanan sa katunayan. Isa ito sa maraming palatandaan na nagtuturo sa landas na dapat tahakin ng ating agrikultura sa pag-unlad. Hindi na kailangang banggitin dito ang mga katulad na palatandaan sa iba pang sangay ng agrikultura.

Hindi na kailangang patunayan pa na sabik na tatahakin ng malawak na mayorya ng uring magsasaka ang bagong landas ng pag-unlad na ito, ibinabasura ang landas ng pribadong kapitalistang *latifundia* at pagkaalipin sa sahod, ang landas ng destitusyon at pagkawasak.

Ito ang sinasabi ni Lenin hinggil sa landas ng pagpapaunlad ng ating agrikultura:

“Ang kapangyarihan ng estado sa lahat ng malakihang-saklaw na kagamitan sa produksyon, ang kapangyarihan ng estado sa kamay ng proletaryado, ang alyansa ng proletaryadong ito sa milyun-milyong maliliit at napakaliliit na magsasaka, ang tiyak na pamumuno ng proletaryado sa uring magsasaka, atbp. – hindi ba't ito ang lahat ng kailangan para ilatag ang ganap na sosyalistang lipunan mula sa mga kooperatiba, mula sa mga kooperatiba lamang, na dati nating minamaliit bilang lantay-na-pangangalakal at sa isang aspeto ay may karapatan tayo na maliitin bilang ganoon ngayon, sa ilalim ng NEP [New Economic Policy]? Hindi ba't ito ang lahat ng kailangan sa pagtatatag ng ganap na sosyalistang lipunan? Hindi pa ito ang pagtatatag ng sosyalistang lipunan, ngunit ito na ang lahat ng kailangan at sapat para sa pagtatatag na ito.” (Tingnan, Tomo XXVII, p. 392.)^[1]

Dagdag pa, hinggil sa pangangailangan na magbigay ng tulong pinansyal at iba pa sa mga kooperatiba, bilang isang “bagong prinsipyo sa pag-oorganisa sa populasyon” at sa bagong “sistemang panlipunan” sa ilalim ng diktadura ng proletaryado, ipinagpatuloy ni Lenin;

“Ang bawat panlipunang sistema ay lumilitaw sa pamamagitan lamang ng tulong pampinansya ng isang takdang uri. Hindi na kailangang banggitin ang daan-daang milyong ruble na halaga ng pagluwal ng ‘malayang’ kapitalismo. Ngayon dapat nating matanto, at ilapat sa ating praktikal na gawain, ang katotohanan na ang

sistemang kooperatiba ang panlipunang sistema na dapat natin ngayong bigyan ng higit pa sa karaniwang ayuda. Ngunit dapat itong tulungan sa tunay na kahulugan ng salita, ibig sabihin, hindi sasapat na unawain ang pagtulong bilang pagtulong sa anumang uri ng kalakalan ng kooperatiba; sa ayuda, ibig nating sabihin ay pagtulong sa kalakalan ng kooperatiba kung saan *talagang napakalaking bilang ng populasyon ang tunay na lumalahok.*" (*Ibid.*, p. 393.)

Ano ang pinatutunayan ng mga katotohanang ito?

Na mali ang mga iskeptiko.

Na tumpak ang Leninismo sa pagturing sa masa ng anakpawis na magsasaka bilang reserba ng proletaryado.

Na maaari at dapat gamitin ng proletaryadong nasa poder ang reserbang ito para ikawing ang industriya sa agrikultura, isulong ang sosyalistang konstruksyon, at bigyan ang diktadura ng proletaryado ng kinakailangang pundasyon na kung wala ay imposible ang transisyon tungong sosyalistang ekonomya.

VI. ANG USAPING PAMBANSA

Mula sa temang ito, tatalakayin ko ang dalawang pangunahing usapin:

a) ang paglalalahad ng usapin;

b) ang kilusang pagpapalaya ng inaaping mga mamamayan at ang proletaryong rebolusyon.

1) *Ang paglalalahad ng usapin.* Noong nakalipas na dalawang dekada, sumailalim sa ilang napakahalagang pagbabago ang usaping pambansa. Ang usaping pambansa sa panahon ng Ikalawang Internasyunal at ang usaping pambansa sa panahon ng Leninismo ay malayo sa pagiging magkapareho. Malalim ang pagkakaiba ng mga ito, hindi lamang sa saklaw ng mga ito, kundi maging sa likas na katangian ng mga ito.

Dati-rati, kadalasang nalilimita ang usaping pambansa sa makitid na bungkos ng mga usapin, kaugnay pangunahin ng mga "sibilisadong" nasyunalidad. Ang mga Irish, Hungarian, Pole, Finn, Serb, at ilan pang nasyunalidad sa Europa – iyan ang sirkulo ng di magkakapantay na mamamayan na interesado ang mga lider ng Ikalawang Internasyunal sa kahihinatnan. Ang laksa-laksa at daan-daang milyong mamamayan ng Asya at Aprika na dumaranas ng pambansang pang-aapi sa pinakamabagsik at pinakamalupit na anyo nito ay karaniwang nananatiling nasa labas sa kanilang tinatanaw. Nag-aatubili silang ilagay sa iisang lebel ang puti at itim, ang "sibilisado" at "di sibilisado". Dalawa o tatlong walang katuturan at walang siglang resolusyon, na maingat na umiwas sa usapin ng pagpapalaya sa mga kolonya – iyan lamang ang maipagmamalaki ng mga lider ng Ikalawang Internasyunal. Ngayon, masasabi nating winakasan na ang panlilinlang at pagbabantulot na ito sa pagharap sa usaping pambansa. Inilantad ng Leninismo ang naghuhumiyaw na kamaliang ito, giniba ang pader sa pagitan ng puti at itim, ng mga taga-Europa at taga-Asya, ng "sibilisado" at "di sibilisadong" mga alipin ng imperyalismo, at sa gayo'y ikinawing ang usaping pambansa sa usapin sa mga kolonya. Sa gayon, itinransporma ang usaping pambansa mula sa partikular at panloob na usapin ng estado tungo sa pangkalahatan at internasyunal na usapin, tungo sa pandaigdigang suliranin ng pagpapalaya sa inaaping mga mamamayan sa mga dependyenteng bayan at kolonya mula sa pamatok ng imperyalismo.

Dati-rati, karaniwang mali ang interpretasyon sa prinsipyo ng pagpapasya-sa-sarili, at di miminsan na pinakitid ito sa ideya ng karapatan ng mga bansa na awtonomya. Ilang lider pa nga ng Ikalawang Internasyunal ang umabot sa pagpalit sa karapatan sa pagpapasya-sa-sarili ng karapatan sa awtonomyang pangkultura, ibig sabihin, ang karapatan ng inaaping mga bansa na magkaroon ng kanilang sariling institusyong pangkultura, at hinahayaan ang lahat

ng kapangyarihang pampulitika sa kamay ng naghaharing bansa. Bunga nito, nanganib na maitransporma ang ideya ng pagpapasya-sa-sarili tungong instrumento ng pagbibigay-matwid sa mga aneksasyon mula sa pagiging instrumento para labanan ang mga ito. Ngayon, masasabi nating nailinaw na ang kalituhang ito. Pinalawak ng Leninismo ang konsepto ng pagpapasya-sa-sarili, at binibigyang-kahulugan ito bilang karapatan ng inaaping mga mamamayan ng mga dependyenteng bayan at kolonya sa ganap na paghiwalay tulad ng karapatan ng mga bansa sa nagsasariling pag-iral bilang mga estado. Ipinupwera nito ang posibilidad na bigyang-katwiran ang mga aneksasyon sa pamamagitan ng pagbibigay kahulugan sa karapatang magpasya-sa-sarili bilang karapatan sa awtonomya. Samakatwid, ang prinsipyo ng pagpapasya-sa-sarili mismo ay itrinansporma mula sa pagiging instrumento para linlangin ang masa, na walangdudang ganito ito sa kamay ng mga sosyal-sobinista noong imperyalistang digmaan, tungo sa pagiging instrumento para ilantad ang lahat ng imperyalistang hangarin at sobinistang pakana, tungong instrumento para sa pampulitikang edukasyon ng masa sa diwa ng internasyunalismo.

Dati-rati, ang usapin ng inaaping mga bansa ay karaniwang itinuturing bilang lantay na usaping huridikal. Pormal na mga proklamasyon hinggil sa “pambansang pagkakapantay-pantay ng karapatan,” di mabilang na mga deklarasyon hinggil sa “pagkakapantay-pantay ng mga bansa” – iyan ang karaniwang kasangkapan ng mga Partido sa Ikalawang Internasyunal, na nagtatakip sa katotohanan na pawang paghamak sa inaaping mga bansa ang “pagkakapantay-pantay ng mga bansa” sa ilalim ng imperyalismo, kung saan isang grupo ng mga bansa (isang minority) ang nabubuhay sa pagsasamantala sa isa pang grupo ng mga bansa. Ngayon, masasabi natin na nailantad na ang ganitong burges-huridikal na pananaw sa usaping pambansa. Ibinababa ng Leninismo sa solidong lupa ang usaping pambansa mula sa nakalululang katayugan ng mga magandang-pakinggang deklarasyon, at idineklarang walang saysay at huwad ang mga pahayag hinggil sa “pagkakapantay-pantay ng mga bansa” na hindi sinusuhayan ng tuwirang suporta ng mga proletaryong partido para sa pakikibaka sa pagpapalaya ng inaaping mga bansa. Sa paraang ito, ang usapin ng inaaping mga bansa ay naging usapin ng pagsuporta sa inaaping mga bansa, pagbibigay ng tunay at tuluy-tuloy na pagtulong sa mga ito sa kanilang pakikibaka sa imperyalismo para sa tunay na pagkakapantay-pantay ng mga bansa, para sa kanilang nagsasariling pag-iral bilang mga estado.

Dati-rati, ang usaping pambansa ay tinitingnan mula sa repormistang punto-de-bista, bilang independyenteng usapin na walang kaugnayan sa pangkalahatang usapin ng kapangyarihan ng kapital, sa pagbabagsak sa imperyalismo, sa proletaryong rebolusyon. Di hayag na asumsyon nitong posible ang tagumpay ng proletaryado sa Europa nang walang tuwirang pakikipag-alyansa sa kilusan sa pagpapalaya sa mga kolonya, na malulutas ang usaping pambansa-kolonyal nang mapayapa, “sa sarili nito mismo”, nang hiwalay sa landas ng proletaryong rebolusyon, nang walang rebolusyonaryong pakikibaka sa imperyalismo. Ngayon masasabi natin na nailantad na ang kontra-rebolusyonaryong punto-de-bistang ito. Pinatunayan ng Leninismo, at kinumpirma ng imperyalistang digmaan at rebolusyon sa Rusya na malulutas ang usaping pambansa kaugnay at sa batayan lamang ng proletaryong rebolusyon, at ang landas patungong tagumpay ng rebolusyon sa Kanluran ay nakasalalay sa rebolusyonaryong pakikipag-alyansa sa kilusang pagpapalaya ng mga kolonya at dependyenteng bayan laban sa imperyalismo. Ang usaping pambansa ay bahagi ng pangkalahatang usapin ng proletaryong rebolusyon, bahagi ng usapin ng diktadura ng proletaryado.

Ang usapin ay ang sumusunod: *Said na ba*, o hindi pa, ang mga rebolusyonaryong potensyal na likas sa rebolusyonaryong kilusan sa pagpapalaya ng mga inaaping bansa; kung

hindi pa, may pag-asa o batayan ba na magamit ang mga potensyal na ito para sa proletaryong rebolusyon, para itransporma ang dependyente at kolonyal na mga bansa mula sa pagiging reserba ng imperyalistang burgesyong tungo sa pagiging reserba ng rebolusyong proletaryado, tungo sa pagiging alyado ng huli?

Ang tugon ng Leninismo sa usaping ito ay apirma-tibo, ibig sabihin, kinikilala nito ang pag-iral ng mga rebolusyong kakayahan sa kilusan sa pambansang pagpapalaya ng inaaping mga bayan, at ang posibilidad na gamitin ang mga ito sa pagpapabagsak sa kaaway na komun, sa pagpapabagsak sa imperyalismo. Buong-buong kinukumpirma ng paggalaw ng pag-unlad ng imperyalismo, ng imperyalistang digmaan, at ng rebolusyon sa Rusya ang mga kongklusyon ng Leninismo sa bagay na ito.

Kaya't ang pangangailangan na suportahan – puspusan at aktibong suportahan – ng proletaryado ng “dominanteng” mga bansa ang kilusan sa pambansang pagpapalaya ng mga mamamayang inaapi at dependyente.

Mangyari pa'y hindi ito nangangahulugan na dapat suportahan ang bawat pambansang kilusan, sa lahat ng dako at lagi't lagi, sa bawat indibidwal na kongkretong kaso. Nangangahulugan ito na dapat suportahan iyong mga pambansang kilusan na may tendensyang pahinain at ibagsak ang imperyalismo, at hindi palakasin at panatilihin ito. May mga kaso kung saan ang mga pambansang kilusan sa ilang inaaping bansa ay bumabangga sa interes ng pag-unlad ng proletaryong kilusan. Sa naturang mga kaso, mangyari pa, hindi maaari ang suporta. Ang usapin ng mga karapatan ng mga bansa ay hindi hiwalay at nakasapat-sa-sariling usapin; bahagi ito ng pangkalahatang usapin ng proletaryong rebolusyon, nakapailalim sa kabuuan, at dapat isaalang-alang mula sa punto-de-bista ng kabuuan. Noong dekada 40 ng nakaraang [ika-19] siglo sinuportahan ni Marx ang pambansang kilusan ng mga Pole at Hungarian at tinutulan ang pambansang kilusan ng mga Czech at Slav sa Timog. Bakit? Dahil ang Czech at Slav sa Timog ay “mga reaksyunaryong bansa” noon, “mga bantay ng Rusya” sa Europa, mga tanod ng absolutismo; samantalang ang mga Pole at Hungarian ay mga “rebolusyong bansa”, na nakikibaka sa absolutismo. Ito ay dahil sa panahong iyon, ang suporta sa pambansang kilusan ng mga Czech at Slav sa Timog ay katumbas ng di tuwirang pagsuporta sa tsarismo, ang pinakamapanganib na kaaway ng rebolusyong kilusan sa Europa.

“Ang iba't ibang hinihingi ng demokrasya,” sulat ni Le-nin, “kabilang ang pagpapasya-sa-sarili, ay hindi absoluto, bagkus ay isang maliit na bahagi ng pangkalahatang demokratikong (ngayon: pangkalahatang sosyalistang) pandaigdigang kilusan. Sa indibidwal na kongkretong mga kaso, maaaring salungatin ng bahagi ang kabuuan; kung magkakagayon, dapat itong tanggihan.” (Tingnan, Tomo XIX, pp. 257-58.)^[1]

Ito ang pusisyon kaugnay ng usapin ng partikular na mga pambansang kilusan, ng posibleng reaksyunaryong katangian ng mga kilusang ito – mangyari pa, kung ang mga ito'y tiningnan hindi mula sa pormal na punto-de-bista, hindi mula sa pananaw ng abstraktong mga karapatan, bagkus ay sa kongkreto, mula sa punto-de-bista ng mga interes ng rebolusyong kilusan.

Gayundin ang dapat sabihin hinggil sa rebolusyong katangian ng mga pambansang kilusan sa pangkalahatan. Ang di matatawarang rebolusyong katangian ng malawak na mayorya ng mga pambansang kilusan ay kasing relatibo at partikular gaya ng posibleng reaksyunaryong katangian ng ilang partikular na pambansang kilusan. Ang rebolusyong katangian ng pambansang kilusan sa kalagayan ng imperyalistang pang-aapi ay hindi kinakailangang mangahulugan ng pag-iral ng mga proletaryong elemento sa kilusan, ng pag-iral ng rebolusyong demokratikong prog-rama ng kilusan, ng pag-iral ng demokratikong batayan ng kilusan. Ang pakikibaka na inilulunsad ng Emir ng Afghanistan para sa kalayaan ng Afghanistan ay isang obhetibong rebolusyong pakikibaka, sa kabila ng mga

monarkistang pananaw ng Emir at kanyang mga kasamahan, dahil pinahihina, nilalansag at pinapanghina nito ang imperyalismo; samantala, ang pakikibaka na inilunsad ng “desperadong” mga demokrata at “sosyalista”, “mga rebolusyonaryo” at republikano, tulad halimbawa nila Kerensky at Tsereteli, Renaudel at Scheidemann, Chernov at Dan, Henderson at Clynes, sa panahon ng imperyalistang digmaan ay isang *reaksyunaryong* pakikibaka, dahil ang resulta nito ay ang paggaganyak, pagpapalakas, at pananagumpay ng imperyalismo. Sa mga dahilan ring iyon, ang pakikibakang inilunsad ng mga mangangalakal at burges na intelektwal na taga-Ehipto para sa kalayaan ng Ehipto ay isang obhetibong *rebolusyonaryong* pakikibaka, sa kabila ng burges na pinagmulan at burges na titulo ng mga lider ng pambansang kilusan sa Ehipto, sa kabila ng katotohanan na tutol sila sa sosyalismo; samantalang ang pakikibakang inilulunsad ng gubyrno sa pamumuno ng partido sa “Paggawa” ng Britain para panatilihin ang dependyenteng pusisyon ng Ehipto, sa mga dahilan ding iyon, ay *reaksyunaryong* pakikibaka, sa kabila ng proletaryong titulo ng mga kasapi ng gubyrnong iyon, sa kabila ng katotohanan na sila ay “para sa” sosyalismo. Hindi na kailangang banggitin pa ang pambansang kilusan sa ibang mas malalaki, kolonyal at dependyenteng bayan, tulad ng India at Tsina, na bawat hakbang sa landas ng paglaya, kahit taliwas sa mga hinihingi ng pormal na demokrasya, ay isang napakalakas na bigwas sa imperyalismo, ibig sabihin, walang dudang *rebolusyonaryong* hakbang.

Tumpak si Lenin sa pagsasabing dapat tingnan ang pambansang kilusan sa inaaping mga bayan, hindi mula sa pananaw ng pormal na demokrasya, kundi mula sa punto-de-bista ng mga aktwal na resulta, tulad ng ipinapakita ng pangkalahatang libro-de-kwenta ng pakikibaka sa imperyalismo, ibig sabihin, “nang hindi hiwalay, kundi sa pandaigdigang saklaw.” (Tingnan, Tomo XIX, p.257.) [1]

2) *Ang kilusan sa pagpapalaya ng inaaping mga mamamayan at ang proletaryong rebolusyon.* Sa paglutas sa usaping pambansa, nagsisimula ang Leninismo sa sumusunod na mga tesis:

a) Nahahati ang daigdig sa dalawang kampo: ang kampo ng sandakot na sibilisadong mga bansa, na nagmamay-ari ng kapital sa pinansya at nagsasamantala sa malawak na mayorya ng populasyon sa mundo; at ang kampo ng inaapi at pinagsasamantalahan ng mga mamamayan sa mga kolonya at dependyenteng bayan, na bumubuo sa mayorya.

b) Ang mga kolonya at dependyenteng bayan, na inaapi at pinagsasamantalahan ng kapital sa pinansya ay bumubuo sa malawak na reserba at napakahalagang bukal ng lakas ng imperyalismo.

k) Ang rebolusyonaryong pakikibaka ng inaaping mga mamamayan ng dependyente at kolonyal na mga bayan laban sa imperyalismo ang siyang tanging landas na tumutungo sa kanilang paglaya mula sa pang-aapi at pagsasamantala.

d) Tinahak na ng pinakamahahalagang kolonyal at dependyenteng bayan ang landas ng kilusan sa pambansang pagpapalaya, na hindi maaaring hindi tumungo sa krisis ng pandaigdigang kapitalismo.

e) Nananawagan ang mga interes ng proletaryong kilusan sa mauunlad na bayan at ng kilusan sa pambansang pagpapalaya sa mga kolonya ng pagkakaisa ng dalawang anyong ito ng rebolusyonaryong kilusan tu-ngo sa isang prenteng komun laban sa kaaway na komun, laban sa imperyalismo.

g) Imposible ang tagumpay ng uring manggagawa sa mauunlad na bayan at ang paglaya ng inaaping mga mamamayan mula sa pamatok ng imperyalismo kung wala ang pormasyon at konsolidasyon ng isang rebolusyonaryong prenteng komun.

h) Imposible ang pormasyon ng isang rebolusyonaryong prenteng komun kung ang proletaryado ng nang-aaping bansa ay hindi magbibigay ng tuwiran at determinadong suporta sa kilusan sa pagpapalaya ng inaaping mga mamamayan laban sa imperyalismo ng

“sarili nitong bayan”, dahil “walang bansa ang makakalaya kung nang-aapi ito ng iba pang bansa.” (*Engels*)

i) Ipinahihiwatig ng suportang ito ang pagtataguyod, pagtatanggol at pagpapatupad ng islogan ng karapatan ng mga bansa sa sesesyon, sa nagsasariling pag-iral bilang mga estado.

l) Hangga’t hindi ipinapatupad ang islogan na ito, hindi malilikha ang pagkakaisa at kolaborasyon ng mga bansa sa loob ng iisang sistemang pang-ekonomya sa daigdig, na materyal na batayan para sa tagumpay ng pandaigdigang sosyalismo.

m) Ang pagkakaisang ito ay maaari lamang maging boluntaryo, at lumilitaw sa batayan ng mutwal na pagtiwala at prternal na relasyon sa hanay ng mga mamamayan.

Samakatwid ang dalawang panig, ang dalawang tendensya sa usaping pambansa: ang tendensya tungo sa pagpapalayang pampulitika sa gapos ng imperyalismo at tungo sa pormasyon ng isang independyenteng pambansang estado – isang tendensya na sumibol bilang resulta ng imperyalistang pang-aapi at kolonyal na pagsasamantala; at ang tendensya tungo sa mas mahigpit na relasyong pang-ekonomya ng mga bansa, na sumibol bilang resulta ng pormasyon ng pandaigdigang pamilihan at pandaigdigang sistema sa ekonomya.

“Nakikilala ng umuunlad na kapitalismo,” sabi ni Lenin, “ang dalawang istorikong tendensya sa usaping pambansa. Una: ang pagkapukaw sa pambansang buhay at mga pambansang kilusan, pakikibaka sa lahat ng pambansang pang-aapi, paglikha ng pambansang estado. Ikalawa: ang pag-unlad at pagbilis ng lahat ng tipo ng ugnayan ng mga bansa, pagbuwag sa mga pambansang balakid, paglikha ng pandaigdigang pagkakaisa ng kapital, ng buhay pang-ekonomya sa pangkalahatan, ng pulitika, syensya, atbp.

“Ang dalawang tendensya ay pandaigdigang batas ng kapitalismo. Ang una’y nangingibabaw sa simula ng pag-unlad nito, ang ikalawa’y katangian ng hinog na kapitalismo na sumusulong sa transpormasyon nito patungong sosyalistang lipunan.” (Tingnan, Tomo XVII, p. 139-40.)^[1]

Para sa imperyalismo, ang dalawang tendensyang ito ay kumakatawan sa di mapagkakasundong mga kontradiksiyon; dahil hindi makaiiral ang imperyalismo nang hindi nagsasamantala ng mga kolonya at pwersahang pinanatili ang mga ito sa balangkas ng “integral na kabuuan”; dahil mapaglalapit lamang ng imperyalismo ang mga bansa sa pamamagitan ng aneksasyon at kolonyal na pananakop, na kung wala ang mga ito, sa pangkalahatan, hindi mahihinagap ang imperyalismo.

Para sa komunismo, kabaligtaran nito, ang mga tendensyang ito ay dalawang panig lamang ng iisang layunin – ang layunin na palayain ang inaaping mga mamamayan mula sa pamatok ng imperyalismo; dahil alam ng komunismo na ang pagkakaisa ng mga mamamayan sa iisang pandaigdigang sistema sa ekonomya ay posible lamang sa batayan ng mutwal na tiwala at boluntaryong pakikipagkasundo, at ang landas sa pormasyon ng boluntaryong pagkakaisa ng mamamayan ay nakasalalay sa paghiwalay ng mga kolonya sa “integral” na imperyalistang “kabuuan,” sa pamamagitan ng transpormasyon ng mga kolonya tungong nagsasariling mga estado.

Samakatwid ang pangangailangan para sa matatag, tuluy-tuloy at determinadong pakikibaka sa sobinismo ng dominanteng-bansa ng mga “Sosyalista” ng mga naghaharing bansa (Britain, France, Amerika, Italy, Japan, atbp.), na ayaw makibaka sa kanilang imperyalistang mga gubyerno, na ayaw sumuporta sa pakikibaka ng inaaping mga mamamayan sa mga kolonya “ng mga ito” para lumaya sa pang-aapi, para sa sesesyon.

Kung wala ang ganoong pakikibaka, hindi mahihinagap ang edukasyon ng uring manggagawa ng naghaharing mga bansa sa diwa ng tunay na internasyunalismo, sa diwa ng mas mahigpit na pakikipag-ugnayan sa masang anakpawis ng mga dependyenteng bayan at kolonya, sa diwa ng tunay na paghahanda para sa proletaryong rebolusyon. Hindi sana magtatagumpay sa Rusya ang rebolusyon, at hindi sana madudurog sina Kolchak at Denikin, kung hindi tinamasa ng proletaryadong Ruso ang simpatya at suporta ng inaaping mga mamamayan ng dating Imperyong Ruso. Ngunit para makuha ang simpatya at suporta ng

mga mamamayang ito, kinailangan muna nitong lagutin ang kadena ng imperyalismong Ruso at palayain ang mga mamamayang ito mula sa pamatok ng pambansang pang-aapi.

Kung wala ito, naging imposible sana na konsolidahin ang kapangyarihang Sobyet, itanim ang tunay na internasyunalismo, at likhain ang pambihirang organisasyon para sa kolaborasyon ng mga mamamayan na tinatawag na Unyon ng mga Sosyalistang Republikang Sobyet (Union of Soviet Socialist Republics), at tumatayong buhay na halimbawa ng unyon ng mamamayan sa hinaharap sa iisang pandaigdigang sistema sa ekonomya.

Samakatwid kailangang labanan ang pambansang isolasyunismo, kakitiran-ng-pag-iisip, at pagiging malayô sa inaaping mga bayan ng mga sosyalista na ayaw umalpas sa kanilang pambansang parokyalismo at hindi nakauunawa sa ugnayan ng kilusan sa pagpapalaya sa sarili nilang mga bayan at ng proletaryong kilusan sa naghaharing mga bayan.

Kung wala ang naturang pakikibaka, hindi mahihinagap na mapananatili ng proletaryado ng inaaping mga bansa ang nagsasariling patakaran at makauring solidaridad nito sa proletaryado ng naghaharing mga bayan sa paglaban para ibagsak ang kaaway na komun, sa pakikibaka para ibagsak ang imperyalismo.

Kung wala ang naturang pakikibaka, imposible ang internasyunalismo.

Sa ganoong paraan dapat edukahin ang masang anakpawis ng dominante at inaaping mga bansa sa diwa ng rebolusyonaryong internasyunalismo.

Ganito ang sinasabi ni Lenin hinggil sa dalawahang tungkuling ito ng komunismo sa pag-ee-duka sa mga manggagawa sa diwa ng internasyunalismo:

“Maaari bang ang ganoong edukasyon... ay maging *kapareho sa kongkreto*, sa malalaki at nang-aaping mga bansa at sa maliliit at inaaping mga bansa, sa mga nananakop na bansa at sa sinakop na mga bansa?

“Malinaw na hindi. Ang landas tungo sa iisang layunin – sa ganap na pagkakapantay-pantay, sa pinakamahihigpit na pag-uugnayan at kasunod na *pagsasama-sama ng lahat* ng bansa – ay malinaw na makarating dito sa magkakaibang ruta sa bawat kongkretong kaso; sa paraan ding iyon, halimbawa, na ang ruta patungo sa isang punto sa gitna ng isang takdang pahina ay nasa gawing kaliwa ng isang dulo at nasa gawing kanan ng kabilang dulo. Kung ang isang Sosyal-Demokrata na kasapi ng isang malaki, nang-aapi at nananakop na bansa, habang itinataguyod ang pagsasama-sama ng mga bansa sa pangkalahatan, ay makakalimot kahit sansaglit na ang ‘kanyang’ Nicholas II, ang ‘kanyang’ Wilhelm, George, Poincaré, atbp., ay *naninindigan din para sa pagsasama-sama* ng maliliit na bansa (sa pamamagitan ng mga aneksasyon) – si Nicholas II, para sa ‘pakikipag-isa’ sa Galicia, si Wilhelm II para sa ‘pakikipag-isa’ sa Belgium, atbp. – ang Sosyal-Demokratang iyon ay magiging kakatwang dogmatiko sa teorya at tagapagtanggol ng imperyalismo sa praktika.

“Ang bigat ng diin sa internasyunalistang edukasyon ng mga manggagawa sa nang-aaping mga bayan ay kinakailangang buuin ng pamamandila at pagtataguyod nila sa kalayaan sa sesesyon ng inaaping mga bansa. Kung wala ito, *hindi* magkakaroon ng internasyunalismo. Karapatan at tungkulin natin na ituring na imperyalista at buhong ang bawat Sosyal-Demokrata ng nang-aaping bansa na *bigong* magsagawa ng ganoong propaganda. Ito ay isang absolutong kahingian, kahit pa ang pagiging posible at ‘praktikal’ ng tsansa ng pagsasarili bago ng introduksyon ng sosyalismo ay isa lamang sa sanlibo...

Title page : dapat on National Question p.105

“Sa kabilang banda, dapat magbigay-diin ang isang Sosyal-Demokrata ng maliit na bansa sa kanyang ahitasyon sa *ikalawang* salita ng ating pangkalahatang pormula: ‘boluntaryong *pagsasanib-sanib*’ ng mga bansa. Maaari siyang pumabor, nang hindi nalalabag ang kanyang mga tungkulin bilang isang internasyunalista, sa kasarinlang pampulitika *man* ng kanyang bansa *o kaya’y* sa pagpapaloob nito sa karatig na estadong X, Y, Z, atbp. Ngunit sa lahat ng kaso, dapat makibaka siya *laban* sa kakitiran-ng-pag-iisip ng maliitnabansa, isolasyunismo at pagiging malayô sa lahat, dapat makibaka siya para sa pagkilala sa kabuuan at pangkalahatan, para sa pagpapailalim ng interes ng partikular sa interes ng pangkalahatan.

“Sa palagay ng mga tao na hindi pa lubusang napag-iisipan ang usapin, may ‘kontradiksiyon’ sa paggigiit ng mga Sosyal-Demokrata ng nang-aaping mga bansa ng ‘kalayaan sa *sesesyon*’, habang iginigiit naman ng mga Sosyal-Demokrata sa inaaping mga bansa ang ‘kalayaan sa *pagsasanib*.’ Gayunman, makikita sa maikling pagsusuri na wala, at hindi magkakaroon, ng anumang *iba pang* landas mula sa *takdang* sitwasyon tungo sa internasyunalismo at pag-iisa ng mga bansa, walang anumang *iba pang* landas tungo sa layuning ito.” (Tingnan, Tomo XIX, pp. 261-262.)⁽¹⁾

VII. ESTRATEHIYA AT MGA TAKTIKA

Sa temang ito, tatalakayin ko ang anim na usapin:

- a) estratehiya at mga taktika bilang syensya ng pamumuno sa makauring pakikibaka ng proletaryado;
- b) mga yugto ng rebolusyon, at estratehiya;
- k) ang pag-agos at paghupa ng kilusan, at mga taktika;
- d) estratehikong pamumuno;
- e) taktikal na pamumuno;
- g) repormismo at rebolusyonismo.

1) *Estratehiya at mga taktika bilang syensya ng pamumuno sa makauring pakikibaka ng proletaryado.* Ang panahon ng dominasyon ng Ikalawang Internasyunal ay isang panahon pangunahin ng pagbubuo at pagsasanay ng mga proletaryong pampulitikang hukbo sa kalagayan ng humigit-kumulang payapang pag-unlad. Panahon ito ng parlamentarismo bilang nangingibabaw na anyo ng makauring pakikibaka. Ang mga usapin ng malalaking banggaan ng mga uri, ng paghahanda ng proletaryado para sa mga rebolusyonaryong labanan, ng pamamaraan sa pagkakamit ng diktadura ng proletaryado, ay hindi pa napapanahong usapin sa sandaling iyon. Ang tungkulin ay nalimita sa paggamit ng lahat ng pamamaraan ng ligal na pag-unlad sa layuning buuin at sanayin ang mga proletaryong hukbo, sa paggamit ng parlamentarismo na naaayon sa kalagayang kinatatayuan ng proletaryado, at sa wari'y kinailangang katayuan, ang katayuan bilang oposisyon. Hindi na kailangang patunayan na sa ganoong panahon at sa ganoong pagkakaunawa sa mga tungkulin ng proletaryado, hindi magkakaroon ng integral na estratehiya o kaya'y detalyadong mga taktika. May pira-piraso at hiwa-hiwalay na mga ideya ukol sa mga taktika at estratehiya, pero walang mga taktika o estratehiya bilang mga taktika o estratehiya.

Ang malubhang kasalanan ng Ikalawang Internasyunal ay hindi dahil tinahak nito sa panahong iyon ang mga taktika ng paggamit sa mga parlamentaryong anyo ng pakikibaka, kundi dahil labis nitong pinalaki ang halaga ng mga anyong ito, itinuring na halos ito lamang ang mga anyo; at nang sumapit ang panahon ng hayag na mga rebolusyonaryong labanan at nalagay sa hapag ang usapin ng ekstra-parlamentaryong mga anyo ng pakikibaka, tinalikuran ng mga partido ng Ikalawang Internasyunal ang bagong mga tungkuling ito at tumangging balikatin ang mga ito.

Sa sumunod na panahon lamang, sa panahon ng tuwirang aksyon ng proletaryado, sa panahon ng proletaryong rebolusyon, nang ang usapin ng pagbabagsak sa burgesya ay naging usapin ng kagyat na aksyong praktikal; nang ang usapin ng mga reserba ng proletaryado (stratehiya) ay naging isa sa pinakamaiinit na usapin; nang ang lahat ng anyo ng pakikibaka at ng organisasyon, parlamentaryo at ekstra-parlamentaryo (mga taktika), ay malinaw na inilahad ang sarili – sa panahong ito lamang mababalangkas ang isang integral na estratehiya at detalyadong mga taktika para sa pakikibaka ng proletaryado. Sa panahong ito mismo isiniwalat ni Lenin ang maningning na mga ideya nina Marx at Engels hinggil sa mga taktika at estratehiya na sinupil ng mga oportunistang Ikalawang Internasyunal. Pero hindi tumigil si Lenin sa panunumbalik lamang muli ng partikular na mga panukala nina Marx at Engels hinggil sa mga taktika. Ibayo pa niyang pinaunlad ang mga ito at pinagyaman ng bagong mga ideya at panukala, at pinagsama-samang lahat sa isang sistema ng panuntunan at mga prinsipyong gabay para sa pamumuno sa makauring pakikibaka ng proletaryado. Ang mga polyeto ni Lenin, tulad ng *Ano ang Nararapat Gawin? [What Is To Be Done?]*, *Dalawang Taktika*

[*Two Tactics*], *Imper-yalismo* [*Imperialism*], *Estado at Rebolusyon* [*The State and Revolution*], *Ang Proletaryong Rebolusyon at ang Taksil na si Kautsky* [*The Proletarian Revolution and the Renegade Kautsky*], "*Kaliwang-Panig*" na *Komunismo* [*"Left-Wing" Communism*], ay walangdudang bumubuo ng di matatawarang ambag sa kabang-yaman ng Marxismo, sa rebolusyonaryong arsenal nito. Ang estratehiya at mga taktika ng Leninismo ay bumubuo sa syensya ng pamumuno sa rebolusyonaryong pakikibaka ng proletaryado.

2) *Mga yugto ng rebolusyon, at estratehiya*. Ang estratehiya ay pagtatakda ng direksyon ng pangunahing hambalos ng proletaryado sa isang takdang yugto ng rebolusyon, ang pagpapalawig ng katugmang plano para sa disposisyon ng mga rebolusyonaryong pwersa (pangunahin at sekundaryong mga reserba), ang pakikibaka para isakatuparan ang planong ito sa buong panahon ng takdang yugto ng rebolusyon.

Nagdaan na ang ating rebolusyon sa dalawang yugto, at matapos ang Rebolusyong Oktubre ay pumasok sa ikatlo. Alinsunod sa mga ito'y nagbago ang ating estratehiya.

Unang Yugto. 1903 hanggang Pebrero 1917. Layunin: ibagsak ang tsarismo at ganap na pawiin ang mga labi ng midyebalismo. Ang pangunahing pwersa ng rebolusyon: ang proletaryado. Kagyat na mga reserba: ang mga magsasaka. Direksyon ng pangunahing hambalos: ang paghihiwalay sa liberal-monarkistang burgesya, na nagsisikap na kabigin ang magsasaka at sugpuin ang rebolusyon sa pamamagitan ng *pakikipagkompromiso* sa tsarismo. Plano para sa disposisyon ng mga pwersa: pakikipag-alyansa ng uring manggagawa sa uring magsasaka. "Dapat kumpletuhin ng proletaryado ang demokratikong rebolusyon, sa pamamagitan ng pakikipag-alyansa sa masa ng uring magsasaka para pwersahang durugin ang paglaban ng awtokrasya at paralisahin ang pagkamabuway ng burgesya." (Lenin, Tomo VIII, p. 96.)⁽¹⁾

Ikalawang yugto. Marso 1917 hanggang Oktubre 1917. Layunin: ibagsak ang imperyalismo sa Rusya at lumabas sa imperyalistang digmaan. Ang pangunahing pwersa ng rebolusyon: ang proletaryado. Kagyat na mga reserba: ang uring maralitang magsasaka. Ang proletaryado ng karatig-bayan bilang malamang na reserba. Ang matagalang digmaan at krisis ng imperyalismo bilang paborableng salik. Direksyon ng pangunahing hambalos: paghihiwalay sa petiburges na mga demokrata (mga Menshevik at Sosyalista-Rebolusyonaryo), na nagsisikap na kabigin ang masang anakpawis ng mga magsasaka at sugpuin ang rebolusyon sa pamamagitan ng *pakikipagkompromiso* sa imperyalismo. Plano para sa disposisyon ng mga pwersa: pakikipag-alyansa ng proletaryado sa uring maralitang magsasaka. "Dapat isulong ng proletaryado ang sosyalistang rebolusyon, sa pamamagitan ng pakikipag-alyansa nito sa masa ng mga elementong mala-proletaryo ng populasyon para pwersahang durugin ang paglaban ng burgesya at paralisahin ang pagkamabuway ng uring magsasaka at petiburgesya." (*Ibid.*)

Ikatlong yugto. Nagsimula pagkatapos ng Rebolusyong Oktubre. Layunin: konsolidahin ang diktadura ng proletaryado sa isang bayan, gamitin ito bilang base para gapiin ang imperyalismo sa lahat ng bayan. Lumaganap ang rebolusyon nang lampas sa hangganan ng isang bayan; nagsimula na ang kapanahunan ng rebolusyong pandaigdig. Ang mga pangunahing pwersa ng rebolusyon: ang diktadura ng proletaryado sa isang bayan, at ang rebolusyonaryong kilusan ng proletaryado sa lahat ng bayan. Pangunahing mga reserba: ang masang mala-proletaryo at masa ng maliliit na magsasaka sa mauunlad na bayan, at ang kilusan sa pagpapalaya sa mga kolonya at dependyenteng bayan. Direksyon ng pangunahing hambalos: paghihiwalay sa mga petiburges na demokrata, at paghihiwalay sa mga partido ng Ikalawang Internasyunal, na bumubuo ng pangunahing suporta sa patakaran ng *pakikipagkompromiso* sa imperyalismo. Plano para sa disposisyon ng mga pwersa: pakikipag-alyansa ng proletaryong rebolusyon sa kilusan sa pagpapalaya sa mga kolonya at dependyenteng bayan.

Ang estratehiya ay pumapatungkol sa mga pangunahing pwersa ng rebolusyon at mga reserba ng mga ito. Nagbabagu-bago ito sa pagtungo ng rebolusyon mula sa isang yugto tungo sa isa pa, pero sa saligan ay hindi nagbabago sa kabuuan ng isang takdang yugto.

3) *Ang pag-agos at paghupa ng kilusan, at mga taktika.* Ang mga taktika ay ang pagtatakda ng linya ng pagkilos ng proletaryado sa relatibong maigsing panahon ng pag-agos o paghupa ng kilusan, ng paglakas o paghina ng rebolusyon, ang pakikibaka para ipatupad ang linyang ito sa pamamagitan ng pagpapalit ng bago sa mga lumang anyo ng pakikibaka at organisasyon, ng bagong mga islogan sa luma, sa pagkukumbina ng mga anyong ito, atbp. Samantalang ang layunin ng estratehiya ay ang ipagwagi ang digma laban sa tsarismo, halimbawa, o laban sa burgesya, isulong ang pakikibaka laban sa tsarismo o laban sa burgesya hanggang katapusan, ang mga taktika ay nakatuon sa hindi ganoon kahalagang mga layunin; ito ay dahil ang layunin nito'y hindi ang pagwawagi sa digma sa kabuuan, kundi ang pagwawagi ng ilang partikular na labanan o ilang partikular na sagupaan, ang matagumpay na pagsasakatuparan ng ilang partikular na kampanya o aksyon na katugma ng kongkretong mga kalagayan sa isang takdang panahon ng paglakas o paghina ng rebolusyon. Ang mga taktika ay bahagi ng estratehiya, nakapailalim dito at naglilingkod dito.

Nagbabago ang mga taktika alinsunod sa pag-agos o paghupa. Habang hindi nagbabago ang estratehikong plano sa panahon ng unang yugto ng rebolusyon (1903 hanggang Pebrero 1917), ilang ulit na nagbago ang mga taktika sa panahong iyon. Sa panahon mula 1903 hanggang 1905, nagpatupad ang Partido ng opensibong mga taktika, dahil palakas ang agos ng rebolusyon, pasulong ang kilusan, at kailangang bumatay ang mga taktika sa kalagayang ito. Alinsunod dito, rebolusyonaryo ang mga anyo ng pakikibaka, tumutugma sa mga rekisito ng palakas na agos ng rebolusyon. Mga lokal na welgang pampulitika, mga demonstrasyong pampulitika, pangkalahatang welgang pampulitika, pagboykot sa Duma, pag-aalsa, rebolusyonaryong mga islogang palaban – ganoon ang mga anyo ng pakikibaka na naghalinhinan sa isa't isa sa panahong iyon. Ang mga pagbabagong ito sa mga anyo ng pakikibaka ay sinabayan ng katugmang mga pagbabago sa mga anyo ng organisasyon. Mga komite sa pabrika, rebolusyonaryong komiteng magsasaka, komite sa welga, Sobyet ng mga kinatawan ng mga manggagawa, isang partido ng manggagawa na humigit-kumulang ay kumikilos nang hayag – ganoon ang mga anyo ng organisasyon sa panahong iyon.

Sa panahong mula 1907 hanggang 1912, naobliga ang Partido na gumamit ng mga taktika ng pag-atras; ito ay dahil dinanas natin noon ang paghina ng rebolusyonaryong kilusan, ang paghupa ng rebolusyon, at kinailangan na isaalang-alang ng mga taktika ang kalagayang ito. Ang mga anyo ng pakikibaka, gayundin ang mga anyo ng organisasyon, ay nagbago alinsunod dito: sa halip na pagboykot sa Duma – partisipasyon sa Duma; sa halip na hayagang rebolusyonaryong mga aksyon sa labas ng Duma – aksyon at gawain sa loob ng Duma; sa halip na pangkalahatang welgang pampulitika – parsyal na mga welgang pang-ekonomya, o simpleng paghupa ng mga aktibidad. Mangyari pa, kinailangan na mag-*andergrawn* ang Partido sa panahong iyon, habang hinalinhan naman ang mga rebolusyonaryong organisasyong masa ng pangkultura, pang-edukasyon, kooperatiba, panseguro at iba pang ligal na mga organisasyon.

Ganoon din ang masasabi sa ikalawa at ikatlong yugto ng rebolusyon, kung kailan nagbago nang maraming ulit ang mga taktika, habang ang estratehikong mga plano ay nanatiling hindi nagbabago.

Ang mga taktika ay pumapatungkol sa mga anyo ng pakikibaka at mga anyo ng organisasyon ng proletaryado, sa mga pagbabago at kumbinasyon ng mga ito. Sa isang takdang yugto ng rebolusyon, maaaring magbago nang ilang ulit ang mga taktika, depende sa pag-agos o paghupa, sa paglakas o paghina, ng rebolusyon.

4) *Estratehikong pamumuno*. Ang mga reserba ng rebolusyon ay maaaring maging:

tuwiran: a) ang uring magsasaka at sa pangkalahatan ang intermedyang saray ng populasyon sa loob ng bayan; b) ang proletaryado ng mga karatig-bayan; k) ang rebolusyong kilusan sa mga kolonya at dependyenteng bayan; d) ang tagumpay at ganansya ng diktadura ng proletaryado – na ang bahagi ay maaaring isuko pansamantala ng proletaryado, habang pinananatili ang superyoridad ng mga pwersa, para mabayaran at mapigil ang isang malakas na kaaway at makakuha ng pansamantalang pahinga; at

di-tuwiran: a) ang mga kontradiksyon at banggaan sa hanay ng mga uring di proletaryo sa loob ng bayan, na magagamit ng proletaryado para pahinain ang kaaway at palakasin ang sarili nitong mga reserba; b) mga kontradiksyon, banggaan at digmaan (ang imperyalistang digmaan, halimbawa) sa hanay ng mga estadong burges na antagonistiko sa proletaryong estado, na magagamit ng proletaryado sa opensiba nito o sa pagmaniobra sakaling kailanganin ang pag-atras.

Hindi na kailangang magpalawig pa tungkol sa mga reserba sa unang kategorya, dahil malinaw sa lahat ang kabuluhan ng mga ito. Kaugnay ng mga reserba sa ikalawang kategorya, na hindi laging malinaw ang kabuluhan, kailangang sabihin na minsá’y may malaking kahalagahan ang mga ito sa pagsulong ng rebolusyon. Hindi maitatwa ninuman ang napakalaking kahalagahan, halimbawa, ng tunggalian sa pagitan ng petiburges na mga demokrata (mga Sosyalista-Rebolusyongyano) at liberal-monarkistang burgesya (mga Kadet) sa panahon at matapos ang unang rebolusyon, na walangdudang tumulong na mapalaya ang uring magsasaka sa impluwensya ng burgesya. Lalong walang dahilan na itatwa ang napakalaking kahalagahan ng katotohanan na ang mga prinsipal na grupong imperyalista ay sangkot sa isang madugong digmaan noong panahon ng Rebolusyong Oktubre, nang ang mga imperyalista, na abala sa digmaan sa hanay nila, ay hindi makapagkonsentra ng kanilang mga pwersa laban sa batang kapangyarihang Sobyet, at ang proletaryado, sa dahilang ito mismo, ay nakapagtuon sa gawaing organisahin ang mga pwersa nito at konsolidahin ang kapangyarihan nito, at nakapagtanda para gapiin sina Kolchak at Denikin. Dapat ipagpalagay ngayon, kung kailan palalim nang palalim ang mga kontradiksyon sa hanay ng mga imperyalistang grupo, at sa panahong nagiging tiyak ang bagong digmaan sa hanay nila, magkakaroon ng mas malaking kahalagahan para sa proletaryado ang tipong ito ng mga reserba.

Ang tungkulin ng estratehikong pamumuno ay gamitin sa wastong paraan ang lahat ng reserbang ito para makamit ang pangunahing layunin ng rebolusyon sa takdang yugto ng pag-unlad nito.

Ano ang ibig sabihin ng wastong paggamit sa mga reserba?

Nangangahulugan ito ng pagtupad sa ilang kinakailangang kundisyon, na ang sumusunod ang maituturing na pangunahin:

Una. Ang pagkonsentra ng mga pangunahing pwersa ng rebolusyon sa pinakamahinang bahagi ng kaaway sa mapagpasyang sandali, kung kailan hinog na ang rebolusyon, kung kailan todo-todo ang pagsulong ng opensiba, kung kailan kumakatok sa tarangkahan ang insureksyon, at kung kailan ang pagdadala ng mga reserba sa paligid ng taliba ang siyang mapagpasyang kundisyon ng tagumpay. Ang estratehiya ng Partido sa panahon mula Abril hanggang Oktubre 1917 ay maaaring kunin na halimbawa ng ganitong paraan ng paggamit sa mga reserba. Walang duda na ang pinakabulnerableng bahagi ng kaaway noon ay ang digmaan. Walang duda na sa usaping ito, bilang pundamental na usapin, pinakilos ng Partido ang pinakamalawak na masa ng mamamayan sa pamumuno ng proletaryong taliba. Ang estratehiya ng Partido sa panahong iyon, habang sinasanay ang taliba sa aksyon sa lansangan sa pamamagitan ng mga pagpapahayag at demonstrasyon, ay dalhin ang mga reserba sa

paligid ng taliba sa pamamagitan ng mga Sobyet sa likuran at ng mga komite ng mga sundalo sa larangan ng labanan. Ipinakita ng kinahinatnan ng rebolusyon na ang mga reserba ay nagamit nang wasto.

Narito ang sinabi ni Lenin, na ibinatay sa bantog na tesis nina Marx at Engels hinggil sa insureksyon, ukol sa kundisyong ito ng estratehikong paggamit sa mga pwersa ng rebolusyon:

“1) *Huwag maglaro* ng insureksyon, pero kapag sinimulan na ito, matatag na tantuhing dapat mo itong ituloy *hanggang katapusan*.

“2) Ikonsentra *ang malaking superyoridad ng mga pwersa* sa mapagpasyang punto, sa mapagpasyang sandali, dahil kung hindi, ang mga nag-aklas ay maigugupo ng kaaway na may bentahe ng mas mahusay na paghahanda at organisasyon.

“3) Sa sandaling magsimula na ang insureksyon, dapat kumilos nang may lubos na *determinasyon*, at anuman ang mangyari, kunin ang *opensiba* nang walang palya. ‘Ang depensiba ang kamatayan ng lahat ng armadong pag-aalsa.’

“4) Dapat magsikap na sorpresahin ang kaaway at sungaban ang pagkakataon na nakakalat ang kanyang mga pwersa.

“5) Dapat magsikap makatamo ng tagumpay sa *araw-araw*, kahit na maliliit (maaari ngang sabihin na oras-oras, kung sa kaso ng isang kabayanan), at anuman ang mangyari ay panatilihin ang ‘*moral na superyoridad*’ [‘moral ascendancy’].” (Tomo XXI, pp. 319-20)⁽¹⁾

Ikalawa. Ang pagpili ng sandali para sa mapagpasyang bigwas, ng sandali para simulan ang insureksyon, na itinyempo para sumabay sa sandaling ang krisis ay humantong na sa rurok nito, sa panahong handa nang makipaglaban ang taliba hanggang katapusan, handa na ang reserba na sumuporta sa taliba, at sukdulang panghihilakbot ang naghahari sa hanay ng kaaway.

Ang mapagpasyang laban, sabi ni Lenin, ay maituturing na naging ganap nang nahinog *kung* “(1) ang lahat ng makauring pwersa na lumalaban sa atin ay sapat nang nagkabuhul-buhol, sapat nang nagkakasalungatan, sapat nang napahina sa labanang lampas sa kanilang lakas”; *kung* “(2) ang lahat ng mabuway, patawing-tawing, di istableng intermedyang mga elemento – ang petiburgesya, ang petiburges na mga demokrata na iba pa sa burgesya – ay sapat nang naglantad ng kanilang mga sarili sa mata ng mamamayan, sapat nang sinira ang mga sarili sa kanilang pagkabangkarote sa praktika”; *kung* “(3) sa hanay ng proletaryado ay lumitaw at nagsimulang masiglang lumago ang malawakang sentimyentong pabor na suportahan ang pinakadeterminado at lubusang mapangahas na rebolusyonaryong aksyon laban sa burgesya. Sa panahong iyon, hinog na nga ang rebolusyon; sa panahong iyon, sa katunayan, kung wasto nating natantya ang lahat ng kundisyon na nabanggit sa itaas... at kung tama nating napili ang sandali ay tiyak ang ating tagumpay.” (Tomo XXV, p. 229.)⁽¹⁾

Ang paraan kung paano isinulong ang pag-aalsang Oktubre ay maaaring gamiting halimbawa bilang huwaran ng gayong estratehiya.

Ang kabiguang tuparin ang kundisyong ito ay mauuwi sa mapanganib na kamaliang tinatawag na “pagkawala ng tyempo”, kung kailan nahuhuli ang Partido sa kilusan o lubhang nauuna rito, na nahaharap sa panganib na mabigo. Isang halimbawa ng gayong “pagkawala ng tyempo,” kung paano maling pinili ang sandali para sa pag-aalsa, ay makikita sa pagtatangka na ginawa ng isang seksyon ng ating mga kasama na simulan ang pag-aalsa sa pag-aresto sa Demokratikong Kumperensya ng Setyembre 1917, nang litaw pa ang pagkamabuway sa mga Sobyet, nang ang mga hukbo sa larangan ay hindi pa nakapagpapasya, nang ang mga reserba ay hindi pa nadadala sa paligid ng taliba.

Ikatlo. Matatag na pagtahak sa landas, anuman ang kahirapan at kumplikasyon na kaharapin sa daan tungo sa layunin; kinakailangan ito nang sa gayo’y hindi mawala sa tanaw ng taliba ang pangunahing layunin ng pakikibaka at nang sa gayo’y hindi maligaw ng landas ang masa habang nagmamartsa tungo sa layunin at nagsisikap na kumilos sa pamumuno ng taliba. Kung mabibigong tuparin ang kundisyong ito, mauuwi sa isang malubhang pagkakamali, na kilala sa mga mandaragat bilang “pagkawala ng timon”. Bilang halimbawa ng “pagkawala ng timon” na ito, maaari nating ihalimbawa ang maling ikinilos ng ating Partido nang, pagkatapos na pagkatapos ng Demokratikong Kumperensya, nagpatibay ito ng

resolusyon na lumahok sa Pre-parlamento. Sandaling nakaligtaan ng Partido, gaya nang nangyari, na ang Pre-parlamento ay pagtatangka ng burgesya na ilihis ang bayan mula sa landas ng mga Sobyet tungo sa landas ng burges na parlamentarismo, na ang paglahok ng Partido sa ganoong lupon ay maaaring magresulta sa paghahalu-halo ng lahat at panlilito sa mga manggagawa at magsasaka, na noo'y nagsusulong ng rebolusyonyong pakikibaka sa islogang "Lahat ng kapangyarihan sa mga Sobyet". Ang pagkakamaling ito ay iwinasto sa pamamagitan ng pag-alis ng mga Bolshevik sa Pre-parlamento.

Ikaapat. Ang pagmaniobra ng mga reserba sa layuning ipatupad ang angkop na pag-atras kapag malakas ang kaaway, kapag di maiiwasan ang pag-atras, kapag malinaw na madisbentaheng pumasok sa isang labanan na ipinuwersa sa atin ng kaaway, kapag ayon sa takdang relasyon ng mga pwersa ay pag-atras lamang ang paraan para maiwasan ang bigwas laban sa taliba at mapanatili ang mga reserba para sa taliba.

"Dapat kumpletuhin ng mga rebolusyonyong partido," sabi ni Lenin, "ang kanilang edukasyon. Natutunan nilang umatake. Ngayon, dapat nilang matanto na ang kaalamang ito ay dapat suplementuhan ng kaalaman kung paano wastong umatras. Kailangan maunawaan nila - at tinuturuan ang rebolusyonyong uri na unawain ito sa pamamagitan ng sarili nitong masaklap na karanasan - na imposible ang tagumpay liban kung matuto sila kapwa kung paano umatake at kung paano wastong umatras." (Tomo XXV, p. 177.)⁽¹⁾

Ang layunin ng estratehiyang ito ay makaagaw ng panahon, guluhin ang kaaway, at makapagtapon ng mga pwersa para pagkatapos ay ipagpatuloy ang opensiba.

Ang paglagda sa Kapayapaang Brest ay maaaring gawing huwaran ng estratehiyang ito; ito ay dahil tinulutan nito ang Partido na makaagaw ng panahon, masamantala ang mga tunggalian sa kampo ng imperyalista, magulo ang mga pwersa ng kaaway, mapanatili ang suporta ng uring magsasaka, at makapagtapon ng pwersa sa paghahanda para sa opensiba laban kina Kolchak at Denikin.

"Sa pagpapatibay ng hiwalay na kapayapaan," sabi ni Lenin sa panahon na iyon, "pinapalaya natin ang ating sarili *hanggang sa antas na posible sa kasalukuyang panahon* mula sa dalawang nagdirigmaang imperyalistang grupo, sinasamantala natin ang kanilang mutwal na pagkamuhi at paglalabanan, na nakahahadlang sa kanila na magkasundo laban sa atin, at sa ilang panahon ay may kaluwagan tayo para sumulong at konsolidahin ang sosyalistang rebolusyon. (Tomo XXII, p. 198.)⁽²⁾

"Ngayon, makikita maging ng pinakamalaking hangal," sabi ni Lenin tatlong taon matapos ang Kapayapaang Brest, "na ang 'Kapayapaang Brest' ay isang konsesyon na nagpalakas sa atin at naglansag sa pwersa ng pandaigdigang imperya-lismo." (Tomo XXVII, p. 7.)⁽³⁾

Ganoon ang mga prinsipal na kundisyon na nagtitiyak ng wastong estratehikong pamumuno.

5) *Taktikal na pamumuno.* Ang taktikal na pamumuno ay bahagi ng estratehikong pamumuno, nakapailalim sa mga tungkulin at rekisitos ng huli. Ang tungkulin ng taktikal na pamumuno ay magpakadalubhasa sa lahat ng anyo ng pakikibaka at organisasyon ng proletaryado at tiyakin na wastong nagagamit ang mga ito para makamit, batay sa takdang relasyon ng mga pwersa, ang maksimum na mga resultang kailangan para ihanda ang estratehikong tagumpay.

Ano ang ibig sabihin ng wastong paggamit ng mga anyo ng pakikibaka at organisasyon ng proletaryado?

Nangangahulugan ito ng pagtupad sa ilang kinakailangang kundisyon, na ang sumusunod ay maituturing na pangunahin:

Una. Ang paglalagay sa unahan ng mga anyong iyon mismo ng pakikibaka at organisasyon na pinakaakma sa namamayaning kundisyon sa pag-agos o paghupa ng kilusan sa isang takdang sandali, at kung gayon ay nagpapadulas at nagtitiyak na mailalagay ang masa sa rebolusyonyong pusisyon, ang pagdadala ng milyun-milyon sa rebolusyonyong larangan, at kanilang disposisyon sa rebolusyonyong larangan.

Ang punto rito ay hindi iyong dapat maunawaan ng taliba na imposible ang pananatili ng lumang rehimen at tiyak ang pagbabagsak nito. Ang punto ay dapat maintindihan ng masa, ng milyun-milyon, ang katiyakang ito at ipakita ang kanilang kahandaan na suportahan ang taliba. Pero maiintindihan lamang ito ng masa mula sa sarili nilang karanasan. Ang tungkulin ay tulutan ang malawak na masa na mabatid mula sa sarili nilang karanasan ang katiyakan ng pagbabagsak sa lumang rehimen, ipalaganap ang ganoong mga paraan ng pakikibaka at anyo ng organisasyon na magpapadali na maunawaan ng masa mula sa karanasan ang kawastuan ng mga rebolusyonaryong islogan.

Nahiwalay sana ang taliba mula sa uring manggagawa, at ang uring manggagawa ay nawalan sana ng ugnay sa masa, kung hindi nagpasya sa panahong iyon ang Partido na lumahok sa Duma, kung hindi ito nagpasya na ikonsentra ang mga pwersa nito sa gawain sa Duma at paunlarin ang pakikibaka batay sa gawaing ito, para lalong maging madali para sa masa na matutunan mula sa sarili nilang karanasan ang kawalang-saysay ng Duma, ang kahungkagan ng mga pangako ng mga Kadet, ang pagiging imposible ng kompromiso sa tsarismo, at ang katiyakan ng alyansa sa pagitan ng uring magsasaka at uring manggagawa. Kung hindi nakakuha ng karanasan ang masa sa panahon ng Duma, magiging imposible ang paglalantad sa mga Kadet at hegemonya ng proletaryado.

Ang panganib ng mga taktikang “Otzovista” (“buntotista”) ay nagbanta ang mga ito na ihiwalay ang taliba mula sa milyun-milyong reserba nito.

Nahiwalay sana ang Partido sa uring manggagawa, at ang uring manggagawa ay nawalan sana ng impluwensya nito sa malawak na masa ng magsasaka at sundalo, kung sumunod ang proletaryado sa mga “Kaliwang” Komunista, na nanawagan ng pag-aalsa noong Abril 1917, nang hindi pa nalantad ng mga Menshevik at Sosyalista-Rebolusyonaryo ang kanilang mga sarili bilang tagapagtaguyod ng digmaan at imperyalismo, nang hindi pa natutunan ng masa mula sa sarili nilang karanasan ang kahungkagan ng mga talumpati ng mga Menshevik at Sosyalista-Rebolusyonaryo ukol sa kapayapaan, lupa at kalayaan. Kung hindi nakuha ng masa ang ganitong karanasan sa panahon ni Kerensky, hindi sana nahiwalay ang mga Menshevik at Sosyalista-Rebolusyonaryo at magiging imposible ang diktadura ng proletaryado. Samakatwid, ang mga taktika ng “matiyagang pagpapaliwanag” sa mga kamalian ng mga partidong petiburges at ng hayag na pakikibaka sa loob ng mga Sobyet ang tanging wastong taktika.

Ang panganib ng mga taktika ng mga “Kaliwang” Komunista ay nagbanta ang mga ito na itransporma ang Partido mula sa pagiging lider ng proletaryong rebolusyon tungo sa pagiging sandakot na inutil na mga konspirador na walang matuntungang batayan.

“Hindi makakamit ang tagumpay sa pamamagitan ng taliba lamang,” sabi ni Lenin. “Ang pagsabak ng taliba nang nag-iisa sa mapagpasyang labanan, bago ang buong uri, bago makap^usisyon ang malawak na masa sa tuwirang pagsuporta man sa taliba, o sa pinakamalenos ay mapagpalang nyutralidad tungo dito... ay hindi lamang kahangalan kundi isang krimen. At para ang buong uri sa katunayan, ang malawak na masa sa katunayan ng anakpawis at iyong inaapi ng kapital ay pum^usisyon nang ganoon, hindi sapat ang propaganda at ahitasyon lamang. Para rito, ang masa ay kailangang magkaroon ng sarili nilang pampulitikang karanasan. Ganoon ang pundamental na batas ng lahat ng dakilang rebolusyon, na pinatunayan ngayon nang may kamangha-manghang lakas at linaw, hindi lamang sa Rusya kundi maging sa Germany. Hindi lamang ang walang kultura, kadalasa’y hindi nakapag-aral na masa ng Rusya, kundi ang may mataas na kultura, lubusang nakapag-aral na masa ng Germany ang kailangang makaunawa mula sa sarili nilang masaklap na karanasan sa absolutong pagkainutil at kawalang gulugod, ang absolutong kawalan ng pag-asa at pangangayupapa sa burgesya, ang pagiging tahasang kasuklam-suklam, ng gubyrno ng mga kabalyero ng Ikalawang Internasyunal, ang absolutong katiyakan ng diktadura ng sagadsaring mga reaksyunaryo (Kornilov sa Rusya, Kapp⁴⁴ at pangkatin niya sa Germany) bilang tanging alternatiba sa diktadura ng proletaryado nang sa gayo’y matatag na bumaling tungong komunismo.” (Tomo XXV, p. 228.)⁽¹⁾

Ikalawa. Ang pagtukoy sa anumang takdang panahon sa partikular na kawing sa kadena ng mga proseso na, kapag nasunggan, ay makabibigay sa atin ng kakayahang mahawakan ang buong kadena at makapaghahanda ng mga kundisyon para sa pagkakamit ng estratehikong tagumpay. Ang usapin dito ay matukoy mula sa lahat ng mga tungkuling kinakaharap ng Partido ang partikular na kagyat na tungkulin, na ang pagsasakatuparan ay bumubuo ng sentral na punto, at ang pagkakamit niyon ay magtitiyak na matagumpay na maipatutupad ang iba pang kagyat na mga tungkulin.

Ang kahalagahan ng tesis na ito ay maipapakita sa dalawang halimbawa, na ang isa ay mahahalaw mula sa malayong nakaraan (ang panahon ng pagbubuo ng Partido) at ang isa naman mula sa kagyat na kasalukuyan (ang panahon ng NEP).

Noong panahon ng pagbubuo ng Partido, nang ang di-mabilang na mga sirkulo at organisasyon ay hindi pa napagbuklod, nang ang pagkabaguhan at parokyal na pananaw ng mga sirkulo ay umuuk-ok sa Partido mula taas hanggang baba, nang ang pang-ideolohiyang kalituhan ang mapagkikilanlang katangian ng buhay panloob ng Partido, ang panguna-hing kawing at pangunahing tungkulin sa kadena ng mga kawing at sa kadena ng mga tungkulin na kinakaharap noon ng Partido ay napatunayang ang pagtatatag ng isang iligal na pahayagan sa buong Rusya (*Iskra*). Bakit? Ito ay dahil, sa kalagayang namamayani noon, tanging sa pamamagitan ng isang iligal na pahayagan sa buong Rusya magiging posible na lumikha ng solidong bag-as ng Partido na may kakayahang buklurin sa isang kabuuan ang di mabilang na mga sirkulo at organisasyon, ihanda ang mga kundisyon sa pagkakaisang pang-ideolohiya at taktikal, at sa gayon, itatag ang mga pundasyon sa pagbubuo ng isang tunay na partido.

Sa panahon ng transisyon mula digmaan tungong pang-ekonomyang konstruksyon, nang ang industriya ay nanghihina sa gitna ng pagtigil at ang agrikultura ay dumaranas ng kasalatan ng mga produktong manupaktura ng lunsod, nang ang pagtatatag ng buklod sa pagitan ng industriya ng estado at ekonomyang magsasaka ang naging pundamental na kundisyon para sa matagumpay na sosyalistang konstruksyon – lumabas sa panahon na iyon na ang pangunahing kawing sa kadena ng mga proseso, ang pangunahing tungkulin sa maraming tungkulin, ay paunlarin ang kalakalan. Bakit? Sapagkat sa kalagayan ng NEP, ang buklod sa pagitan ng industriya at ekonomyang magsasaka ay hindi maitatag liban sa pamamagitan ng kalakalan; sapagkat sa kalagayan ng NEP, makamamatay para sa industriya ang produksyon na walang benta; sapagkat mapalalawak lamang ang industriya sa pamamagitan ng pagpapalawak ng benta bilang resulta ng pagpapaunlad ng kalakalan; sapagkat matapos lamang konsolidahin ang ating pusisyon sa larangan ng kalakalan, makaraan lamang na matiyak natin ang kontrol sa kalakalan, makaraan lamang na matiyak natin ang kawing na ito magkakaroon ng pag-asang maiugnay ang industriya sa pamilihing magsasaka at matagumpay na maisasakatuparan ang iba pang kagyat na mga tungkulin para likhain ang mga kundisyon sa pagbubuo ng mga pundasyon ng sosyalistang ekonomya.

“Hindi sapat na maging rebolusyonaryo at tagapagtaguyod ng sosyalismo o maging isang Komunista sa pangkalahatan,” sabi ni Lenin. “Kailangang matukoy sa bawat partikular na panahon ang partikular na kawing sa kadena na dapat hawakan nang buong higpit para mahawakan ang buong kadena at matatag na maghanda para sa transisyon sa susunod na kawing...”

“Sa kasalukuyang panahon... ang kawing na ito ay ang muling pagbuhay sa panloob na *kalakalan* sa ilalim ng wastong regulasyon (direksyon) ng estado. Kalakalan – iyon ang ‘kawing’ sa istorikal na kadena ng mga kaganapan, sa transisyunal na mga anyo ng ating sosyalistang konstruksyon noong 1921-22, ‘na dapat nating hawakan nang ubos-kaya.’...” (Tomo XXVII, p. 82.)⁽¹⁾

Ganoon ang prinsipal na mga kundisyon na magtitiyak ng wastong taktikal na pamumuno.

6) *Repormismo at rebolusyonismo*. Ano ang kaibhan ng rebolusyonaryong taktika at repormistang taktika?

Ipinapalagay ng ilan na ang Leninismo ay salungat sa mga reporma, salungat sa mga kompromiso at kasunduan sa pangkalahatan. Ito ay absolutong mali. Alam na alam ng mga Bolshevik gaya ninuman na sa isang pakahulugan ay “nakatutulong ang bawat maliit na bagay,” na sa ilang takdang kalagayan ay kailangan at kapaki-pakinabang ang mga reporma sa pangkalahatan, at mga kompromiso at kasunduan sa partikular.

“Ang pagsusulong ng digma para ibagsak ang internasyunal na burgesya,” sabi ni Lenin, “isang digma na sandaang ulit na mas mahirap, matagalan at kumplikado kaysa pinakamahigpit na karaniwang mga digma sa pagitan ng mga estado, at bago pa man, ang tumangging magmaniobra, gamitin ang mga salungatan ng interes (kahit na pansamantala lamang) sa hanay ng kaaway, ang pagtangga sa mga kasunduan at kompromiso sa posible (kahit na pansamantala, mabuwag, patawing-tawing at kundisyunal) na mga alyado – hindi ba’t sukduhan itong katawa-tawa? Hindi ba’t ito’y parang tumatangga tayo, bago pa man, kapag nahihirapang umahon sa isang hindi pa nararating at ngayon pa lamang naaakyat na kabundukan, na kailanma’y sumulong nang paliku-liko, na kailanma’y balikan ang mga hinakbang, na kailanma’y ibahin ang landas na naunang napili at subukan ang iba?” (Tomo XXV, p. 210.)⁽¹⁾

Kung gayon, malinaw na hindi ito usapin ng mga reporma o ng mga kompromiso at kasunduan, kundi kung paano ginagamit ang mga reporma at kasunduan.

Para sa isang repormista, reporma ang lahat-lahat, samantalang ang rebolusyonaryong gawain ay isang bagay na insidental, bagay na pag-uusapan lamang, at simpleng panlilinlang. Iyon ang dahilan kung bakit, sa mga repormistang taktika sa ilalim ng kalagayan ng paghaharing burges, hindi maiiwasang matransporma ang mga reporma tungong instrumento sa pagpapalakas ng paghaharing iyon, isang instrumento para lusawin ang rebolusyon.

Para sa isang rebolusyonaryo, kabaligtaran nito, pangunahin ang rebolusyonaryong gawain at hindi mga reporma; para sa kanya, ang mga reporma ay kambal-produkto ng rebolusyon. Iyon ang dahilan kung bakit, sa mga rebolusyonaryong taktika sa kundisyon ng burges na paghahari, likas na natatransporma ang mga reporma tungong instrumento sa paglusaw ng paghaharing iyon, isang instrumento para sa pagpapalakas ng rebolusyon, tungo sa isang kalakasan para sa ibayong pag-unlad ng rebolusyonaryong kilusan.

Tatanggapin ng rebolusyonaryo ang isang reporma para gamitin ito bilang tulong sa pagkukumbina ng ligal na gawain sa iligal na gawain at para patindihin, sa tabing nito, ang iligal na gawain para sa rebolusyonaryong paghahanda ng masa sa pagbabagsak sa burgesya.

Iyon ang esensya ng rebolusyonaryong paggamit sa mga reporma at kasunduan sa ilalim ng kalagayan ng imperyalismo.

Kabaligtaran nito, tatanggapin ng repormista ang mga reporma para itakwil ang lahat ng iligal na gawain, para biguin ang paghahanda ng masa sa rebolusyon at mamahinga sa lilim ng “ipinagkaloob” na mga reporma.

Iyon ang esensya ng repormistang mga taktika.

Ganoon ang pusisyon kaugnay ng mga reporma at kasunduan sa ilalim ng kalagayan ng imperyalismo.

Gayunman, nagbabago nang kaunti ang sitwasyon, pagkatapos ibagsak ang imperyalismo, sa ilalim ng diktadura ng proletaryado. Sa takdang kalagayan, sa ilang takdang sitwasyon, maaaring maobligang ang proletaryong kapangyarihan na pansamantalang iwanan ang landas ng rebolusyonaryong rekonstruksyon ng umiiral na kaayusan at tumahak sa landas ng unti-unting transpormasyon, sa “repormistang landas,” tulad ng sinabi ni Lenin sa kanyang kilalang artikulo “Ang Kahalagahan ng Ginto (The Importance of Gold),”⁴⁵ sa landas ng pagpaplangking, ng mga reporma at konsesyon sa mga uring di-proletaryo – nang sa gayo’y lusawin ang mga uring ito, bigyan ng pansamantalang luwag ang rebolusyon, bumawi ng lakas ang pwera at ihanda ang kalagayan para sa bagong opensiba. Hindi maitatwa na, sa

isang pakahulugan, ito ay isang “repormistang” landas. Pero dapat isaisip na may pundamental na pagkakaiba rito, na binubuo ng katotohanan na sa kasong ito ay nagmumula ang reporma sa proletaryong kapangyarihan, pinalalakas nito ang proletaryong kapangyarihan, kinukuha nito ang kailangang luwag, at ang layunin nito ay lusawin, hindi ang rebolusyon, kundi ang di-proletaryong mga uri.

Sa ganoong mga kundisyon, natatransporma ang reporma sa kabaligtaran nito.

Nagagawa ng proletaryong kapangyarihan na gamitin ang ganoong patakaran dahil, at dahil lamang ang saklaw ng rebolusyon sa sinundang panahon ay may sapat na lakas at samakatwid ay nagbigay ng sapat na lawak na aatrasan, at ipinapalit sa opensibong mga taktika ang mga taktika ng pansamantalang pag-atras, ang mga taktika ng pagpaplangking.

Kung gayon, samantalang dati-rati, sa ilalim ng burges na paghahari, ang mga reporma ay kambal-produkto ng rebolusyon, ngayon sa ilalim ng diktadura ng proletaryado, ang pinagmumulan ng reporma ay ang rebolusyonaryong mga ganansya ng proletaryado, ang mga reserba na natipon sa kamay ng proletaryado at bumubuo ng mga ganansyang ito.

“Tanging ang Marxismo,” sabi ni Lenin, “ang tumpak at wastong naglinaw sa relasyon ng reporma at rebolusyon. Gayunman, nakita ni Marx ang relasyong ito mula sa isang aspeto lamang, iyon ay sa kalagayan bago ang una’t kahit paano’y permanente at magtatagal na tagumpay ng proletaryado, kahit sa iisang bayan. Sa ilalim ng mga kalagayang iyon, ang batayan ng wastong relasyon ay: ang mga reporma ay kambal-produkto ng rebolusyonaryong makauring pakikibaka ng proletaryado... Matapos ang tagumpay ng proletaryado, kahit sa iisang bayan, may bagong pumapasok sa relasyon ng reporma at rebolusyon. Sa prinsipyo, tulad din ito sa nakaraan, pero may nangyayaring pagbabago sa anyo, na hindi matatanaw ni Marx mismo, pero maiintindihan lamang sa batayan ng pilosopiya at pulitika ng Marxismo...Matapos ang tagumpay (habang nananatiling ‘kambal-produkto’ sa internasyunal na saklaw) para sa bayan kung saan nakamit ang tagumpay, ang mga ito (ibig sabihin, ang mga reporma -- *J. St*), dagdag pa, ay isang kinakailangan at lehitimong pansamantalang kaluwagan sa mga kalagayan, matapos ang lubos na pagsisikap, na naging malinaw na kulang ng sapat na lakas para sa rebolusyonaryong pagkakamit ng ganito’t ganoong transisyon. Lumilikha ang tagumpay ng ganoong ‘reserba ng lakas’ kung kaya nagiging posible na makapanatili kahit sa pwersahang pag-atras, na makapanatili kapwa sa usaping materyal at moral. (Tomo XXVII, pp. 84-85.)⁽¹⁾

p.129 Title Page Ang Partido

VIII. ANG PARTIDO

Sa panahon bago ng rebolusyon, panahon ng humi-git-kumulang payapang pag-unlad, nang ang mga partido ng Ikalawang Internasyunal ang nakapangingibabaw na pwersa sa kilusan ng uring manggagawa at ang parlamentaryong anyo ng pakikibaka ang itinuturing na prinsipal na anyo—sa ilalim ng ganitong kalagayan, ang Partido ay hindi nagkaroon at hindi magkakaroon ng ganoong dakila at mapagpasyang kahalagahan na nakamit nito kalaunan, sa kalagayan ng hayag na rebolusyonaryong paglalaban. Para ipagtanggol ang Ikalawang Internasyunal sa mga atake rito, sinabi ni Kautsky na ang mga partido ng Ikalawang Internasyunal ay mga instrumento ng kapayapaan at hindi ng digma, at sa dahilang ito mismo ay wala silang magagawang anumang mahahalagang hakbang sa panahon ng digmaan, sa panahon ng rebolusyonaryong aksyon ng proletaryado. Talaga namang totoo ito. Pero ano ang ibig sabihin nito? Nangangahulugan ito na ang mga partido ng Ikalawang Internasyunal ay hindi karapat-dapat sa rebolusyonaryong pakikibaka ng proletaryado, na ang mga ito’y hindi mga militanteng partido ng proletaryado na namumuno sa mga manggagawa para makamit ang kapangyarihan, kundi mga makinang pang-eleksyon na akma para sa parlamentaryong eleksyon at parlamentaryong pakikibaka. Ito, sa katunayan, ang magpapaliwanag kung bakit, sa panahong nakapangingibabaw ang mga oportunistang Ikalawang Internasyunal, hindi ang partido kundi ang parlamentaryong grupo nito ang pangunahing pampulitikang organisasyon

ng proletaryado. Alam ng lahat na sa katumayan, ang partido sa panahong iyon ay alalay at subsidyaryo ng parlamentaryong grupo. Hindi mahirap patunayan na sa ganoong kalagayan at sa ganoong partido na nagtitimon, hindi magiging usapin ang paghahanda ng proletaryado para sa rebolusyon.

Pero radikal na nagbago ang mga bagay-bagay sa pagsisimula ng bagong panahon. Ang bagong panahon ay panahon ng hayag na bangga ng mga uri, ng rebolusyonyong aksyon ng proletaryado, ng proletaryong rebolusyon, isang panahon na tuwirang tinitipon ang mga pwersa para sa pagbabagsak sa imperyalismo at pag-agaw ng proletaryado sa kapangyarihan. Sa panahong ito, nahaharap ang proletaryado sa bagong mga tungkulin, ang mga tungkulin ng pagrereorganisa ng lahat ng gawaing pampartido sa bago at rebolusyonyong mga linya; ng pag-ee-duka sa mga manggagawa sa diwa ng rebolusyonyong pakikibaka para sa kapangyarihan; ng paghahanda at pagsusulong ng mga reserba; ng pagtatatag ng pakikipag-alyansa sa mga proletaryo ng mga karatig-bayan; ng pagtatatag ng mahihigpit na pakikipag-ugnayan sa kilusang pagpapalaya sa mga kolonya at dependyenteng bayan, atbp. Ang pag-iisip na magagampanan ng lumang mga Partido Sosyal-Demokratiko, na lumaki sa naturang mapayapang kundisyon ng parlamentarismo, ang mga tungkuling ito ay pagsasadlak ng sarili sa kawalan ng pag-asa, sa tiyak na pagkatalo. Kung ang proletaryado, na bumabalik sa ganoong mga tungkulin, ay nanatili sa pamumuno ng lumang mga partido, ganap na wala itong armas. Hindi na kailangang patunayan pa na hindi mapahihintulutan ng proletaryado ang naturang kalagayan.

Samakatwid, kailangan ng isang bagong partido, isang militanteng partido, isang rebolusyonyong partido, iyong may sapat na kapangahasang pamunuan ang mga proletaryo sa pakikibaka para sa kapangyarihan, may sapat na karanasan para hindi maligaw sa masasalimuot na kalagayan ng rebolusyonyong sitwasyon, at sapat na pleksible para iwasan ang lahat ng nakatagong panganib sa daan tungo sa layunin nito.

Kung wala ang ganoong partido, walang saysay kahit ang pag-iisip na ibagsak ang imperyalismo, na kamtin ang diktadura ng proletaryado.

Ang bagong partido na ito ay ang partido ng Leninismo.

Anu-ano ang mga partikular na katangian ng bagong partidong ito?

1) *Ang Partido bilang abanteng destakamento ng uring manggagawa.* Ang Partido, una sa lahat, ay dapat maging *abanteng* destakamento ng uring manggagawa. Dapat ipaloob ng Partido ang lahat ng pinakamahuhusay na elemento ng uring manggagawa, ang kanilang karanasan, ang kanilang rebolusyonyong diwa, ang kanilang di makasariling debosyon sa adhikain ng proletaryado. Subalit para tunay na maging *abanteng* destakamento ito, dapat nasasandatahan ang Partido ng rebolusyonyong teorya, ng kaalaman sa mga batas ng kilusan, ng kaalaman sa mga batas ng rebolusyon. Kung wala ito, hindi nito makakayang idirihe ang pakikibaka ng proletaryado at pamunuan ang proletaryado. Hindi magiging tunay na partido ang Partido kung ililimita nito ang sarili sa pagtatala kung ano ang nararamdaman at iniisip ng masa ng uring manggagawa, kung babagal-bagal ito sa buntot ng ispontanyong kilusan, kung hindi nito mapangingibabawan ang di pagkilos at pagwawalang-bahala ng ispontanyong kilusan sa pulitika, kung hindi ito makaaangat sa panandaliang mga interes ng proletaryado, kung hindi nito maitataas ang masa sa antas ng pag-unawa sa makauring interes ng proletaryado. Dapat tumindig ang Partido sa unahan ng uring manggagawa; dapat makatanaw ito nang mas malayo kaysa sa uring manggagawa, dapat pamunuan nito ang proletaryado, at hindi bumuntot sa ispontanyong kilusan. Ang mga partido ng Ikalawang Internasyunal, na nagtuturo ng “*khvostismo*”, ay daluyan ng burges na patakaran, na nagsasadlak sa proletaryado sa papel ng isang kasangkapan sa kamay ng burgesya. Tanging ang partido na nagtataguyod ng paninindigan ng *abanteng* destakamento ng proletaryado at may

kakayahang itaas ang masa sa antas ng pag-unawa sa makauring interes ng proletaryado – tanging ang ganoong partido ang makapagpapaalpas sa uring manggagawa mula sa landas ng unyonismo at makatransporma nito tungong isang independyenteng pampulitikang pwersa.

Ang Partido ang pampulitikang lider ng uring manggagawa.

Nabanggit ko na ang mga kahirapan sa pakikibaka ng uring manggagawa, ang masasalimuot na kalagayan ng pakikibaka, ang estratehiya at mga taktika, ang mga reserba at pagmaniobra, ang pag-atake at pag-atras. Ang mga kalagayang ito ay kasing kumplikado, kundi man mas kumplikado, sa kalagayan ng digma. Sino ang malinaw na makakikita sa mga kalagayang ito, sino ang makapagbibigay ng wastong gabay sa milyun-milyong proletaryo? Walang hukbong nakikidigma ang maaaring mawalan ng makaranasang Pangkalahatang Patnugutan kung ayaw nitong mauwi sa tiyak na pagkatalo. Hindi ba't malinaw na lalong hindi maaaring mawalan ng ganoong Pangkalahatang Patnugutan kung ayaw nitong malamon ng mga mortal nitong kaaway? Pero nasaan ang Pangkalahatang Patnugutang ito? Tanging ang rebolusyonaryong partido ng proletaryado ang kayang tumayo bilang Pangkalahatang Patnugutang ito. Ang uring manggagawa na walang rebolusyonaryong partido ay isang hukbo na walang Pangkalahatang Patnugutan.

Ang Partido ang Pangkalahatang Patnugutan ng proletaryado.

Subalit hindi maaaring maging *abanteng* destakamento lamang ang Partido. Kaalinsabay, dapat itong maging destakamento ng uri, bahagi ng *uri*, mahigpit na nakaugnay rito sa lahat ng *himaymay* ng pag-iral nito. Ang pagkakaiba sa pagitan ng abanteng destakamento at ng iba pang bahagi ng uring manggagawa, sa pagitan ng mga kasapi at di kasapi ng Partido, ay hindi maglalaho hangga't hindi naglalaho ang mga uri; iral ito hangga't ang hanay ng proletaryado ay patuloy na nadaragdagan ng dating mga myembro ng ibang uri, hangga't ang uring manggagawa sa kabuuan ay wala sa pusisyon na umangat sa antas ng abanteng destakamento. Pero titigil ang Partido sa pagiging partido kung ang pagkakaiba na ito ay magiging gawak, kung ang Partido ay magkukulong sa sarili at mahihwalay sa masang di kasapi ng Partido. Hindi makakapamuno sa uri ang Partido kung hindi ito nakaugnay sa masang di kasapi ng Partido, kung walang buklod sa pagitan ng Partido at ng masang di kasapi ng Partido, kung hindi tanggap ng masang ito ang kanyang pamumuno, kung walang moral at pampulitikang pagkilala ang masa sa Partido.

Kamakailan, 200,000 bagong kasapi mula sa hanay ng mga manggagawa ang tinanggap sa ating Partido. Ang kapansin-pansin dito ay ang katotohanang hindi lamang kusang sumapi ang mga taong ito sa Partido, kundi ipinadala rito ng iba pang manggagawang di kasapi ng Partido, na aktibong lumahok sa pagtanggap ng mga bagong kasapi, at kung walang pagsang-ayon nila ay walang tatanggaping bagong kasapi. Ipinapakita ng katotohanang ito na itinuturing ng malawak na masa ng manggagawang di kasapi ang ating Partido bilang *kanilang* Partido, bilang isang Partido na *malapit* sa kanila at *mahal* nila, na interesadong-interesado sila sa paglawak at konsolidasyon at kusang-loob nilang ipinagkakatiwala ang kanilang kinabukasan sa kanyang pamumuno. Hindi na kailangang patunayan pa na kung wala ang di nakikitang moral na mga hiblang ito na nag-uugnay ng Partido sa masang di kasapi ng Partido, hindi sana magiging mapagpasyang pwersa ng uri nito ang Partido.

Ang Partido ay isang di maihihiwalay na bahagi ng uring manggagawa.

“Tayo,” sabi ni Lenin, “ang Partido ng isang uri, at samakatwid *halos ang buong uri* (at sa panahon ng digma, sa panahon ng digmaang sibil, ang buong uri) ay dapat kumilos sa pamumuno ng ating Partido, dapat tumalima sa ating Partido sa pinakamahigpit na posibleng paraan. Pero magiging Manilovismo⁴⁶ at ‘khvostismo’ na isiping sa anumang panahon sa ilalim ng kapitalismo, halos ang buong uri, o ang buong uri, ay makakaangat sa antas ng kamulatan at aktibidad ng abanteng destakamento nito, ng Partido Sosyal-Demokratiko nito. Walang matinong Sosyal-Demokrata ang kailanma’y nagduda na sa ilalim ng kapitalismo, kahit ang mga organisasyong unyon (na mas primitibo at mas madaling maintindihan ng di-mauunlad na saray) ay hindi kayang makasaklaw sa halos

buo, o sa buong, uring manggagawa. Ang paglimot sa pagkakaiba ng abanteng destakamento at kabuuan ng masa na nahahatak tungo dito, ang paglimot sa palagiang tungkulin ng abanteng destakamento na *iangat* ang palawak nang palawak na saray sa abanteng antas na ito, ay nangangahulugan lamang ng panloloko sa sarili, ng pagpipinid ng mata sa napakalaking nating mga tungkulin, at ng pagpapakitid sa mga tungkuling ito.” (Tingnan, Tomo VI pp. 205-06.)⁽¹⁾

2) *Ang Partido bilang organisadong destakamento ng uring manggagawa.* Ang Partido ay hindi lamang ang *abanteng* destakamento ng uring manggagawa. Kung nais talaga nitong pamunuan ang pakikibaka ng uri, kaalinsabay ay dapat itong maging *organisadong* destakamento ng uri. Ang mga tungkulin ng Partido sa kalagayan ng kapitalismo ay napakalawak at lubhang samu't-sari. Kailangang pamunuan ng Partido ang pakikibaka ng proletaryado sa lubhang napakahirap na kalagayan ng panloob at panlabas na pag-unlad; dapat nitong pamunuan ang proletaryado sa opensiba kapag hinihingi ng sitwasyon ang opensiba; dapat nitong pamunuan ang proletaryado na makaiwas sa hambalos ng isang malakas na kaaway kapag hinihingi ng sitwasyon ang pag-atras; dapat nitong ipuspos sa milyun-milyong di organisadong manggagawa na di kasapi ng Partido ang diwa ng disiplina at sistema sa pakikibaka, ang diwa ng organisasyon at katatagan. Pero magagawa lamang ng Partido ang mga tungkuling ito kung ito mismo ay kumakatawan sa disiplina at organisasyon, kung ito mismo ay *organisadong* destakamento ng proletaryado. Kung wala ang mga kundisyong ito, walang duda na hindi talaga mapapamunuan ng Partido ang malawak na masa ng proletaryado.

Ang Partido ang organisadong destakamento ng uring manggagawa.

Ang konsepsyon ng Partido bilang organisadong kabuuan ay nilalaman sa bantog na pormulasyon ni Lenin sa unang talata ng ating Mga Alituntunin ng Partido, na nagtuturing sa Partido bilang *suma total* ng mga organisasyon nito, at ang kasapi ng Partido bilang kasapi ng isa sa mga organisasyon nito. Ang mga Menshevik na tumutol sa pormulasyong ito noon pang 1903 ay nagpanukala na palitan ito ng isang “sistema” ng pagpapasapi-sa-sarili sa Partido, isang “sistema” ng pagbasbas ng “titulo” na kasapi ng Partido sa bawat “propesor” at “estudyante ng mataas na paaralan,” sa bawat “simpatisador” at “welgista” na sumuporta sa Partido sa isa o ibang paraan, pero hindi sumapi at ayaw sumapi sa alinmang organisasyon ng Partido. Hindi na kailangang patunayan pa na kapag ang natatanging “sistemang” ito ang mamalagi sa ating Partido, di maiiwasang tumungo ito sa pagbaha ng mga propesor at estudyante ng hayskul sa ating Partido at sa pagkabulok nito tungong buhaghag, pinaghalu-halo at disorganisadong “pormasyon”, na naliligaw sa laot ng mga “simpatisador”, bubura sa linyang nag-iiba sa pagitan ng Partido at ng uri at sisira sa tungkulin ng Partido na iangat ang di organisadong masa sa antas ng abanteng destakamento. Hindi na kailangang sabihin pa na sa ilalim ng ganoong oportunistang “sistema”, hindi makagaganap ang ating Partido sa papel na bag-as na tagapag-organisa ng uring manggagawa sa pagsulong ng ating rebolusyon.

“Sa punto de bista ni Kasamang Martov,” sabi ni Lenin, “ang hangganang linya ng Partido ay napakadi-depinido, dahil ang ‘bawat welgista’ ay maaaring ‘magproklama sa sarili bilang kasapi ng Partido.’ Ano ang saysay ng kalabuang ito? Isang malawak na pagpapasaklaw ng ‘titulo’. Ang pinsala nito ay nagpapasok ito ng isang ideyang *nagdidis-organisa*, ang paglilito ng uri at ng Partido.” (Tingnan, Tomo VI, p. 211.)⁽¹⁾

Pero ang Partido ay hindi simpleng *suma total* ng mga organisasyon ng Partido. Kasabay nito, ang Partido ay iisang *sistema* ng mga organisasyong ito, ang pormal na pagbubuklod ng mga ito sa iisang kabuuan, may nakatataas at nakabababang namumunong mga organo, pagpapailalim ng minoritya sa majoritya, at ang mga praktikal na desisyong may bisa sa lahat ng kasapi ng Partido. Kung wala ang mga kundisyong ito, ang Partido ay hindi maaaring maging iisang organisadong kabuuan na may kakayahang magpatupad ng sistematiko at organisadong pamumuno sa pakikibaka ng uring manggagawa.

“*Dati-rati*,” sabi ni Lenin, “ang ating Partido ay hindi isang pormal na organisadong kabuuan, kundi pagsasama-sama lamang ng magkakahiwalay na mga grupo, at samakatwid, walang ibang ugnayan liban sa pang-ideolohiyang impluwensya ang posible sa pagitan ng mga grupong ito. *Ngayon*, tayo’y naging isang organisadong partido, at nangangahulugan ito ng pagtatatag ng awtoridad, ng transpormasyon ng kapangyarihan ng mga ideya sa kapangyarihan ng awtoridad, ang pagpapailalim ng mga nakabababang organo ng Partido sa mga nakatataas na organo ng Partido.” (Tingnan, Tomo VI, p. 291.)⁽²⁾

Ang prinsipyo ng pagpapailalim ng minorya sa mayorya, ang prinsipyo ng pagdidirihe ng gawain ng Partido mula sa isang sentro, ay madalas na umaakit ng mga atake mula sa mabubuway na elemento, ng mga paratang ng “burukrasya,” “pormalismo,” atbp. Hindi na kailangang patunayan pa na ang sistematikong gawain ng Partido bilang isang kabuuan at ang pagdidirihe sa pakikibaka ng uring manggagawa ay magiging imposible kung hindi ipatutupad ang mga prinsipyong ito. Ang Leninismo sa usapin ng organisasyon ay ang matatag na pagpapatupad ng mga prinsipyong ito. Tinatawag ni Lenin ang paglaban sa mga prinsipyong ito bilang “nihilismong Ruso” at “aristokratikong anarkismo”, na nararapat kutyain at ibasura.

Ganito ang sinasabi ni Lenin sa mabubuway na elemento sa kanyang aklat na *Isang Hakbang Pasulong (One Step Forward)*:

“Ang aristokratikong anarkismong ito ay mapagkikilanlang katangian ng nihilistang Ruso. Sa kanyang pananaw, ang organisasyon ng Partido ay isang dambuhalang ‘pabrika’, at itinuturing ang pagpapailalim ng bahagi sa kabuuan at ng minorya sa mayorya bilang ‘pagkatimawa’..., ang hatian ng paggawa sa ilalim ng direksyon ng isang sentro ay nagpapalabas sa kanya ng paiyak-tawa na palahaw laban sa pagtatransporma sa mga tao tungong ‘mga gulong at granahé’..., ang pagbanggit ng mga pang-organisasyong alituntunin ng Partido ay nagpapabulalas ng mapanghamak na ngisi at mapanlibak... na puna na mainam pang alisin nang lahat ang mga alituntunin.”

“Sa tingin ko, malinaw na ang mga angal ukol sa bantog na burukrasyang ito ay panakip lamang sa disgusto sa personal na komposisyon ng mga sentral na organo, isang panakip na dahon... Isa kang burukrata sapagkat hinirang ka ng kongreso at hindi sa kagustuhan ko, kundi laban dito; isa kang pormalista sapagkat umaasa ka sa pormal na mga desisyon ng kongreso, at hindi sa aking pagsang-ayon; kumikilos ka sa lubhang mekanikal na paraan sapagkat ikinakatwiran mo ang ‘mekanikal’ na mayorya ng Kongreso ng Partido at hindi pinakikinggan ang kagustuhan ko na mapasunod ka; isa kang awtokrata sapagkat tinatanggihan mong isuko ang kapangyarihan sa dating pangkat.^(*)” (Tingnan, Tomo VI, pp. 310, 287.)

3) *Ang Partido bilang pinakamataas na anyo ng makauring organisasyon ng proletaryado.* Ang Partido ang organisadong destakamento ng uring manggagawa. Pero ang Partido ay hindi tanging organisasyon ng uring manggagawa. Ang proletaryado ay mayroon ding ilang iba pang organisasyon, na kung wala’y hindi ito makapagsusulong ng matagumpay na pakikibaka laban sa kapital: mga unyon sa paggawa, kooperatiba, organisasyong pampabrika, grupong parlamentaryo, samahang kababaihan na di kasapi ng Partido, pahayagan, organisasyong pangkultura at pang-edukasyon, liga ng kabataan, rebolusyonaryong organisasyong panlaban (sa panahon ng hayag na rebolusyonaryong aksyon), Sobyet ng mga kinatawan bilang anyo ng organisasyon ng estado (kung nasa kapangyarihan ang proletaryado), atbp. Ang kalakhang mayorya ng mga organisasyong ito ay di kasapi ng Partido, at ilan lamang sa mga ito ang tuwirang sumusuporta sa Partido, o ibinunga nito. Ang lahat ng organisasyong ito, sa takdang kalagayan, ay absolutong kailangan para sa uring manggagawa; ito ay dahil kung wala ang mga ito, imposibleng konsolidahin ang makauring pusisyon ng proletaryado sa magkakaibang larangan ng pakikibaka; ito ay dahil kung wala ang mga ito, imposibleng pandayin ang proletaryado bilang pwera na ang misyon ay palitan ng sosyalistang kaayusan ang burges na kaayusan. Pero paano maipapatupad ang iisang pamumuno sa dinami-rami ng ganoong mga organisasyon? Ano ang garantiya na ang pagkakaroon ng maraming organisasyon ay hindi mauuwi sa di pagkakaisa sa pamumuno? Maaaring sabihin na ang bawat isa sa mga organisasyong ito ay kumikilos sa kani-kanilang sariling ispesyal na larangan, at samakatwid ay hindi nakasagabal sa isa’t isa ang mga

organisasyong ito. Talaga namang totoo iyon. Pero totoo rin na ang lahat ng organisasyong ito ay dapat kumilos sa iisang direksyon sapagkat naglilingkod ang mga ito sa *isang* uri, ang uri ng mga proletaryo. Lumilitaw ngayon ang katanungan: Sino ang magtatakda ng linya, ng pangkalahatang direksyon, na alinsunod dito'y ipatutupad ang gawain ng lahat ng organisasyong ito? Nasaan ang sentral na organisasyon na hindi lamang may kakayahang balangkasin ang pangkalahatang linyang iyon, dahil taglay nito ang kinakailangang karanasan, kundi, dagdag pa, nasa pusisyon na hikayatin ang lahat ng organisasyong ito na ipatupad ang linyang ito dahil may sapat itong prestihiyo, nang sa gayo'y kamtin ang pagkakaisa ng pamumuno at gawing imposible ang mga palya?

Ang organisasyong iyon ay ang Partido ng proletaryado.

Taglay ng Partido ang lahat ng kinakailangang kwalipikasyon para dito sapagkat, una sa lahat, ito ang sentrong tipunan ng pinakamahuhusay na mga elemento ng uring manggagawa, na may tuwirang ugnay sa mga organisasyong di pampartido ng proletaryado at kadalasa'y namumuno sa mga ito; sapagkat, ikalawa, ang Partido, bilang sentrong tipunan ng pinakamahuhusay na myembro ng uring manggagawa, ay ang pinakamahuhusay na paaralan para sa pagsasanay ng mga lider ng uring manggagawa, na may kakayahang mamatnugot sa lahat ng anyo ng organisasyon ng kanilang uri; sapagkat, ikatlo, ang Partido, bilang pinakamahuhusay na paaralan para sa pagsasanay ng mga lider ng uring manggagawa, dahil sa karanasan at prestihiyo nito, ang siyang tanging organisasyon na may kakayahang magsentralisa ng pamumuno sa pakikibaka ng proletaryado, at sa gayo'y itinatransporma ang bawat organisasyong di pampartido ng uring manggagawa tungo sa pagiging katulong na kwerpo at *transmission belt* na nagkakawing ng Partido sa uri.

Ang Partido ang pinakamataas na anyo ng makauring organisasyon ng proletaryado.

Mangyari pa'y hindi ito nangangahulugan na dapat upisyal na ipailalim sa pamumuno ng Partido ang di pampartidong mga organisasyon, unyon sa paggawa, kooperatiba, atbp. Nangangahulugan lamang ito na dapat gawin ng mga kasapi ng Partido na kabilang sa mga organisasyong ito at walang-dudang impluwensyal sa mga ito ang lahat ng kanilang makakaya para hikayatin ang di pampartidong mga organisasyong ito na mas lumapit sa Partido ng proletaryado sa kanilang gawain at boluntaryong tanggapin ang pampulitikang pamumuno nito.

Iyon ang dahilan kung bakit sinasabi ni Lenin na ang Partido "ang *pinakamataas* na anyo ng proletaryong makauring asosasyon", na dapat sumaklaw ang pampulitikang pamumuno sa lahat ng iba pang anyo ng organisasyon ng proletaryado. (Tingnan, Tomo XXV, p. 194.)⁽¹⁾

Iyon ang dahilan kung bakit ganap na di naayon sa teorya at praktika ng Leninismo ang oportunistang teorya ng "kasarinlan" at "nyutralidad" ng mga organisasyong di pampartido, na nagluluwal ng *independyenteng* mga myembro ng parlamento at peryodista na *hiwalay* sa Partido, *makikitid-ang-isip* na mga lider ng unyon sa paggawa at upisyales ng kooperatiba *na naging mga pilistino*.

4) *Ang Partido bilang instrumento ng diktadura ng proletaryado*. Ang Partido ang pinakamataas na anyo ng organisasyon ng proletaryado. Ang Partido ang prinsipal na pwersang gumagabay sa loob ng uri ng mga proletaryo at sa hanay ng mga organisasyon ng uring iyon. Pero hindig-hindi ito nangangahulugan na ang Partido ay maituturing bilang layon sa sarili nito, bilang pwersang sapat-sa-sarili. Ang Partido ay hindi lamang pinakamataas na anyo ng makauring asosasyon ng mga proletaryo; kaalinsabay, ito ay *instrumento* sa kamay ng proletaryado *para* kamtin ang diktadura na hindi pa nakakamit at *para* konsolidahin at palawakin ang diktadura kapag nakamit na ito. Hindi sana nakaangat ang Partido sa ganoong kataas na kahalagahan at hindi sana nakapagtatag ng impluwensya nito sa lahat ng iba pang organisasyon ng proletaryado kung ang huli'y hindi naharap sa usapin ng kapangyarihan,

kung ang kalagayan ng imperyalismo, ang katiyakan ng mga digmaan, at ang pagkakaroon ng krisis ay hindi nagtakda ng pagkokonsentra ng lahat ng pwersa ng proletaryado sa isang punto, ng pagtitipon ng lahat ng hibla ng rebolusyonaryong kilusan sa isang lugar para ibagsak ang burgesya at kamtin ang diktadura ng proletaryado. Kailangan ng proletaryado ang Partido una sa lahat bilang Pangkalahatang Patnugutan nito, na kakailanganin nito para sa matagumpay na pag-agaw ng kapangyarihan. Hindi na kailangang patunayan pa na kung walang partidong may kakayahan na pakilusin sa pamumuno nito ang mga organisasyong masa ng proletaryado, at isentralisa ang pamumuno sa buong kilusan sa pagsulong ng pakikibaka, hindi sana naitatag ng proletaryado ng Rusya ang rebolusyonaryong diktadura nito.

Pero kailangan ng proletaryado ang Partido hindi lamang para kamtin ang diktadura; lalong kailangan ito para panatilihin ang diktadura, konsolidahin at palawakin ito nang sa gayo'y kamtin ang ganap na tagumpay ng sosyalismo.

“Tiyak, batid na ngayon ng halos lahat,” sabi ni Lenin, “na hindi sana nakapanatili ang mga Bolshevik sa kapangyarihan nang dalawa’t kalahating buwan, huwag nang sabihin pa nang dalawa’t kalahating taon, kung wala ang pinakamahigpit at tunay na disiplinang bakal ng ating Partido, at kung wala ang pinakalubos at pinakamatapat na suporta rito ng buong masa ng uring manggagawa, ibig sabihin, ng lahat ng mulat, matapat, nagsasakripisyo-sa-sarili at impluwensyal na elemento nito, na may kakayahang pamunuan o dalhin kasama nila ang nahuhuling mga saray.” (Tingnan, Tomo XXV, p. 173.)⁽¹⁾

Ngayon, ano ang ibig sabihin ng “panatilihin” at “palawakin” ang diktadura? Nangangahulugan ito ng pagpuspos sa milyun-milyong proletaryo ng diwa ng disiplina at organisasyon; nangangahulugan ito ng paglikha sa hanay ng proletaryong masa ng magbubuklod na pwersa at balwarte laban sa nakasisirang impluwensya ng elemental na mga pwersang petiburges at gawing petiburges; nangangahulugan ito ng pagpapahusay ng gawaing pag-oorganisa ng mga proletaryo sa reedukasyon at pagpapanibagong-hubog sa petiburges na saray; na-ngangahulugan ito ng pagtulong sa masa ng proletaryo na edukahin ang sarili bilang pwersang may kakaya-hang pawiin ang mga uri at ihanda ang mga kundisyon sa pag-oorganisa ng sosyalistang produksyon. Pero imposible na magawa ang lahat ng ito kung walang partido na malakas bunga ng solidaridad at disiplina nito.

“Ang diktadura ng proletaryado,” sabi ni Lenin, “ay isang mahigpit na pakikibaka – madugo at hindi, marahas at mapayapa, militar at pang-ekonomya, pang-edukasyon at administratibo – laban sa mga pwersa at tradisyon ng lumang lipunan. Ang pwersa ng ugali ng milyun-milyon at puu-puong milyon ay isang napakalakas na pwersa. Kung walang matibay na partidong pinanday sa pakikibaka, kung walang partido na nagtatamasa ng tiwala ng lahat ng matapat sa takdang uri, kung walang partido na may kakayahang magmatyag at mag-impluwensya sa damdamin ng masa, imposibleng matagumpay na magsulong ng ganoong pakikibaka.” (Tingnan, Tomo XXV, p. 190.)⁽¹⁾

Kailangan ng proletaryado ang Partido *para* sa layuning kamtin at panatilihin ang diktadura. Ang Partido ay instrumento ng diktadura ng proletaryado.

Subalit batay dito, nangangahulugan na kapag maglaho ang mga uri at maglaho ang diktadura ng proletaryado, ang Partido ay maglalaho na rin.

5) *Ang Partido bilang kumakatawan sa kaisahan sa kapasyahan, kaisahan na hindi maiaayon sa pag-iral ng mga paksyon.* Ang pagkakamit at pagpapanatili ng diktadura ng proletaryado ay imposible kung wala ang isang partidong malakas dulot ng solidaridad at disiplinang bakal nito. Pero hindi mahihinagap ang disiplinang bakal sa Partido kung wala ang kaisahan sa kapasyahan, kung walang ganap at absolutong pagkakaisa sa pagkilos sa bahagi ng lahat ng kasapi ng Partido. Mangyari pa, hindi nangangahulugan na inaalis sa gayon ang posibilidad ng tunggalian ng upinyon sa loob ng Partido. Kabaligtaran nito, ang disiplinang bakal ay hindi nag-aalis sa posibilidad, bagkus ay presuposiyon nito ang kritisismo at tunggalian ng upinyon sa loob ng Partido. Lalong hindi ito nangangahulugan na dapat “bulag” ang disiplina. Kabaligtaran nito, hindi ito inaalis ng disiplinang bakal bagkus ay nangangahulugan

ng mulat at boluntaryong pagpapailalim, sapagkat tanging ang mulat na disiplina ang maaaring maging tunay na disiplinang bakal. Subalit matapos isara ang tunggalian ng ideya, matapos lubusin ang kritisismo at narating ang isang desisyon, ang kaisahan sa kapasyahan at pagkakaisa sa pagkilos ng lahat ng kasapi ng Partido ay kinakailangang kundisyon na kung wala ay di mahihinagap ang pagkakaisa ng Partido o ang disiplinang bakal sa Partido.

“Sa kasalukuyang panahon ng maigting na digmaang sibil,” sabi ni Lenin, “magagampanan lamang ng Partido Komunista ang tungkulin nito kapag organisado ito sa pinakasentralisadong paraan, kapag nangingibabaw rito ang disiplinang bakal na humahangga sa disiplinang militar, at kapag ang sentro ng Partido nito ay isang makapangyarihan at awtoritatibong organo, na humahawak ng masaklaw na kapangyarihan at nagtatamasa ng unibersal na tiwala ng mga kasapi ng Partido.” (Tingnan, Tomo XXV, pp. 282-83.)⁽¹⁾

Ito ang pusisyon kaugnay ng disiplina sa Partido sa panahon ng pakikibaka bago makamit ang diktadura.

Ganoon din ang masasabi, pero sa mas mataas na antas, tungkol sa disiplina sa Partido matapos makamit ang diktadura.

“Sinuman,” sabi ni Lenin, “na nagpapahina kahit kaunti sa disiplinang bakal ng partido ng proletaryado (laluna sa panahon ng diktadura nito), sa katunayan ay tumutulong sa burgesya laban sa proletaryado.” (Tingnan, Tomo XXV, p. 190.)⁽²⁾

Gayunman, batay dito’y nangangahulugan na hindi maiaayon ang pag-iral ng mga paksyon sa pagkakaisa ng Partido man o sa disiplinang bakal nito. Hindi na kailangang patunayan pa na ang pag-iral ng mga paksyon ay hahantong sa pag-iral ng maraming sentro, at ang pag-iral ng maraming sentro ay nangangahulugan ng kawalan ng isang sentrong komun sa Partido, ng pagkabasag ng kaisahan ng kapasyahan, ng paghina at pagkalusaw ng disiplina, ng paghina at pagkalusaw ng diktadura. Mangyari pa, matatanggap ng mga partido ng Ikalawang Internasyunal, na lumalaban sa diktadura ng proletaryado at walang hangaring pamunuan ang mga proletaryo tungo sa kapangyarihan, ang ganoong liberalismo gaya ng kalayaan ng mga paksyon, sapagkat hinding-hindi nila kailangan ang disiplinang bakal. Pero hindi matatanggap ng mga partido ng Komunistang Internasyunal, na ang mga aktibidad ay itinakda ng tungkuling kamtin at konsolidahin ang diktadura ng proletaryado, na maging “liberal” o hayaan ang kalayaan ng mga paksyon.

Kinakatawan ng Partido ang kaisahan sa kapasyahan, na nagpupwera sa lahat ng paksyunalismo at pagkakahati sa awtoridad ng Partido.

Samakatwid, ang babala ni Lenin ukol sa “panganib ng paksyunalismo mula sa punto de bista ng pagkakaisa ng Partido at ang pagkakamit ng kaisahan ng kapasyahan ng taliba ng proletaryado bilang pundamental na kundisyon para sa tagumpay ng diktadura ng proletaryado,” na nilaman sa ispesyal na resolusyon ng Ika-10 Kongreso ng ating Partido na “Hinggil sa Pagkakaisa ng Partido” [*On Party Unity*]⁴⁷.

Samakatwid, ang panawagan ni Lenin para sa “ganap na pagpawi sa lahat ng paksyunalismo” at ang “kagyat na paglusaw sa lahat ng grupo, nang walang pagtatangi, na nabuo sa batayan ng iba’t ibang plataporma,” sa parusang “walang kundisyon at kagyat na pagtitiwalag sa Partido.” (Tingnan ang resolusyong “Hinggil sa Pagkakaisa ng Partido” (*On Party Unity*).

6) *Lumalakas ang Partido sa pamamagitan ng pagpurga nito sa mga oportunistang elemento.* Ang pinagmumulan ng paksyunalismo sa Partido ay ang oportunistang mga elemento nito. Ang proletaryado ay hindi isang nakabukod na uri. Palagian itong nadaragdagan sa pagpasok ng mga magsasaka, petiburges at intelektwal na naging proletaryo sa pag-unlad ng kapitalismo. Kasabay nito, ang nakakataas na saray ng proletaryado, pangunahin ang mga lider ng unyon at kasapi ng parlamento na pinalalamon ng burgesya mula sa supertubo na piniga sa mga kolonya, ay dumaraan sa proseso ng pagkabulok. “Ang saray na ito ng manggagawang burgesipikado, o ang ‘aristokrasya sa paggawa’,” sabi ni Lenin, “na may pagkapilistino sa

kanilang moda ng pamumuhay, sa laki ng kanilang kinikita at sa kanilang kabuuang pananaw, ang prinsipal na suporta ng Ikalawang Internasyunal, at sa ating panahon, ang prinsipal na panlipunan (hindi militar) na suhay ng burgesya. Ito ay dahil sila ay tunay na mga ahente ng burgesya sa kilusan ng uring manggagawa, ang mga tinyente sa paggawa ng uring kapitalista, tunay na mga daluyan ng repormismo at sobinismo.” (Tingnan, Tomo XIX, p. 77.)⁽¹⁾

Sa iba’t ibang paraan, ang lahat ng grupong petiburges na ito ay pumapasok sa Partido at nagpapasok ng diwa ng pagdadalawang-isip at oportunismo, ng diwa ng demoralisasyon at kawalang katiyakan. Sila sa pangunahin ang bumubuo ng bukal ng paksyunalismo at disintegrasyon, bukal ng disorganisasyon at kaguluhan sa Partido mula sa loob.

Nangangahulugan ang pakikibaka sa imperyalismo nang may ganoong mga “alyado” sa iyong likuran ng paglalagay ng sarili sa pusisyon na maipit sa gitna ng dalawang pamumutok, mula sa harap at mula sa likod. Samakatwid, paunang rekisito sa matagumpay na pakikibaka laban sa imperyalismo ang malupit na pakikibaka laban sa ganoong mga elemento, ang pagpapataalik sa kanila mula sa Partido.

Ang teorya ng “paggapi” sa mga oportunistang elemento sa pamamagitan ng pakikibakang pang-ideolohiya sa loob ng Partido, ang teorya na “pangingibabaw” sa mga elementong ito sa loob ng iisang partido, ay isang bulok at mapanganib na teorya, na nagsasapanganib na ilugmok ang Partido sa paralisis at kronikong pagkakasakit, nagsasapanganib na maging biktima ng oportunismo ang Partido, nagsasapanganib na alisan ang proletaryado ng rebolusyonaryong partido, nagsasapanganib na pagkaitan ang proletaryado ng pangunahing sandata nito sa paglaban sa imperyalismo. Hindi sana nakasulong ang ating Partido, hindi sana nito naagaw ang kapangyarihan at naorganisa ang diktadura ng proletaryado, hindi sana ito nagtagumpay sa digmaang sibil, kung nakapanatili sa loob ng hanay nito ng mga tao na tulad nina Martov at Dan, Potresov at Axelrod. Nagtagumpay ang ating Partido sa pagkakamit ng panloob na pagkakaisa at walang kaparis na kaisahan ng hanay nito pangunahin dahil maagap nitong pinurga sa sarili ang oportunistang polusyon, dahil nagawa nitong alisin sa hanay nito ang mga Likidador at Menshevik. Umuunlad at lumalakas ang mga proletaryong partido sa pamamagitan ng pagpurga sa sarili ng mga oportunista at repormista, sosyal-imperyalista at sosyal-sobinista, sosyal-nasyunalista at sosyal-pasipista.

Lumalakas ang Partido sa pamamagitan ng pagpupurga sa sarili ng mga oportunistang elemento.

“Kung may mga repormista, mga Menshevik, sa ating hanay,” sabi ni Lenin, “imposible na maging matagumpay sa proletaryong rebolusyon, imposible na maipagtanggol ito. Malinaw iyon sa prinsipyo, at kapansin-pansin na pinatunayan sa karanasan kapwa ng Rusya at Hungary... Sa Rusya, maraming beses na lumitaw ang mahihirap na sitwasyon, nang tiyak sanang naibagsak ang rehimeng Sobyet kung nanatili sa ating Partido ang mga Menshevik, repormista at petiburges na demokrata... Sa Italy, gaya ng kinikilala sa pangkalahatan, kung saan napipinto na ang mga mapagpasyang labanan sa pagitan ng proletaryado at burgesya para sa pagsasakamay ng kapangyarihan ng estado. Sa ganoong sandali, hindi lamang absolutong kailangan na alisin sa Partido ang mga Menshevik, repormista, Turatista, kundi maaari pa ngang makabuti na alisin ang mahuhusay na Komunista na malamang na mag-urong-sulong, at nagpapakita ng tendensya na magdalawang-isip ukol sa ‘pakikipagkaisa’ sa mga repormista, at alisin sila sa lahat ng responsableng pusisyon... Sa bisperas ng rebolusyon, at sa sandaling isinusulong ang pinakamaigting na pakikibaka para sa tagumpay nito, ang pinakamumunting pag-uurong-sulong sa hanay ng Partido ay maaaring sumira sa lahat, bumigo sa rebolusyon, umagaw ng kapangyarihan sa kamay ng proletaryado; ito ay dahil hindi pa konsolidado ang kapangyarihang ito, at ang atake rito ay napakalakas pa. Ang pag-alis ng mga nag-uurong-sulong na mga lider sa sandaling iyon ay hindi nagpapahina kundi nagpapalakas sa Partido, sa kilusan ng uring manggagawa at sa rebolusyon.” (Tingnan, Tomo XXV, pp. 462, 463, 464.)⁽¹⁾

IX. ESTILO NG PAGGAWA

Hindi ko tinutukoy ang estilo ng pagsusulat. Ang nasa isip ko ay ang estilo ng paggawa, iyong partikular at kakaibang katangian sa praktika ng Leninismo na lumilikha ng ispesyal na tipo ng Leninistang manggagawa. Ang Leninismo ay paaralan ng teorya at praktika na nagsasanay sa ispesyal na tipo ng manggagawa ng Partido at estado, at lumilikha ng ispesyal na Leninistang estilo ng paggawa.

Anu-ano ang mapagkikilanlang katangian ng estilong ito? Anu-ano ang kaibhan nito? Mayroon itong dalawang partikular na katangian:

a) Rebolusyonyong hagod ng Ruso at

b) Pagkaepisyenteng Amerikano.

Ang estilo ng Leninismo ay binubuo ng pagkukumbina ng dalawang partikular na katangiang ito sa gawain sa Partido at estado.

Ang rebolusyonyong hagod ng Ruso ang panlaban sa inersya, **rutina**, konserbatismo, istagnasyong mental at malaaliping pagsunod sa makalumang mga tradisyon. Ang rebolusyonyong hagod ng Ruso ay pwersang nagbibigay-buhay at nagpapasigla sa isip, nagpapasulong sa mga bagay-bagay, bumabasag sa nakaraan at nagbubukas ng mga perspektiba. Kung wala ito, walang anumang progresong posible.

Pero ang rebolusyonyong hagod ng Ruso ay maaaring mabulok sa praktika tungo sa pagiging hungkag na “rebolusyonyong” Manilovismo kung hindi ito ikinukumbina sa pagkaepisyenteng Amerikano sa paggawa. Lubhang napakarami ng mga halimbawa ng ganitong pagkabulok. Sino ang hindi nakakaalam sa sakit ng pag-iimbento ng mga “rebolusyonyong” pakana at pagbabalangkas ng mga “rebolusyonyong” plano, na umuusbong mula sa paniniwala sa kapangyarihan ng mga dikreto para ayusin ang lahat at baguhin ang lahat? Inilarawan ni I. Ehrenburg, isang manunulat na Ruso, sa kanyang kwentong *The Percomman (Ang Perpektong Komunistang Tao [The Perfect Communist Man])*, ang tipo ng “Bolshevik” na mayroong sakit na ito, na nagtakda sa sarili ng tungkuling hanapin ang pormula para sa ideyal na perpektong tao at... “nalubog” sa “gawaing” ito. Napakalaki ng pagpapalabis sa katotohanan ng kwento, pero nagbibigay naman ito ng wastong paglalarawan sa sakit. Pero sa palagay ko, walang sinuman ang kumutya sa mga tinamaan ng sakit na ito nang kasing lupit at higit tulad ni Lenin. Tinatakan ni Lenin ang masamang paniniwalang ito sa pag-iimbento ng mga pakana at pag-lalabas ng mga dikreto bilang “Komunistang kahambugan”.

“Ang Komunistang kahambugan,” sabi ni Lenin, “ay nangangahulugan na ang isang tao, na kasapi ng Partido Komunista, at hindi pa napupurga rito, ay nagpapalagay na malulutas niya ang lahat ng problema sa pamamagitan ng paglalabas ng mga Komunistang dikreto.” Tomo XXVII, pp. 50-51.⁽¹⁾

Karaniwang itinatatapat ni Lenin ang walang laman na “rebolusyonyong” satsat sa karaniwang pang-araw-araw na trabaho, at sa gayo’y idiniriin na ang pag-iimbento ng “rebolusyonyong” pakana ay kasuklam-suklam sa diwa at letra ng tunay na Leninismo.

“Mas kaunting mayayabang na salita, mas maraming karaniwang pang-araw-araw na trabaho...” sabi ni Lenin.

“Mas kaunting pampulitikang pagpapasiklab at higit na pansin sa pinakasimple pero napakahalagang... mga datos ng komunistang konstruksyon...” (Tomo XXIV, pp. 343 and 335.)²⁴⁸

Ang pagkaepisyenteng Amerikano, sa kabilang banda, ay panlaban sa “rebolusyonyong” Manilovismo at mapantasyang pag-iimbento ng plano. Ang pagkaepisyenteng Amerikano ay iyong di magagaping pwersa na walang itinuturing ni kinikilalang hadlang; na sa pamamagitan ng pagpupunyaging propesyunal ay naghahawi sa lahat ng hadlang; na nagpapatuloy hanggang matapos ang isang tungkulin sa sandaling masimulan na ito, kahit pa ito’y menor na tungkulin, at kung wala nito’y hindi mahihinagap ang seryosong konstruktibong gawain.

Pero ang pagkaepisyenteng Amerikano ay maaaring mabulok tungo sa pagiging makitid at di prinsipyadong praktikalismo kung hindi ito ikinukumbina sa rebolusyonaryong hagod ng Ruso. Sino ang hindi nakarinig sa sakit na iyon ng makitid na empirisismo at di prinsipyadong praktikalismo na di miminsan ay naging sanhi ng pagkabulok ng ilang “Bolshevik” at talikuran ang adhikain ng rebolusyon? Makatatagpo tayo ng repleksyon ng kakaibang sakit na ito sa kwento ni B. Pilnyak, na pinamagatang *Ang Tigang na Taon [The Barren Year]*, na naglalarawan ng mga tipo ng “Bolshevik” na Ruso na matatag ang kapasyahan at may praktikal na determinasyon na “nagtatrabaho” nang “napakasigla,” pero nang walang malayong tanaw, nang hindi alam “kung ano ang nangyayari”, at kung gayo’y nalilihis sa landas ng rebolusyonaryong gawain. Walang pumuna sa sakit na ito ng praktikalismo nang sintalas ni Lenin. Tinatakan niya ito bilang “makitid-ang-isip na empirisismo” at “walang-utak na praktikalismo.” Karaniwan niya itong itinatatapat sa napakahalagang rebolusyonaryong gawain at sa pangangailangan na magkaroon ng rebolusyonaryong perspektiba sa lahat ng ating pang-araw-araw na aktibidad, at sa gayo’y idiniriin na ang di prinsipyadong praktikalismong ito ay kasing kasuklam-suklam sa tunay na Leninismo tulad ng pag-iimbento ng “rebolusyonaryong” plano.

Ang kumbinasyon ng rebolusyonaryong hagod ng Ruso at pagkaepisyenteng Amerikano ang esensya ng Leninismo sa gawain ng Partido at estado.

Ang kumbinasyon lamang na ito ang lumilikha ng pulidong tipo ng Leninistang manggagawa, ng estilo ng Leninismo sa paggawa.

¹ Ang mga lektura ni J. V. Stalin, “Ang mga Pundasyon ng Leninismo”, ay inilathala sa *Pravda* noong Abril at Mayo, 1924. Noong Mayo 1924, lumabas ang pampleto ni Stalin *Hinggil kay Lenin at Leninismo*, na naglalaman ng kanyang mga alaala hinggil kay Lenin at ang mga lekturang “Ang mga Pundasyon ng Leninismo.” Kabilang ang mga lekturang ito sa lahat ng edisyon ng kanyang aklat na *Mga Usapin ng Leninismo*.

² Mapagkaibigang ugnayan ng Britain at France, na kalauna’y sinaniban ng Rusya kaya nakilala bilang *Triple Entente* noong panahon ng Unang Digmaang Pandaigdig.

³ Karl Marx at Frederick Engels, *Manipesto ng Partido Komunista*, Foreign Languages Press, Peking 1973, p. 76.

⁴ Pilistinismo: kawalan ng kultura.

⁵ Ang *Augean Stable* [Kwadra ni Augeas] ay isang alamat na Griyego na naglalaman ng 3,000 baka at naiwang di nalilinis sa loob ng 30 taon hanggang sa linisin ito ni Hercules, bilang isa sa 12 gawain niya, sa loob ng isang araw sa pagpapaagos ng ilog dito; kasing kahulugan ng napakarumi – Nagsalin.

⁶ Tinutukoy rito ang pahayag ni Marx sa kanyang liham kay Engels noong Abril 16, 1856. (Tingnan, Marx at Engels, *Piling mga Akda*, Foreign Languages Publishing House, Moscow, 1951, Tomo II, p. 412.)

⁷ Tinutukoy rito ang artikulo ni Engels na *Pagkilos ng mga Bakuninista [The Bakuninists at Work]*. (Tingnan, Marx and Engels, *Tinipong mga Akda*, edisyong German, Dietz Verlag, Berlin, 1962, Tomo 18, pp. 476-93.)

⁸ Lenin, “*Kaliwang-Panig*” na *Komunismo, Sakit ng Kamusmusan [“Left-Wing” Communism, an Infantile Disorder]*, FLP, Peking, 1970, p. 7.

⁹ Tingnan, Lenin, *Ano nga ba ang "Mga Kaibigan ng Mamamayan" at Paano Nila Nilalabanan ang mga Sosyal-Demokrata* [What the "Friends of the People" Are and How They Fight the Social-Democrats], FLPH, Moscow, 1950, pp. 251-52.

¹⁰ *Ang Kongreso sa Basle ng Ikalawang Internasyunal* ay idinaos noong Nobyembre 24-25, 1912. Idinaos ito kaugnay ng Digmang Balkan at napipintong banta ng digmaang pandaigdig. Isang usapin lamang ang tinalakay: ang pandaigdigang kalagayan at sama-samang aksyon laban sa digmaan. Nagpatibay ang kongreso ng manipesto na nananawagan sa mga manggagawa na gamitin ang organisasyon at lakas ng proletaryado para magsulong ng isang rebolusyonaryong pakikibaka laban sa panganib ng digmaan, at magdeklara ng "digma laban sa digma".

¹¹ Tingnan, Marx, "Pahabol na Salita sa Ikalawang Edisyong German" [Afterword to the Second German Edition], *Capital*, FLPH, Moscow, 1954, Tomo I, p. 20.

* Sa akin ang *italics* – J. St.

¹² *Ano ang Nararapat Gawin? [What Is To Be Done?]* Taglagas ng 1901 – Pebrero 1902.

¹³ Engels, *Si Ludwig Feuerbach at ang Wakas ng Klasikal na Pilosopiyang German* [Ludwig Feuerbach and the End of Classical German Philosophy]. (Marx and Engels, *Piling mga Akda*, FLPH, Moscow, 1951, Tomo II, p. 338.)

¹⁴ Marx, *Mga Tesis hinggil kay Feuerbach* [Theses on Feuerbach]. (Marx and Engels, *Piling mga Akda*, FLPH, Moscow, 1951, Tomo II, p. 367.)

¹⁵ Tingnan, Lenin, *Imperyalismo, ang Pinakamataas na Yugto ng Kapitalismo* [Imperialism, the Highest Stage of Capitalism], FLP, Peking, 1973.

* Akin ang *italics* – J. St.

¹⁶ "Paunang Salita sa *Imperyalismo, ang Pinakamataas na Yugto ng Kapitalismo*" [Preface to *Imperialism, the Highest Stage of Capitalism*], Abril 1917.

¹⁷ *Mas Mahusay na Mas Kaunti, Pero Mas Mahusay* [Better Fewer, But Better], Marso 1923.

¹⁸ *Ikatlong Kongreso ng R.S.D.L.P* [The Third Congress of the R.S.D.L.P.], Abril 25 – Mayo 10, 1905. "13. Ulat hinggil sa Usapin ng Paglahok ng mga Sosyal-Demokrata sa Probisyunal na Rebolusyonaryong Gubyerno." [13. Report on the Question of the Participation of the Social-Democrats in a Provisional Revolutionary Government].

¹⁹ Tinutukoy ni Stalin ang mga isinulat ni Lenin noong 1905, ibig sabihin, *Ang Sosyal-Demokrasya at ang Probisyunal na Rebolusyonaryong Gubyerno* [Social Democracy and the Provisional Revolutionary Government], kung saan siya kumuha ng sipi; *Ang Rebolusyonaryong Demokratikong Diktadura ng Proletaryado at Uring Magsasaka* [The Revolutionary Democratic Dictatorship of the Proletariat and the Peasantry]; at *Hinggil sa Probisyunal na Rebolusyonaryong Gubyerno* [On the Provisional Revolutionary Government]. (Lenin, *Mga Akda*, Ikaapat na edisyong Ruso, Tomo 8, pp. 247-63, 264-74 at 427-47.)

* Akin ang *italics* – J. St.

²⁰ *Dalawang Linya ng Rebolusyon* [Two Lines of the Revolution].

²¹ Marx and Engels, "Talumpati ng Komite Sentral sa Ligang Komunista" [Address of the Central Committee to the Communist League], *Piling mga Akda*, FLPH, Moscow, 1951, Tomo I, p. 102.

²² *Ibid.*

* Akin ang *italics* – J. St.

²³ *Ang Proletaryong Rebolusyon at ang Taksil na si Kautsky [The Proletarian Revolution and the Renegade Kautsky]*, Oktubre – Nobyembre 1918.

²⁴ *Ibid.*

²⁵ “*Kaliwang-Panig*” na Komunismo, Sakit ng Kamusmusan [*“Left-Wing” Communism, an Infantile Disorder*]. Abril-Mayo 1920.

²⁶ *Ang Proletaryong Rebolusyon at ang Taksil na si Kautsky [The Proletarian Revolution and the Renegade Kautsky]*.

²⁷ “*Kaliwang-Panig*” na Komunismo, Sakit ng Kamusmusan [*“Left-Wing” Communism, an Infantile Disorder*].

²⁸ *Mga Paghubunyang hinggil sa Paglilitis sa mga Komunista sa Cologne [Revelations About the Cologne Communist Trial]*. Oktubre-Disyembre 1852.

²⁹ “*Kaliwang-Panig*” na Komunismo, Sakit ng Kamusmusan [*“Left-Wing” Communism, an infantile Disorder*].

³⁰ Isang kasabihang Ruso mula sa Digmaang Ruso-Turko ng 1877-78. Mayroong matitinding labanan sa Pasong Shipka, pero iniulat ng tsaristang punong himpilan na: “Tahimik ang lahat sa Pasong Shipka.” (p. 43)

* Akin ang *italics* – J. St.

³¹ *Estado at Rebolusyon [The State and Revolution]*. Agosto-Setyembre 1917.

³² Marx and Engels, “Paunang Salita sa Edisyong German ng 1872” [Preface to the German Edition of 1872], *Manipesto ng Partido Komunista [Manifesto of the Communist Party]*, FLP, Peking, 1973, p. 2; *Piling mga Akda*, FLPH, Moscow, 1951, Tomo II, p. 420.

³³ *Ibid.*

³⁴ *Ang Proletaryong Rebolusyon at ang Taksil na si Kautsky [The Proletarian Revolution and the Renegade Kautsky]*.

* Sa akin ang lahat ng *italics* – J. St.

³⁵ *Unang Kongreso ng Comintern [First Congress of Comintern]*, Marso 2-3, 1919 “2. Mga Tesis at ulat hinggil sa Demokrasyang Burges at Diktadura ng Proletaryado” [2. Theses and report on Bourgeois Democracy and the Dictatorship of the Proletariat.]

³⁶ *Ibid.*

* Akin ang *italics* – J. St.

³⁷ *Mga Tesis hinggil sa Asembleyang para Balangkasin ang Konstitusyon [Theses on the Constituent Assembly]*, Disyembre 1917.

³⁸ Kadet: mga *Constitutional Democrat*, na pinalayawang Kadet, ay mga myembro ng liberal burges na partido na itinatag noong 1905 at kumakatawan sa edukado at may propyedad na mga uri. Nakipagkompromiso at nakipagtulungan ito sa tsaristang gubyerno matapos ang unang rebolusyon.

³⁹ Tingnan, Engels, *Ang Usaping Magsasaka sa France at Germany [The Peasant Question in France and Germany]*. (Marx at Engels, *Piling mga Akda*, FLPH, Moscow, 1951, Tomo II, p. 382.) (p. 63)

⁴⁰ *Ibid.*, pp. 394-95. (p. 63)

⁴¹ Latifundia: malalawak na lupaing gumagamit ng primitibo agrikultura at paggawa at kadalasa'y nasa katayuan ng parsyal na pang-aalipin.

⁴² *Selskosoyuz* – ang Unyon ng mga Kooperatiba sa Nayon sa Buong Rusya – na umiral mula Agosto 1921 hanggang Hunyo 1929.

⁴³ Flax: isang tipo ng halaman na pinagkukunan ng langis mula sa binhi at himaymay mula sa tangkay na ginagawang tela.

[1] *Hinggil sa Kooperasyon [On Cooperation]*. Enero 1923.

[1] *Pagbubuod ng Talakayan hinggil sa Pagpapasya-sa-Sarili [The Discussion on Self-Determination Summed Up]*. Hulyo 1916.

[1] *Ibid.*

[1] *Kritikal na mga Pangungusap hinggil sa Usaping Pambansa [Critical Remarks on the National Question]*. Oktubre-Disyembre 1913.

(1) “Pagbubuod sa Talakayan hinggil sa Pagpapasya-sa-Sarili” [The Discussion on Self-Determination Summed Up].

(1) *Dalawang Taktika ng Sosyal-Demokrasya sa Demokratikong Rebolusyon [Two Tactics of Social-Democracy in the Democratic Revolution]*, Hunyo-Hulyo 1905.

(1) *Payo ng Isang Nagmamasid [Advice of an Onlooker]*, Oktubre 1917.

(1) “Kaliwang-Panig” na Komunismo, Sakit ng Kamusmusan [“Left-Wing” Communism, an Infantile Disorder].

(1) *Ibid.*

(2) *Hinggil sa Kasaysayan ng Usapin ng Sawimpalad na Kapayapaan [On the History of the Question of the Unfortunate Peace]*, Pebrero 1918.

(3) *Bagong Kapanahunan at Lumang mga Kamalian sa Bagong Anyo [New Times and Old Mistakes in a New Guise]*, Agosto 1921.

⁴⁴ Si Wolfgang Kapp (1868-1922) ang pasimuno ng kontra-rebolusyonaryong kudeta ng 1920 sa Germany, na tinawag na “Kapp *putsch*”. Naging pinuno siya ng isang bagong di nagtagal na gubyrerno na ibinagsak ng pangkalahatang welga ng mga manggagawang German.

(1) “Kaliwang-Panig” na Komunismo, Sakit ng Kamusmusan [“Left-Wing” Communism, an Infantile Disorder].

(1) *Ang Kahalagahan ng Ginto Ngayon at Matapos ang Ganap na Tagumpay ng Sosyalismo [The Importance of Gold Now and After the Complete Victory of Socialism]*, Nobyembre 1921.

(1) “Kaliwang-Panig” na Komunismo, Sakit ng Kamusmusan [“Left-Wing” Communism, an Infantile Disorder].

⁴⁵ Tingnan, Lenin, *Ang Kahalagahan ng Ginto Ngayon at Matapos ang Ganap na Tagumpay ng Sosyalismo [The Importance of Gold Now and After the Complete Victory of Socialism]*, Piling mga Akda, FLPH, Moscow, 1952, Tomo II, Bahagi 2, pp. 603-11.

(1) *Ang Kahalagahan ng Ginto Ngayon at Matapos ang Ganap na Tagumpay ng Sosyalismo [The Importance of Gold Now and After the Complete Victory of Socialism]*.

⁴⁶ *Manilovismo* – palalong pagkakampante, walang-saysay na pangangarap nang gising; mula sa may-ari ng lupa na si Manilov, isang tauhan sa akdang *Mga Patay na Kaluluwa [Dead Souls]* ni Gogol.

(1) *Isang Hakbang Pasulong, Dalawang Hakbang Paurong [One Step Forward, Two Steps Back]*, Pebrero – Mayo 1904.

(1) *Ibid.*

(2) *Ibid.*

(*) Ang “pangkat” na tinutukoy rito ay sina Axelrod, Martov, Potresov, atbp., na ayaw magpailalim sa mga desisyon ng Ikalawang Kongreso at nagparatang kay Lenin na isang “burukrata”. – *J. St.*

(1) “*Kaliwang-Panig*” na Komunismo, Sakit ng Kamusmusan [“*Left-Wing*” *Communism, an Infantile Disorder.*]

(1) *Ibid.*

(1) *Ibid.*

(1) “Mga Kondisyon sa Pagpasok sa Komunistang Internasyunal” [The Terms of Admission into the Communist International], Hulyo, 1920.

(2) “*Kaliwang-Panig*” na Komunismo, Sakit ng Kamusmusan [“*Left-Wing*” *Communism, an Infantile Disorder.*]

⁴⁷ Ang resolusyong “Hinggil sa Pagkakaisa ng Partido” [On Party Unity] ay isinulat ni Lenin at pinagtibay ng Ika-10 Kongreso R.C.P. (B.), Marso 8-16, 1921. (Lenin, *Piling mga Akda*, FLPH, Moscow, 1952, Tomo II, Bahagi 2, pp. 497-501, at sa *Mga Resolusyon at Pasya ng mga Kongreso, Kumperensya at Plenum ng Komite Sentral ng C.P.S.U. (B.) [Resolutions and Decisions of C.P.S.U. (B.) Congresses, Conferences and Central Committee Plenums]*, Russian, 1941, Bahagi 1, pp. 364-66.)

(1) “Paunang Salita sa mga Edisyong French at German ng *Imperyalismo, ang Pinakamataas na Yugto ng Kapitalismo*” [Preface to the French and German Editions of *Imperialism, the Highest Stage of Capitalism*], Hulyo, 1920.

(1) “Hinggil sa Tunggalian sa Loob ng Sosyalistang Partido ng Italy” [On the Struggle Within the Italian Socialist Party], Nobyembre 1920.

(1) “Ang Bagong Patakaran sa Ekonomya at ang mga Tungkulin ng mga Kagawaran sa Edukasyong Pampolitika” [The New Economic Policy and the Tasks of the Political Education Departments,] Oktubre 1921.

⁴⁸ *Isang Napakagandang Simula [A Great Beginning]*, Hunyo 1919.